

ARALIN 1. Mga Simbolo sa Mapa

Takdang Panahon: 1-3 araw

I. Layunin:

1. Naiisa-isa ang mga simbolo na ginagamit sa mapa.
2. Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo na ginagamit sa mapa sa tulong ng mga panuntunan.
3. Nasasabi ang kahalagahan ng bawat simbolo na ginagamit sa mapa.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Simbolo sa Mapa



Kagamitan: mapa ng sariling lalawigan, papel, bond paper, yarn, paste o glue, manila paper, panulat

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 1.1
K to 12 - **AP3LAR-Ia-1**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpalaro ng “scavenger’s hunt” gamit ang isang simpleng mapa. Sa larong ito, maghanda ng 4-5 simplemeng mapa ng silid aralan kagaya ng nasa ibaba. Maglagay ng mga kendi sa iba’t ibang sulok ng silid at markahan ito sa mga mapang ginawa. Iba-ibahin ang mga marka sa mga mapa sa bawat pangkat upang hindi magkagulo ang klase. Siguraduhin pareho ang bilang ng marka sa bawat mapa. Ang pangkat na may pinakamaraming kending nakuha ang siyang panalo.



2. Itanong:

- Paano ninyo natagpuan ang mga kendi?
- Ano ang tiningnan ninyo sa papel na binigay ko sa inyo?
- Paano ito nakatulong sa paghahanap ninyo ng kendi?
- Anong mga bagay ang inyong tinandaan?

- Ano ang tawag dito? (Palitawin ang sagot na **MAPA**)
 - Ano-ano ang makikita sa mapa? (Palitawin ang sagot na **Mga SIMBOLO**)
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga bata.
 4. Iugnay ang mga ito sa aralin.

B. Paglinang:


1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. _____.
2. Magdaos ng "brainstorming" kaugnay ng tanong. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral.
3. Ipabasa ang **Tuklasin Mo** LM p. _____. Talakayin ang mga halimbawang sagot sa bahaging ito.



- kapatagan



- talampas



- katubigan

4. Bigyang-diin ang sagot ng mga bata na angkop sa aralin.
 - Ano ang mapa?
 - Sino-sino ang kadalasang gumagamit ng mapa?
 - Bakit gumagamit ng mga simbolo sa mapa?
 - Paano nakatutulong ang mga simbolo sa pagbabasa ng mapa?
 - Ano ang maaaring mangyari kung walang mga simbolo sa isang mapa?
 - Bilang isang mag-aaral, paano makatutulong sa iyo ang kaalaman sa pagbabasa ng mapa?
 - Paano mo kaya magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng kahulugan ng mga simbolo sa mapa?
5. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain.
6. Ipakita ang mapa ng sariling lalawigan. Ipasubok sa mga mag-aaral ang pagtukoy sa ilang simbolo na kanilang makikita sa mapa ng kanilang lalawigan.
7. Ipagawa ang sumusunod:

Gawain A: Ano ang Kahulugan

- Bumuo ng limang pangkat.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng **Gawain A** LM p. ____.
- Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa ng maayos ang gawain.
- Pasagutan ang tanong 1-3 pagkatapos ng gawain.
- Ipaulat sa mga bata ang kanilang *output*.

Gawain B: Pagbasa ng Mapa

- Gamitin ang kaparehang pangkat sa naunang gawain.
- Magpagawa ng mapa ng sariling lalawigan at ipamahagi ang kopya nito sa bawat pangkat,
- Gawin ang Gawain B LM p. ____ kasama ang mga mag-aaral. Talakayin ang gawain sa pamamagitan ng pagpapakita ng halimbawa,
- Ipaliwanag na sasagutan ang Gawain B gamit ang mapa ng sariling lalawigan. Sabihin sa bawat pangkat kung saan nila ipapaskil ang kanilang *output* pagkatapos ng Gawain.
- Ipapaskil ang mga *output* ng bawat pangkat sa nakalaang lugar.
- Magsagawa ng Gallery Walk kung saan ang bawat pangkat ay maglilibot at titingin sa mga *output* ng ibang pangkat. Magsusulat din sila ng kanilang mga puna sa ibaba ng manila paper kung kinakailangan.
- Tanungin ang mga bata:
 - Ilang anyong lupa mayroon ang sariling lalawigan? Ano-ano ang mga ito?
 - Ilang anyong tubig ang nasa lalawigan? Mga istruktura?
 - Ano ang naitulong ng mga simbolo sa paghahanap ng isang lugar?
 - Paano nakatulong ang kaalaman sa kahulugan ng mga simbolo sa paghahanap ng mga lugar?

Gawain C: Paggawa ng Mapa

- Gamitin ang kaparehong pangkat sa mga naunang gawain.
- Ipaliwanag ang pamamaraan ng Gawain C.
- Ipahanda ang mga kagamitan.
- Paalalahanan ang mga mag-aaral sa pagiging maayos at malinis sa paggawa ng kanilang produkto.
- Ipagawa ang Gawain C.
- Ipadikit sa pisara ang mga natapos na *output* ng mga pangkat.

8. Bigyang diin ang kaisipan sa Tandaan Mo sa LM pahina ____.

IV. **Pagtataya:**
Pasagutan ang **Natutuhan Ko.**

V. **Takdang Gawain:**
Pagdalain ang mga bata ng kompass at mapa na nagpapakita ng mga pangunahin at pangalawang direksiyon. Gagamitin ito sa susunod na aralin.

Culminating Activity :

Pangkatina ang mga bata sa tatlo. Ipagawa ang sumusunod.

Gamit ang paper mache, bumuo ng mga simbolong ginagamit sa mapa para sa anyong tubig at anyong lupa. Isulat sa tapat ng dibuho kung anong simbolo ito.

Pangkat 1 – Mga anyong lupa

Pangkat 2 – Mga anyong tubig

Pangkat 3 – Mga Istruktura

Idisplay sa isang sulok ng silid-aralan ang mga ginawa. Hikayatin ang mga bata na magsagawa ng gallery walk.

April 10, 2014

TITLE Module

[Green box placeholder]

Nilalaman:

Ang yunit na ito ay binubuo ng dalawang modyul:

Modyul 1: Ano ang Komunidad?

Aralin 1.1: Ano Ang Komunidad

Aralin 1.2: Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad

Aralin 1.3: Larawan ng Aking Komunidad

Aralin 1.4: Komunidad Ko, Mahal Ko!

Modyul 2: Iba-ibang Larawan ng Komunidad

Aralin 2.1: Komunidad Ko, Kilala Ko

Aralin 2.2: Mga Sagisag at Simbolosa-Aking Komunidad

Aralin 2.3: Komunidad Ko, Ilalarawan Ko

Ang mga araling ito ay naglalayong maipaunawa sa mga batang Pilipino ang kahulugan ng komunidad, mga bumubuo nito, at mga batayang impormasyon tungkol dito.

Higit na makikilala at mauunawaan ng mga bata ang mga impormasyon tungkol sa kanilang kinabibilangang komunidad. Mababatid ang pinagmulan ng sariling komunidad, ang kapaligiran at katangiang pisikal nito gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng mapanuri at malikhaing pag-iisip. Apatnapung (40) araw ang mungkahing takdang panahon ng pag-aaral sa yunit na ito.

Modyul 1

[White box placeholder]

[Green box placeholder]

Formatted: Left, Space After: 0 pt, Line spacing: single

Formatted: Font: (Default) Century Gothic, 12 pt

Formatted: Line spacing: single

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Line spacing: single

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Indent: Left: 0", Line spacing: single

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Line spacing: single

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Left, Line spacing: single

Formatted: Left, Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Left, Indent: Left: 0", Line spacing: single

Formatted: Left, Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Indent: Left: 0", Line spacing: single

Formatted: Font: Century Gothic

Formatted: Line spacing: single

Formatted: Left, Line spacing: single

Formatted: Line spacing: single

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng komunidad, bumubuo sa komunidad at mga batayang impormasyon nito.

Ito ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 1.1: Ano Ang Komunidad?

Aralin 1.2: Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad

Aralin 1.3: Larawan ng Aking Komunidad

Aralin 1.4: Komunidad Ko, Mahal Ko

Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang sumusunod:

1. pag-unawa sa kahulugan ng komunidad;
2. pagtukoy sa bumubuo ng komunidad at ang papel at tungkulin ng bawat isa;
3. paglalarawan sa kinabibilangang komunidad ayon sa mga batayang impormasyon at kinalalagyan;
4. Pagpapahalaga sa kinabibilangang komunidad.

ARALIN 1.1.1 Pagbuo ng Lalawigan Ayon sa Batas

Takdang Panahon: 2-3 na araw

I. Layunin:

5-1. Natutukoy ang mga batas na nagbigay bisa sa pagbuo ng lalawigan sa rehiyon

6-2. Naisasalaysay ang pagbuo ng sariling lalawigan at karatig nito sa bisa ng batas.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagbuo ng Lalawigan Ayon sa Batas

Kagamitan: Fact Sheets

Formatted: Indent: First line: 0", Space After: 0 pt, Line spacing: single

Formatted: Left, Indent: First line: 0", Space After: 0 pt, Line spacing: single

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Indent: Left: 0", First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Line spacing: single

Formatted: Font: Century Gothic

Formatted: Space After: 0 pt, Line spacing: single

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Indent: First line: 0", Line spacing: single

Formatted: Add space between paragraphs of the same style, Line spacing: single, No bullets or numbering

Formatted: Font: (Default) Century Gothic, 12 pt

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Font: 12 pt

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Not Bold

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Not Bold

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Font color: Auto, Italian (Italy)

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Font color: Auto

Formatted: Font: Century Gothic, 11 pt, Font color: Auto

Formatted: Normal, Indent: Left: 0", First line: 0.5", Don't adjust space between Latin and Asian text, Don't adjust space between Asian text and numbers

Saggunian: K to 12, AP3KLR-Ila-1.1.1

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Ituro ang awit sa baba:

SA BISA NG BATAS
(Tono: I've Got Spirit in my Head that is Keeping me Alive)

Sa bisa ng batas
Dito sa Pilipinas
Ang lalawigan ko
Legal na nabuo

Pinasa sa Kongreso
Nilagdaan ng Pangulo
Lalawigan ay nabuo.

2. Itanong sa mga bata ang sumusunod:
Talakayin ang mensahe ng awit: Itanong ang sumusunod:
 - a. Paano nabubuo ang isang lalawigan?
 - b. Ano-ano ang mga proseso sa papasa ng batas?
3. Iugnay ang konseptong ito sa magiging aralin. Maaari mong itanong, "Sa anong bisa ng batas nabuo ang lalawigan mo?"

A-B. Paglinang

1. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang nalalaman nilang sagot sa tanong na nakasulat sa Alamin Mo LM p. ____.
2. Ipabasa ang Alamin Mo LM p. _____. Talakayin ang mga hakbang sa pagkakaroon ng bagong lalawigan o lungsod ayon sa batas.
Inaasahan na ang guro ang magsaliksik tungkol sa pagbuo ng sariling lalawigan ayon sa batas. Ipaliwanag na ang babasahing talata ay isang halimbawa ng proseso ng pagkakaroon ng bagong lalawigan ayon sa batas.
3. Ipabasa ang Tuklasin Mo sa LM p. _____. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mgasumusunod na tanong.
 - Base sa inyong nabasa at natalakay, anong batas ang nagbuo sa lalawigan?
 - Sino ang may-akda ng batas na iyon?
Ipabasa ang nakalap ng sanaysay tungkol sa pagbuo ng sariling lalawigan ayon sa batas.
 - Kailan naisasabatas ang inyong lalawigan?
 - Sa kabuuan, paano nabubuo ang lalawigan batay sa batas?

Formatted: Font: (Default) Century Gothic, 11 pt, Font color: Auto

Formatted: Font: Century Gothic, 11 pt

Formatted: Indent: Left: 0"

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Not Bold

Formatted: List Paragraph, Indent: Left: 0", Hanging: 0.25", Numbered + Level: 1 + Numbering Style: I, II, III, ... + Start at: 1 + Alignment: Left + Aligned at: 0.25" + Indent at: 0.75", Tab stops: -0.19", Left + Not at 0.39"

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Not Bold

Formatted: List Paragraph, Numbered + Level: 1 + Numbering Style: A, B, C, ... + Start at: 1 + Alignment: Left + Aligned at: 0.25" + Indent at: 0.5", Tab stops: Not at 0.39"

Formatted: Font: Century Gothic, 12 pt, Italian (Italy)

- Pareho ba ang pagsasabatas ng nabasang sanaysay at ang nangyari sa sariling lalawigan?
4. **Pangkatin ang klase at ipagawa ang Gawain A LM p. ____.**
Ipaliwanag na ang sanaysay ay halimbawa lamang ng proseso ng pagbuo ng lalwigan ayon sa batas. Pagkatapos talakayin, bigyan ng Fact Sheet tungkol sa pagsasabatas ng sariling lalawigan at nang karatig na lalawigan sa rehiyon. Ipagawa muli ang ang Gawain A gamit ang impormasyon ng sariling lalawigan.
Ipaulat ang gawa ng bawat pangkat.
 5. Ipagawa ang Gawain B LM p. ____ sa parehong pangkat.
Ipaulat ang nagawa at sagot ng mga mag-aaral pagkatapos ng kanilang gawain.
 6. Isagawa ang talakayan tungkol sa mabuting idudulot ng pagkakaroon ng mga bagong lalawigan. Ipasagot ang Gawain C LM p. ____ Sumangguni sa kalakip na mga Batas Pambansa (Republic Acts) na bumuo sa sariling lalawigan at karating lalawigan ng rehiyon. Inaasahan na ang guro ang kakalap ng mga impormasyon.
 7. Isagawa ang paglalahat. Ipabuo ang talata sa baba:

Ang rehiyon ay binubuo ng apat na lalawigan na binuo sa pamamagitan ng isang _____.

Ang mga lalawigan ay nabuo sa bisa ng _____ na nilagdaan ng Pangulo ng bansa.

Ipabasa ang Tandaan Mo sa LM p. ____

IV. Pagtataya

Ipagawa ang nasa Natutuhan Ko sa LM p. ____.

V. Takdang Gawain

Magsaliksik tungkol sa mga pagbabago ng iyong lalawigan tulad ng: Laki, Pangalan, Populasyon, Istruktura,

REPUBLIC ACT NO. 4867
AN ACT CREATING THE PROVINCES OF DAVAO DEL NORTE, DAVAO DEL SUR AND DAVAO ORIENTAL

Section 1. The Province of Davao is hereby divided into three provinces to be known as Davao del Norte, Davao del Sur, and Davao Oriental, in the following manner; The Province of Davao del Norte shall consist of that portion of the present Province of Davao which

comprises the Municipalities of Babak, Samal, Tagum, Sto. Tomas, Asuncion, Kapalong, Panabo, Nabunturan, Monkayo, Mawab, Mabini, Compostela, and Pantukan; the Province of Davao del Sur, shall consist of that portion of the present Province of Davao, which comprises the Municipalities of Sta. Cruz, Digos, Matanao, Bansalan, Hagonoy, Padada, Sulop, Malalag, Malita, and Jose Abad Santos; the Province of Davao Oriental shall consist of that remaining portion of the present Province of Davao which comprises the Municipalities of Lupon, Governor Generoso, Mati, Manay, Caraga, Banganga and Cateel.

Sec. 2. The capital of Davao del Norte shall be the Municipality of Tagum, that of Davao del Sur shall be the Municipality of Digos, and that of Davao Oriental shall be the municipality of Mati.

Sec. 3. Except as hereinafter provided, all provisions of law now or hereafter applicable to regular provinces shall be applicable to the Provinces of Davao del Norte, Davao del Sur and Davao Oriental.

Sec. 4. The incumbent elective provincial officials of the present Province of Davao shall choose the province wherein they want to serve their unexpired terms in office: provided, that the new elective provincial positions not filled by the incumbent elective provincial officials of the present Province of Davao shall be filled by appointment by the President of the Philippines with the consent of the Commission on Appointments and shall hold office until their successors shall have been elected and shall have qualified in the elections of nineteen hundred and sixty-seven; provided, further, that residents of Davao City are hereafter disqualified to vote for candidates for provincial elective position: provided, furthermore, that three months before the elections of November, nineteen hundred and sixty-seven, the incumbent congressman of the present province of Davao shall choose and indicate in writing filed with the Secretary of the House of Representatives the province he shall represent: provided, finally, that a special election will be held in the elections of nineteen hundred and sixty seven for the representatives in each of the two new provinces which shall not be represented.

Sec. 5. The provinces of Davao del Norte, Davao del Sur and Davao Oriental shall each have one representative: provided, that for the purposes of congressional representation, in the city of Davao shall be included in the Province of Davao del Sur.

Sec. 6. The funds, obligations and the assets of all kinds of the present Province of Davao subsisting at the time of the effectivity of the creation of the three provinces herein created shall be distributed among the three provinces proportionately with the income of the municipalities comprising the same: provided, however, that if the obligation had been contracted to finance a project belonging to any one of the three provinces, the said province shall be responsible exclusively for such obligation.

Sec. 7. The incumbent provincial appointed officials and employees in the Province of Davao shall likewise perform their respective duties as such in any of the three provinces therein created which they shall individually choose within thirty days from the date of approval hereof: provided, that they shall continue to receive the salaries they are receiving at the time of the approval of this Act until the new readjustment of salaries in accordance with existing laws. Such incumbent officers and employees as may be necessary to organize, or to complete, the government personnel of any of the three provinces shall be appointed according to law.

Sec. 8. This Act shall take effect upon its approval.

Approved: May 8, 1967

Signed:

FERDINAND E. MARCOS
President

REPUBLIC ACT NO. 8470
AN ACT CREATING THE PROVINCE OF COMPOSTELA VALLEY FROM THE PROVINCE OF DAVAO DEL NORTE, AND FOR OTHER PURPOSES

Section 1. There is hereby created a new province from the present Province of Davao del Norte, to be known as the Province of Compostela Valley. The Province of Compostela Valley shall comprise the municipalities of Monkayo, Montevista, Laak, New Bataan, Compostela, Maragusan, Nabunturan, Mawab, Maco, Mabini, and Pantukan. The remaining municipalities of Tagum, Asuncion, Kapalong, New Corella, Talaingod, Sto. Tomas, Panabo, Carmen, Babak, Samal and Kaputian shall comprise the Province of Davao del Norte.

Sec. 2. The seat of government of the Province of Davao del Norte shall be the Municipality of Tagum, and that of the Province of Compostela Valley shall be the Municipality of Nabunturan.

Sec. 3. The Province of Davao del Norte shall be divided into two (2) legislative districts as follows:

District I – Tagum, Asuncion, Kapalong, Talaingod and New Corella; and
District II – Panabo, Carmen, Babak, Samal, Kaputian and Sto. Tomas.

Sec. 4. The Province of Compostela Valley shall be divided into two (2) legislative districts as follows:

District I – Monkayo, Montevista, Maragusan, New Bataan and Compostela; and
District II – Laak, Mawab, Nabunturan, Maco, Mabini and Pantukan.

Sec. 5. The creation of the Province of Compostela Valley, as provided in this Act, shall become effective upon approval of the majority of the votes cast in a plebiscite called for the purpose which shall be conducted and supervised by the Commission on Elections (COMELEC) within sixty (60) days from the date of the effectivity of this Act, in the political units affected.

The expenses for the plebiscite shall be charged to the Province of Davao del Norte.

Sec. 6. The elective provincial officials of the present Province of Davao del Norte who were elected in the May 11, 1995 elections, shall continue to serve in the province that they will choose: provided, that they shall continue to receive the salaries they are receiving at the

time of the approval of this Act, until the new readjustments of salaries in accordance with law: provided, further, that where a position in both provinces becomes vacant as a consequence of the creation of the Province of Compostela Valley, all officials as may be necessary to fill in all vacancies in elective positions for the two provinces shall, for the time being, be appointed by the President of the Philippines, and shall hold office until their successors shall have been elected and qualified in the first local elections immediately following the approval of this Act.

Sec. 7. The present appointive officials and employees of the Province of Davao del Norte shall continue to perform their duties in the same province: provided., that they shall continue to receive the salaries they are receiving at the time of approval of this Act, until the new readjustments of salaries in accordance with law.

All positions for appointive officials and employees for the Province of Compostela Valley shall be open for application and must be filled in within sixty (60) days from the date of ratification of this Act: provided, that this shall be done without prejudice to the present appointive officials and employees of the present Province of Davao del Norte, who may wish to serve in the Province of Compostela Valley.

Sec. 8. The three (3) incumbent representatives of the present Province of Davao del Norte shall continue to represent the three (3) existing legislative districts of the province until the expiration of their term of office. The proposed legislative districting contained in this Act shall take effect in the next election for congressional representatives immediately following the approval of this Act.

Sec. 9. Upon the effectivity of this Act, the obligations, funds, assets and other properties of the present Province of Davao del Norte shall be divided proportionately between the Province of Davao del Norte and the Province of Compostela Valley by the President of the Philippines upon the recommendation of the Commission on Audit.

Section 10. During the first year of implementation of this Act, the internal revenue allotment allocated to Davao del Norte pursuant to Sec. 285 of the Local Government Code shall be proportionately divided between the two (2) provinces of Davao del Norte and Compostela Valley in accordance with the terms and conditions as may be set in the resolution to be submitted to the Department of Budget and Management by the incumbent Sangguniang Panlalawigan of Davao del Norte Province, in consultation with the incumbent representatives of Davao del Norte Province. Thereafter, the provinces of Davao del Norte and Compostela Valley shall be entitled to an internal revenue allotment as authorized under the said Local Government Code.

Section 11. This Act shall take effect upon its approval.

Approved: January 30, 1998

Signed:

FIDEL V. RAMOS

President

Creation of Metropolitan Manila

http://en.wikipedia.org/wiki/Metro_Manila

The area of Metropolitan Manila was already settled before the Spanish came. The Malayo-Polynesians who displaced the aboriginal Negritos, traded and received goods and peoples from its Asian neighbors. Thus the area possessed many labels according to the varying cultures that interacted with it before the Spanish came. The Chinese called the place (Dongdu)¹⁸¹ when it was under the jurisdiction of the Kingdom of Tondo. During the era of the Maharajanate of Mayapahit the area was called (Selurong)¹⁸² and under the Sultanate of Brunei it was called (Kota Saludong)¹⁸³ or simply Maynila.

After the Spaniards arrived from Nueva España, now Mexico, Spanish Manila was founded on June 24, 1571, by three conquistadors: Martín de Goiti, Juan de Salcedo, and Miguel López de Legazpi who successfully wrested power away from Lakan Dula Rajah Matanda and Tarig Suleiman.¹⁸⁴ Spanish power was eventually consolidated after the Tondo Conspiracy and the Battle of Manila (1574) attempted by the Chinese Pirate Warlord Limahong.¹⁸⁵ After doing this, they renamed the area and its surroundings as Nuevo Reino de Castilla. In 1867, the Spanish Government of the Philippines established the municipalities and territories south of the District of Morong in Nueva Ecija, north of the Province of Tondo and Manila, and isolated these from their mother province of Nueva Ecija. The government created the Province of Manila, composed of the Province of Tondo to the south and the isolated territories of Nueva Ecija to the north. The parts of Tondo were Navotas, Tambobon (presently called Malabon), and Caloocan; the parts of Nueva Ecija were Mariquina (Marikina), Balintauag (Balintawak), Caloocan, Pasig, San Felipe Neri (which is now Mandaluyong), Las Piñas, what had once been known as Parañaque, and Muntinlupa. The capital of the Province was Intramuros, then itself called and considered to be Manila, a walled city located along the banks of the Pasig River and on the shore of the Manila Bay. Through the ages, this city witnessed the sailing of the Manila Galleons when it was a territory of the Viceroyalty of New Spain, then, massive arson and looting during the British Occupation of Manila. Eventually, it was ruled directly from Spain after the Mexican War of Independence and was educated with liberal ideas right before the Cavite Mutiny (Precursor of the Philippine Revolution) occurred.

During the Philippine Revolution, the Province of Manila was the last of the eight provinces to first revolt against Spain in 1896, paving the establishment of the Philippine Republic (composed of Nueva Ecija, Pampanga, Bulacan, Tarlac, Laguna, Batangas, Cavite and Manila). The Province of Manila remained in existence until 1901, when its territory was subdivided by the Americans.

In 1901, the Philippine Assembly created the City of Manila composed of the municipalities of Ermita, Intramuros, Manila, Tondo, Santa Cruz, Santa Ana de Sapa, San Nicolas, San Miguel, San Fernando de Dilao (Paco), Port Area, Pandacan, Sampaloc, Quiapo, Binondo, Malate, San Andres, and Santa Mesa.

The municipalities of Caloocan, Mariquina, Pasig, Parañaque, Malabon, Navotas, San Juan del Monte, Makati (San Pedro de Macati), Mandaluyong (San Felipe Neri), Las Piñas, Muntinlupa and Taguig-Pateros were incorporated into a new province named Rizal, the capital of which was Pasig.

In 1941, with the onset of World War II, President Manuel L. Quezon created the City of Greater Manila as an emergency measure, merging the city and municipal governments of Manila, Quezon City, San Juan del Monte, Caloocan, etc. and appointed Jorge Vargas as mayor. Existing mayors of the included cities and municipalities served as vice-mayors for their areas. This was in order to ensure Vargas, who was Quezon's principal lieutenant for administrative matters, would have a position of authority that would be recognized under international military law. There were doubts if the Japanese Imperial Army poised to occupy Manila would recognize the authorities of members of the Quezon cabinet. The City of Greater Manila was abolished by the Japanese with the formation of the Philippine Executive Commission to govern the occupied regions of the country. As an administrative

concept, however, the City of Greater Manila served as a model for Metro Manila and the position of Metro Manila governor established during the Marcos administration. In 1975, the Metropolitan Manila Commission was created to administer the emerging metropolis when President Ferdinand Marcos issued Presidential Decree No. 824.¹¹ Marcos appointed his wife Imelda as governor of Metro Manila. In 1986, after a major government reorganization, President Corazon Aquino issued Executive Order No. 392 and changed the structure of the Metropolitan Manila Commission and renamed it to the Metropolitan Manila Authority. Metro Manila mayors chose from among themselves the chair of the agency. In 1995, through Republic Act 7924, Metro Manila Authority was reorganized and became the Metropolitan Manila Development Authority. The chair of the agency is appointed by the President and should not have a concurrent elected position such as mayor.

DRAFT
April 10, 20

ARALIN 2: Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Rehiyon batay sa Direksiyon

Takdang Panahon: 3-5 na araw

I. **Layunin:**

1. makapagtukoy ng kinalalagyan ng bawat lalawigan sa rehiyon gamit ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon;
2. mailalarawan ang kinalalagyan ng iba-ibang lalawigan sa rehiyon gamit ang mapa

II. **Paksang Aralin:**

Paksa: Lokasyon ng mga Lalawigan sa Rehiyon
Batay sa Direksiyon

Kagamitan: mapa ng sariling rehiyon, mapa ng ibang rehiyon, Larawan o totoong compass, compass rose, north arrow, manila paper, coupon bond, crayons

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 2
K to 12 - **AP3LAR-Ib-2**

III. **Pamamaraan:**

A. **Panimula:**

1. Tumawag ng isang bata at patayuin sa gitna ng klase habang nakaharap sa pisara.
2. Itanong sa mga bata ang sumusunod:
 - a. Ano-ano ang mga bagay sa harapan ng inyong kaklase? Sa kanyang likuran? Sa kanan? Sa kaliwa?
 - b. Sa anong direksiyon naroon ang _____ (magbanggit ng mga bagay na nasa silid-aralan)?
3. Paupuin na ang bata.
4. Itanong sa mga mag-aaral, "Batay sa maikling gawain, ano-ano ang mga salitang ating ginamit upang tukuyin ang iba-ibang direksiyon? (harapan, likuran, kanan, kaliwa)
5. Sabihin sa mga bata na maliban sa mga nabanggit na tawag sa direksiyon, matututuhan nila sa araling ito ang wastong tawag sa mga direksiyon.
6. Itanong sa mga mag-aaral, "Ano-ano ang makikita sa mapa maliban sa mga simbolo o pananda na napag-aralan na natin? Mayroon ba?"

7. Tumawag ng ilang bata at ipaturo sa mapa ang kanilang sagot.
8. Itanong ang mga nasa **Alamin Mo** LM p ____.
9. Tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutin ang mga tanong. Isulat ito sa pisara. Sabihin sa kanila na babalikan nila ang mga sagot na iyon pagkatapos ng aralin.

B. Paglinang:

1. Ipabasa ang **Tuklasin Mo** LM p _____. Gamitin ang mga susing tanong 1-4 sa pagtalakay ng mga pangunahin at pangalawang direksyon.
2. Magpakita ng mapa ng sariling rehiyon sa klase. Ipatukoy ang mga lalawigan sa iba't ibang direksyon sa mapa.
3. Ipaliwanag ang pamamaraan ng mga Gawain.

Gawain A: Mga Lalawigan sa Rehiyon

- Hatiin ang klase sa limang pangkat.
- Magbigay ng mga pamantayan sa paggawa upang mapanatili ang kaayusan ng klase.
- Gawin muna ng buong klase ang Gawain A LM p.____. Talakayin ang pagtukoy ng mga lugar sa mapa.
- Ipamahagi ang pinalaking kopya ng mapa ng inyong rehiyon. Kung wala, maaari mong ipasangguni ang mga mag-aaral sa mapa ng sariling rehiyon.
- Sabihin sa mga bata na isulat ang kanilang mga sagot sa katanungan sa isang manila paper at maghanda sa gagawing pag-uulat pagkatapos ng Gawain.
- Bigyan ng sapat na panahon ang mga pangkat sa paggawa ng kanilang *output*.
- Ipaulat ang gawa ng mga pangkat.

Gawain B: Pagtukoy ng mga Lalawigan gamit ang Direksiyon

- Gamitin ang kaparehang pangkat sa unang gawain at ang nabuong pamantayan sa paggawa.
- Ipalabas muli ang mapang ginamit sa Gawain A.
- Ipagawa ang Gawain B batay sa mapa ng rehiyon.
- Iwasto ang sagot ng mga pangkat pagkatapos ng Gawain.
- Gabayan ang mga bata sa pagsagot kung ang mga ito ay nahihirapan.

Gawain C: Iba-ibang Lugar, Iba-ibang Direksiyon

- Gamitin ang kaparehang pangkat sa mga naunang Gawain.
- Magpagawa ng pinalaking kopya ng bulaklak na may nakasulat na mga direksiyon sa isang manila paper.
- Ipagawa ang Gawain C.
- Ipadikit sa pisara o sa ibang part eng silid-aralan ang natapos na *output* ng mga bata.
- Magsagawa ng Gallery Walk. Hayaang magsulat ng mga puna ang pangkat sa gawa ng iba. Bigyang linaw ito pagkatapos ng Gallery Walk.

4. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. _____.

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko**.

Culminating Activity :

Isagawa ang laro.

Panuto:

1. Pangkatin sa apat ang klase.
2. Ipuwesto ang bawat pangkat sa direksiyon ng hilaga, silangan, kanluran, at timog.
3. Gumuhit ng malaking bilog. Sa loob nito gumuhit ng maliit na parisukat at lagyan ng **H** sa isang panig.
4. Papuntahin ang mga manlalaro sa loob ng bilog nang nakapangkat.
5. Pumili ng magiging taya sa gitna. Kapag sinabi ng taya ang **S** ang mga manlalaro sa gawing Silangan ang sisigaw ng **Silangan** sabay taas ng kanang kamay. Kapag sinabi naman ang **T**, sisigaw ang mga nasa gawing timog ng **Timog** at sabay taas ng kanang kamay.
6. Kapag H o K ang sinabi ng taya, sisigaw ang mga nasa direksiyong Hilaga o Kanluran ngunit kaliwang kamay ang itataas.
7. Tatakbo patungo sa kasalungat na direksiyon ang sumigaw at gayundin ang gagawin ng nasa lilipatan nila. Ang pinakahuling makalipat ay magiging taya.
8. Gawing paulit-ulit.

http://en.wikipedia.org/wiki/Points_of_the_compass

<http://sketchup.google.com/3dwarehouse/details?mid=bcc9826d4a827295169a1cee380569f6&hl=fil>

ARALIN 3: Relatibong Lokasyon ng mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 1-2 na araw

I. Layunin:

1. natutukoy ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar; at
2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito

II. Paksang Aralin:

Paksa: Kinaroroonan ng mga Lalawigan sa rehiyon Batay sa mga nakapaligid dito

Kagamitan: mapa ng sariling lalawigan o Rehiyon

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 3

K to 12- **AP3LAR-Ic-3**

Integrasyon: Sining, EsP, Matematika

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Simulan ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Magdaos ng "brainstorming" kaugnay ng mga tanong.
3. Pangunahan ang gawaing "Paglabas sa Gubat".
 - Bumuo ng apat na pangkat.
 - Bigyan ang bawat pangkat ng activity card at pinalaking larawan ng kagubatan.
 - Ipaliwanag ang pamamaraan ng Gawain.
 - Sabihin ang sitwasyon:


Sitwasyon :

May isang batang naligaw sa kagubatan. Nakasalubong siya ng matandang lalaki na magtuturo sa kaniya ng landas pauwi. Masundan niya kaya ito? Tulungan mo siyang makalabas ng gubat.

- Isagawa ang Gawain.

ACTIVITY CARD

- Magsimula sa batang nakaharap sa **X**.
- Mula sa **X**, tumalikod at lumakad patimog hanggang sa makita ang napakalaking puno.
- Pagdaating sa malaking puno lumiko at sundan ang landas patungong silangan, sa may lawa.
- Mula sa lawa, lumakad nang pahilaga at huminto sa maraming punong-kahoy.
- Mula rito, tuntunin ang liko-likong daan patungong silangan hanggang umabot ka sa krus na daan. Lumiko at lumakad patimog. Sa dulo ng daan makikita ang isang kubo sa tabi ng malaking puno. May dalawang daan dito . Sundan ang daan patungong silangan hanggang makalabas ng gubat.



Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- Natulungan ba binyo ang batang makalabas sa gubat? Paano?
- Ano ang nakatulong sa inyo upang masundan ang direksiyon ng matanda?
- Ano-ano ang mga naging batayan ninyo upang matukoy ang mga direksiyon?
- Mahalaga ba ang pagtukoy sa mga bagay na makikita sa lugar o nakapaligid dito upang marating mo ito?

B. Paglinang:

1. Ipabasa ang Tuklasin Mo sa LM pahina ____.
2. Ipasagot ang mga tanong na nakapaloob dito.
3. Magkaroon ng talakayan tungkol sa aralin hanggang sa maintindihan nang wasto ng mga bata ang tungkol dito.
4. Ipakita ang mapa ng sariling rehiyon. Magkakaroon ng pagsasanay sa pagtukoy ng mga relatibong lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon.
5. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain.
6. Itanong/Ipagawa ang sumusunod:

Gawain A:

- Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na mapag-aralan ang mapa ng Rehiyon IV-CALABARZON. Ipaunawa na ang mapa na ito ay ginagamit lamang sa pagsasanay upang tukuyin ang relatibong lokasyon ng mga lalawigan. Kung hindi taga-CALABARZON, maaring magkaroon ng talakayan tungkol sa mga natatanging katangian ng mga lalawigan at ang pagkakaiba o pagkakpareho nito sa sariling lalawigan.
- Pasagutan ang aytem 1-5 sa pahina _____.
- Pag-usapan/talakayin ang bawat aytem.

Gawain B:

- Ipaliwanag ang gawain.
- Sabihin na ang gagamitin mga pangungusap ay mga Relatibong Lokasyon. Balikan ang konsepto nito kung kinakailangan.
- Ipagawa ang Gawain.
- Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga bata at iwasto ito.

- Talakayin sa klase ang mga ideyang hindi pa gaanong naintindihan ng mga bata batay sa resulta ng Gawain.

Gawain C:

- Hatiin ang pangkat sa apat. (Maaari rin itong maging isahang Gawain).
 - Ipaliwanag ang pamamaraan ng Gawain C.
 - Ipahanda ang mga kagamitan.
 - Ipagawa ang Gawain C. Bigyan sila ng sapat na oras para tapusin ito.
 - Ipadikit sa pisara o sa nakalaang lugar ang mga *output* ng mga bata upang makita rin ng iba.
 - Bigyang-marka ang *output* base sa wastong pagsunod ng mga bata sa panuto.
7. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata nang maayos
8. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. ____ sa pamamagitan ng gabay na tanong.
- Ano ang Relatibong Lokasyon?
 - Ano ang kaugnayan nito sa pagtukoy ng kinaroroonan ng isang lugar?

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM p ____.

Gumawa ng sariling pagsusulit kung saan natutukoy ng mga bata ang relatibong lokasyon ng kanilang rehiyon o lalawigan.

V. Takdang Gawain:

Magdisenyo ng isang pamayanan. Gawing puntong reprensiya ang inyong bahay

- Sa bandang Silangan May simbahan at paaralan
- Sa bandang Kanluran May pamilihan at palaruan
- Sa bandang Timog May Ospital
- Sa bandang Hilaga May parke at sa palibot ng parke ay mga halamang namumulaklak

ARALIN 4. Katangian ng mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 5 araw

I. Layunin:

1. Natutukoy ang mga katangian ng lalawigan sa sariling rehiyon batay sa lokasyon, direksyon, laki at kaanyuan
2. Naipaghahambing ang mga lalawigan sa sariling rehiyon ayon sa lokasyon, direksyon, laki at kaanyuan

II. Paksang Aralin:

Paksa: Katangian ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon

Kagamitan: Concept map ng katangian ng mga lalawigan sa isang rehiyon, mapa ng sariling rehiyon, puzzle ng sariling rehiyon

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 4

K to 12- **AP3LAR-Ic-4**


Integrasyon: Sining, Pagbasa, Edukasyon sa Pagpapakatao

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Maghanda ng limang set ng mapa ng sariling rehiyon (*Maaring dagdagan ang set ng puzzles batay sa dami ng lalawigan sa sariling rehiyon*). Kasama na sa set ang buong mapa na gagayahan at ang mga puzzle pieces na ang mga hugis ay katumbas ng mga hugis ng iba't ibang lalawigan ng Rehiyon
2. Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa dami ng set at ipabuo ang mapa ng rehiyon.

(halimbawa)



3. Pagkatapos mabuo ang puzzle, itanong ang mga sumusunod sa mga mag-aaral:
 - Anong mapa ang nabuo mula sa puzzle?
 - Ilang bahagi/ kulay ang bumubuo sa puzzle? Ano-ano kaya ang mga ito?
 - Paano nagkakaiba ang mga bahaging bumubuo sa mapa?
4. Ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa Panimula sa kanilang LM p. _____. Talakayin ang inaasahang matutunan ng mga mag-aaral sa Aralin 4.
5. Ipabasa ang mga tanong sa **Alamin Mo** ang LM. p._____ at sabihin na sasagutan nila ang mga tanong pagkatapos ng aralin.

B. Paglinang

1. Ipabasa ang aralin sa **Tuklasin mo** ng kanilang LM p. ____ at pasagutan ang mga sumusunod na tanong sa kanilang sagutang papel
2. Talakayin ang sagot ng mga bata. Sa pagtalakay ng mga sagot, maaring magsagawa ng sariling stratehiya katulad ng paunahan ng mga pagsagot ng mga pangkat o pakontest. *(Paalala: Sa pagtalakay ng mga sagot, ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa nabuong mapa lalo sa direksyon at ang relatibong lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon)*
3. Magpakopya ng **Gawain A** at ipagawa sa bawat mag-aaral. Maaring gawing pangkatan ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral.
4. Pangkatin ang klase sa lima *(ayon sa dami ng lalawigan sa sariling rehiyon)* at ipagawa ang **Gawain B** sa LM p. _____. Ipakita ang halimbawa sa ibaba:

Lalawigan	Lokasyon	Direksyon	Laki	Anyo
Sorsogon	Gitnang bahagi ng rehiyon Nasa	Timog ng Siyudad ng Legaszpi at Hilagang Silangan ng Masbate	2,119 km ²	Malaking bahagi ay kapatangan ngunit bulubundukin sa gawing timog

5. Ipaulat sa bawat pangkat ang mga katangian ng mga sumusunod na lalawigan batay sa lokasyon, direksiyon, laki at kaanyuan na makikita sa **Tuklasin Mo** LM p. ____

Pangkat 1: Lalawigan ng _____

Pangkat 2: Lalawigan ng _____

Pangkat 3: Lalawigan ng _____

Pangkat 4: Lalawigan ng _____

Pangkat 5: Lalawigan ng _____

6. Gabayan ang paguulat ng mga pangkat sa pamamagitan ng iba't ibang istrategiya *katulad ng "news reporting"*.

Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtanong ng mga sumusunod:

- Paano mo nailarawan ang bawat lalawigan sa iyong rehiyon?
- Ano anong mga katangiang pisikal ang ginamit mo upang ilarawan ang mga lalawigan?
- Kung kayo ay maghahambing ng mga lalawigan, paano ninyo paghahambingin ang mga ito?
- Ano anong mga salita ang gagamitin ninyo upang makapaghambing? Magbigay nga nag halimbawa ng paghahambing ng dalawang lalawigan ayon sa lokasyon nila sa rehiyon.

Halimbawa: Ang _____ ay nasa pinaka Timog na bahagi ng rehiyon kaysa sa lalawigan ng _____.

7. Ipaliwanag ang panuto na gagawin sa **Gawain C** LM p. ____ . Ibigay ang pares ng lalawigan na paghahambingin. Ipasulat ang mga sagot sa sagutang papel. Gabayan ang mga mag-aaral na kailangan ng tulog.

8. Pagkatapos magsagot, ipabuod ang aralin sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:

- Anu-ano ang mga katangian ng mga lalawigan sa ating sariling rehiyon?
- Anu-ano ang mga pagkakapare-pareho ng sariling nating lalawigan sa ibang lalawigan sa ating rehiyon batay sa lokasyon, direksiyon, laki at kaanyuan?
- Anu-ano ang mga pagkakaiba-iba nga sarili nating lalawigan sa ibang lalawigan sa ating rehiyon batay sa lokasyon, direksiyon, laki at kaanyuan?

9. Talakayin ang mga kasagutan at magbigay ng pagwawasto sa mga sagot.

10. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. ____

IV. Pagtataya

Pasagutan ang **Natutuhan Ko**

V. Takdang Gawain

Iguhit ang mapa ng sariling rehiyon sa puting papel, bigyan ng pagkakakilanlan ang bawat lalawigan sa pamamagitan ng pagiiba-iba ng kulay na gagamitin sa bawat isang lalawigan. Isulat ang detalye ng bawat lalawigan ayon sa lokasyon, direksyon, laki at kaanyuan.

Rubric Para sa Pagbibigay ng Puntos sa Drawing Activity

Puntos Kategorya	3	2	1
Nilalaman 40%	Kinapapalooban ng magandang konsepto tungkol sa mapa at detalye ng mga lalawigan	Kinapapalooban ng konsepto na ngunit hindi gaanong detalyado ang mga impormasyon sa mapa	Malayo ang impormasyon inilagay sa mapa
Pagkamalikhain 30%	Kinakikitaan ng kulay at kakaibang konsepto sa pagguhit ng mapa	Kinakikitaan ng kulay ngunit payak ang konsepto sa pagguhit ng mapa	Walang kulay at payak ang konsepto ng mapa
Kalinisan 30%	Malinis ang gawa at walang bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Malinis ang gawa ngunit may kaunting bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Marumi ang pagkakagawa, puro bura ng lapis at lampas na pangkulay

ARALIN 5. Populasyon sa Aking Pamayanan

Takdang Panahon: 5 araw

I. Layunin:

1. natutukoy ang populasyon ng iba't ibang pamayanan sa sariling lalawigan.
2. naihahambing ang mga populasyon ng iba't ibang pamayanan sa sariling lalawigan.
3. nailalarawan ang populasyon ng mga pamayanan sa lalawigang kinabibilangan gamit ang bar grap

II. Paksang Aralin:

Paksa: Populasyon sa Aking Pamayanan

Kagamitan: Talahanayan ng populasyon ng mga pamayanan sa sariling lalawigan, bar grap ng populasyon ng iba't ibang pamayanan sa sariling lalawigan, mga larawan ng iba't ibang prutas, play money

Sanggunian: Modyul 1 Aralin 5

K to 12 - **AP3LAR-Id-5**


Integrasyon: Sining, Pagbasa, Mathematics

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpalaro ng "the boat is sinking" upang pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa: unang titik ng pangalan, buwan ng kaarawan o edad (*maaring magdagdag ng iba pang batayan ayon sa nakagawiang pagpangkat pangkat*).
2. Iproseso ang gawain sa pamamagitan ng pagtanong ng mga sumusunod:
 - Ilan ang pangkat na nabuo?
 - Ano ang pangkat na pinakamarami?
 - Ano naman ang pinaka-kaunti?
 - Ilan miyembro ang bawat pangkat?
 - Ilan ang babae sa bawat pangkat at ilan naman ang mga lalaki?

- Anong iba pang tawag sa bilang ng bata sa bawat pangkat?
3. Ipakita ang simpleng bar graph. Sabihin na maaring maipakita ang pagkakaiba iba o pagkakapareho ng dami ng kasapi sa bawat pangkat sa pamamagitan ng bar graph. Ipaliwanag kung ano ang nasa x-axis at kung ano ang nasa y-axis. Ipaguhit sa mga mag-aaral sa pisara ang dami ng mga bata sa bawat pangkat batay sa katatapos na gawain. Magbigay ng batayang halimbawa bago ipagawa sa ilang piling mga magaaral.



4. Itanong ang mga sumusunod:
- Aling mga pangkat ang pinakamarami ang kasapi?
 - Aling mga pangkat ang magkasing dami?
 - Aling mga pangkat ang pinakakaunti ang mga kasapi?
 - Ano anong mga inpormasyon ang maari pa nating malaman batay sa simpleng bar graph na ito?
 - Anong masasabi natin tungkol sa bar graph?
 - Sa palagay ninyo, mapaghahambing ninyo ang populasyon ng mga pamayanan gamit ang graph na ito? Bakit?
5. Ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa Panimula sa kanilang LM p. _____. Talakayin ang inaasahang matutunan ng mga mag-aaral sa Aralin 5.
6. Ipabasa ang mga tanong sa **Alamin Mo** sa LM. p._____ at sabihin na sasagutan nila ang mga tanong pagkatapos ng aralin

B. Panlinang

1. Gamit ang nabuong mga pangkat sa panimula, bigyan ang bawat pangkat ng tig sasampung perang papel.
2. Sabihin sa mga mag-aaral na maglalaro ng tinda tindahan ang buong klase. Sa pamamagitan ng perang papel, bibili ang pangkat ng prutas sa tindahan ng guro. Pagkakasyahin nila ang bigay na "pera" ng guro. Sa pagbili ng prutas, kailangan lahat ng kasapi ng pangkat ay makakuha ng prutas. Ang pangkat na nakapagbigay ng prutas sa lahat ng kasapi ang panalo.
3. Pagkatapos na makabili ang lahat ng pangkat, tanungin ang bawat isa ng mga sumusunod:
 - Aling pangkat ang nakapagbigay ng prutas sa lahat ng kasapi?
 - Aling pangkat naman ang hindi nakapagbigay ng prutas sa mga kasapi?
 - Bakit sa palagay ninyo may mga pangkat na nabigyan lahat at mayroon ding hindi?
 - Anong masasabi ninyo kapag marami ang kasapi at kaunti lamang ang "pagkain"?
 - Ano naman ang masasabi ninyo kung lahat ng kasapi ay mayroong pagkain at may sobra pa?
 - Anong mangyayari kapag kaunti lang ang pagkain pero kaunti lamang ang kasapi?
 - Anong mangyayari kapag maraming marami ang mga kasapi at kaunti lamang ang pagkain?
4. Ipabasa at ipaunawa nang tahimik ang **Tuklasin Mo** LM p.____ at ipasagot ang mga sumusunod na mga tanong. Ipaunawa na ang tatalakayin ay aktual na datos mula sa isang lalawigan. Bigyang diin ang mga pagpapahalaga sa pagkuha ng datos mula sa mga ahensya ng pamahalaan. Talakayin ang mga sagot sa isang oral recitation o larong "Pass the Object" (Kailangan ng isang bagay na pwedeng ipasa ng mga bata at musika sa larong ito. Magpatugtog ng isang musika habang pinapasa ng mga bata ang bagay sa kanilang katabing kaklase. Kapag tumigil ang musika, titigil din ang pagpapasa at ang batang may hawak ng bagay ang sasagot sa tanong.)
5. Pagkatapos talakayin ang mga sagot, magkaroon ng pagsasanay gamit ang aktgual na datos sa sariling lalawigan. ipakita muna ang bar graph na kagaya ng nasa modelong gawain.
6. Magpakopya ng sagutang papel na may template ng grap at ibigay sa mga mag-aaral. Pasagutan ang Gawain A sa LM

p.____ sa kanilang sagutang papel. Bigyang diin ang panuto sa paggawa ng bar graph.

7. Iproseso ang gawain sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:

- Anong napansin ninyo sa bar graph na nabuo?
- Anong masasabi mo sa barangay na may pinakamahabang/ pinakamalaking bar?
- Anong masasabi mo sa barangay na may pinakamaliit/ pinakamaliiksing bar?

(Sa pagtalunton ng tamang populasyon gamit ang bar grap, hayaang ang mga bata na makuha ang tamang paraan. Gabayan lamang sila kung kinakailangan.)

- Sa dulo ng bar sa taas ng Barangay A. Bonifacio, anong number ang katumbas nito sa kaliwang bahagi?
- Ano ang bilang ng populasyon sa Barangay A. Bonifacio?
- Ilan ang populasyon sa Barangay Bani?
- Ano ang bilang ng populasyon sa Barangay San VicBaniente?
- Paano kung hindi eksaktong numero ang nakalagay sa hanay ng populasyon sa grap? Ano ang napapansin ninyong karaniwang ginagawa? (Gabayan ang mga mag-aaral na maunawaan ang pagguhit ng di eksaktong lebel sa grap bilang isang uri ng pagtatansya).

Sabihin sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

“Minsan hindi eksakto ang lebel na makikita sa grap. Maaring tanyahin ang pinakamalapit na lebel upang ilarawan ang dami ng populasyon ng mga barangay”.

8. Pangkatin ang klase sa limang pangkat. Ituon ang pansin ng bawat pangkat sa **Gawain A** LM p.____. Talakayin ang panuto. Bigyan ang bawat pangkat ng gawain kung saan ay kukumpletuhin nila ang isang bar graph sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang grap gamit ang mga impormasyon sa bawat *manila paper*. Talakayin ito pagkatapos.

- Aling kaya sa barangay na nasa graph ang kailangan ng mas maraming pagkain? Bakit mo nasabi ito?
- Aling barangay naman ang pinakakaunti ang kinakailangang pagkain? Bakit mo nasabi ito?
- Anong masasabi mo kapag malaki ang populasyon ng isang lugar? Bakit mo naman nasabi ito? Ano ano pa ang makikita mo sa barangay na malaki ang populasyon? Sa isang maliit ang populasyon?

9. Magpakita ng halimbawang grap na nagpapakita ng populasyon ng babae at lalaki sa ilang barangay sa sariling pamayanan. Tingnan ang halimbawa sa LM ng mga mag-aaral.
10. Talakayin ang grap sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:
- Aling mga barangay ang mas maraming babae kaysa sa lalaki?
 - Aling barangay ang may pinakamaraming nakatirang mga babae?
 - Sa pamamagitan ng grap na ipinakita, paano mo pa maihambing ang mga barangay sa ating lalawigan?
 - Ano ano ang mga salita ang iyong ginagamit upang paghambing ang mga barangay?
11. Ibigay ang panuto para sa **Gawain B** LM p. _____. Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral.
12. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng **Gawain C** LM p. _____
13. Talakayin ang mga kasagutan at magbigay ng pagwawasto sa mga sagot.
14. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. _____

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** sa LM p. _____.

V. Takdang Gawain:

Gumawa ng bar grap gamit ang datus ng iba pang barangay ng San Narciso, Quezon. Paghambing ang mga barangay ayon sa populasyon. Maaring gumamit ng mas marami o mas kaunti. (*Palitan ng sariling lalawigan*)

Kabuuang Populasyon ng mga Barangay ng San Narciso, Quezon <i>Ayon sa 2010 Census Population and Housing (Appoximated value)</i>	
Barangay	Populasyon
Guinhalinan	2,100
Manlapong	1,100
Maligaya(Poblacion)	1,700
Bayanihan(Poblacion)	1,700
Pagdadamayan(Poblacion)	1,400

ARALIN 6. Populasyon sa Mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 5 araw

I. **Layunin:**

1. makagagamit ng mapa upang mailarawan ang populasyon ng mga lalawigan sa sariling rehiyon.
2. makapaghahambing ng mga lalawigan sa sariling rehiyon ayon sa dami ng populasyon gamit ang mga datos ukol sa populasyon
3. makagagawa ng talata tungkol sa iba't ibang pangkat ng tao at kung paano sila mapapahalagahan

II. **Paksang Aralin:**

Paksa: Populasyon sa Mga Lalawigan sa Aking Rehiyon

Kagamitan: Mapa ng populasyon ng mga lalawigan sa sariling rehiyon, Talahanayan ng populasyon ng mga lalawigan ng sariling rehiyon (Base lamang sa *Kapal ng Populasyon* at Approximated Value ng mga ito)

Larawan ng mga pamayanan na may iba't ibang dami ng populasyon, mapa ng sariling rehiyon

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 6

K to 12 - **AP3LAR-Id-6**


Integrasyon: Sining, Pagbasa, Mathematics

III. **Pamamaraan:**

A. **Panimula:**

1. Magpalaro tungkol sa populasyon ng tao sa San Narciso gamit ang bar grap na pinamagatang "*Number heads*" (Pangkatin ang klase sa apat, bawat miyembro ng pangkat ay magkakaroon ng sariling numerong itatalaga ng lider, maaring 1-7. Tatawag ang guro ng isang numero at tatayo ang miyembro ng bawat pangkat ng tinawag na numero para sumagot sa tanong ng guro. Matatapos ang laro kapag natawag na lahat ng number/ miyembro sa bawat pangkat. Ang pangkat na may pinakamaraming nasagot ang siyang panalo sa laro.)

Populasyon ng San Narciso



Bilang ng Tao

Maguiting
Manlapong
Maligaya (Poblacion)
Bayanihan (Poblacion)
Punta
Rizal

Barangay

2. Ipakita ang bar grap tungkol sa populasyon ng iba't ibang barangay sa San Narciso. Ipaunawa muna kung ano ano ang nakikita sa bar graph. Magtalakayan tungkol sa mga ipinapakita ng bar graph.
3. Magtanong ng mga sumusunod:
 - Aling bayan sa San Narciso ang pinakamalaki ang populasyon?
 - Alin naman ang pinakamaliit?
 - Pag pinagsama ang mga populasyon ng mga poblacion, gaano karaming tao lahat?
 - Saang barangay kaya ang pinakamaraming pamilihan? Bakit mo nasabi ito?
 - (Maaring magdagdag pa ang guro ng mga katanungan o muling magpakita ng bar grap ng populasyon sa mga pamayanan para mas maganda ng laro)
4. Magsanay sa pagbuo ng isang bar graph gamit ang sariling likhang datos. (Mahalang malaman ng mga bata ang konsepto na nagpapakita ng impormasyon ang graph)

B. Paglinang:

1. Ipabasa ang nasa **Tuklasin Mo** LM p. _____. Gawin ito sa malikhaing paraan sa pangunguna ng guro kasunod ang mga mag-aaral at pasagutan ang mga tanong sa kanilang sagutang papel.
2. Ang pinagkunan ay ayon sa kapal ng populasyon o bilang ng mga taong naninirahan sa isang kilometro kuwadrado (km²). Ipaliwanag mabuti na ang ginamit na batayan ay ayon sa Philippine Census 2010, Population Density (Approximated Value).
3. Talakayin ang mapa ng populasyon ng mga lalawigan sa sariling rehiyon at ang talahanayan nito. Itanong ang sumusunod:
 - Ano ang katumbas ng isang larawan ng tao ayon sa mapa ng populasyon?
 - Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit ganito ang distribusyon ng populasyon sa mga lalawigan sa ating sariling rehiyon? (Tanggapin lahat ang sagot sa anong paraan ng paghinuha ng mga bata).
 - Anong lalawigan ang masikip dahil maraming tao?
 - Anong lalawigan ang maluwag dahil kakaunti ang populasyon?
4. Ipabasa ang talahanayan tungkol sa mga lalawigan ng region IV-Calabarzon. Talakayin ang pisikal na katangian kasama na ang lokasyon ng bawat lalawigan, ang pangunahing hanapbuhay at ang dami populasyon ng bawat isa. Ipaunawa ang kaugnayan ng pisikal na katangian at ang pagdami ng populasyon.
5. Gumawa ng sariling talahanayan ng mga lalawigan ng sariling rehiyon batay sa talahanayan sa LM. Pag-usapan ang katangian ng mga lalawigan sa sariling rehiyon.
6. Ipagawa ang **Gawain A** LM p. _____. Iproseso ang gawain sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:
 - Batay sa napag-aralan natin sa **Tuklasin Mo** LM p. _____, tama kaya ang mga hula ninyo sa mga populasyon ng bawat lalawigan dito sa ating rehiyon?
 - Ipaliwanag nga ninyo ang mga naunang hula ninyo tungkol sa mga populasyon?
 - Ano ano sa palagay ninyo ang mga dahilan kung bakit magka iba iba ang dami ng tao sa mga lalawigan?
7. Upang maging mas malalim ang talakayan sa pagkakaiba iba ng mga populasyon ng mga lalawigan, ipagawa **Gawain B** sa LM. p. ___ sa kanilang sagutang papel.
8. Talakayin ang modelong sagot para sa **Gawain C** LM p. _____. Ipaliwanag ang panuto at ang mga dapat na isama sa iyong talata. Sumangguni sa rubric para sa pamantayan sa pagpupuntos. Bigyan ng sapat na pagkakataon ang mga bata na makatapos ng gawain.

Kategorya	3	2	1
Nilalaman	Kinapapalooban ng magandang konsepto tungkol sa pangkapaligiran	Kinapapalooban ng konsepto na malapit sa paksang pangkapaligiran	Malayo ang konsepto sa paksang pangkapaligiran
Pagkamalikhain	Kinakikitaan ng kulay at kakaibang konsepto	Kinakikitaan ng kulay ngunit payak ang konsepto	Walang kulay at payak ang konsepto
Kalinisan	Malinis ang gawa at walang bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Malinis ang gawa ngunit my kaunting bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Marumi ang pagkakagawa, puro bura ng lapis at lampas na pangkulay

9. Ipaunawa ang nasa **Tandaan Mo** LM p. ____ sa pamamagitan ng oral reading. Itanong sa mga bata ang sumusunod
- Ano ang mga natutunan mo sa araling ito?
 - Ano ang kahalagahan sa iyo ng araling ito?

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM p. ____ sa sagutang papel.

V. **Takdang Gawain:**

Gumupit ng mga larawan ng mga iba't ibang pangkat ng tao na makikita sa sariling lalawigan o rehiyon. Idikit ito sa puting papel. Gumawa ng talata tungkol sa pangkat na nagsasabi ng kanilang kahalagahan sa inyong lalawigan. Isang halimbawa ay ang pagsulat tungkol sa mga naiaambag ng mga matatanda o Senior Citizen ng lalawigan.

<http://en.wikipedia.org/wiki/CALABARZON>

ARALIN 7. Katangiang Pisikal na Nagpapakilala ng iba't-ibang Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 3 araw

I. Layunin

Nailalarawan ang iba't ibang lalawigan sa rehiyon ayon sa katangiang pisikal at pagkakakilanlang heograpikal nito gamit ang mapang topograpiya ng rehiyon.

1. Nasasabi ang mga katangiang pisikal ng mga lalawigan sa rehiyon.
2. Nasasabi ang anyong tubig at anyong lupa na nagpapakilala ng iba't ibang lalawigan sa rehiyon.
3. Naihahambing ang mga lalawigan sa rehiyon batay sa katangiang pisikal at pagkakakilanlang heograpikal nito.
4. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang anyong tubig at anyong lupa na nagpapakilala ng piling lalawigan sa sariling rehiyon.

II. Paksang Aralin

Paksa: Katangiang Pisikal at Pagkakakilanlang Heograpikal ng Lalawigan sa Rehiyon

Kagamitan: mapang topograpiya ng mga lalawigan sa rehiyon, mga simbolo sa mapa, blankong mapa ng mga lalawigan, flashcard ng simbolo sa mapa

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 7

K to 12- **AP3LAR-le-7**

Integrasyon: Sining, Pagpapahalaga sa katangiang pisikal at pagkakakilanlang heograpikal ng lalawigan at rehiyon

III. **Pamamaraan:**

A. **Panimula:**

1. Anyayahan ang mga mag-aaral sa isang paglalakbay gamit ang kanilang imahinasyon sa pamamagitan ng story prompt. Sabihin ang ito habang nagpapatugtog ng instrumental music.

Halina kayo at tayo'y maglalakbay. Sa pagpikit ninyo ng inyong mga mata tayo ay nasa isang malayong lupain na. Nakatayo tayo sa isang malawak na palayan. Ang sarap langhapin ng simoy ng hangin sa malawak na kapatagan ng palayan. Natatanaw nyo ba ang kabundukan sa di kalayuan? Halina at ating puntahan. Tatawid tayo sa mga pilapil ng tubigan patungo sa bundok na ating natatanaw. Kailangan nating bilisan ang paglalakad dahil mainit ang sikat ng araw. Ayan, unti-unti na lumililom, madami ng mga puno, nasa paanan na tayo na kabundukang kanina ay atin lamang natatanaw. Kailangan nating akyat ang bundok na ito upang makarating tayo sa magandang beach sa kabila. Simulan na natin ang pag-akyat pataas ng bundok. Aba, unti-unting lumalamig ang hangin habang tila ba naabot na natin ang ulap papaakyat sa tuktok na bundok. Malamig nga dito sa tuktok, kaya simulan na natin ang pagbaba. Dahan-dahan lamang at madulas ang mga bato sa ating dinaraan. Ayan na ang beach, natatanaw ko na ang puting buhangin nito. Wow, ang ganda pala dito, ang linaw din ng tubig at kulay asul pa. Ngayon naman ating babaybayin ang pinong buhangin ng dalampasigan pabalik na sa ating paaralan. Nakikita nyo ba ang isang magandang tanawin? Napakaganda at nakamamangha ang paglubog ng araw sa dagat. Wala itong katulad. Naku, kailangan na nating bilisan ang paglalakad bago pa tayo abutin ng dilim sa daan. Ayan na ang ating paaralan.....at sa isang iglap, pagmulat ng inyong mga mata muli, kayo ay nasa silid-aralan na.

2. Pagkatapos ng paglalakbay, itanong sa mga bata ang sumusunod:
 - Saan tayo nakarating?
 - Ano-ano ang mga katangian ng mga lugar na ating napuntahan?
 - Ano ang pakiramdam sa mga lugar na ating napuntahan?
3. Ipakita ang mga napag-aralan na simbolo ng topograpiya sa mapa. Itanong ang sumusunod:
 - Naalala pa ba ninyo kung ano ang ipinapahiwatig ng mga simbolo sa mapa na napag-aralan na natin?
 - Ipakikita ko ang simbolo at sabihin kung anong katangian ang ipinapahiwatig nito.

- Ipakita ang Flashcard at hikayatin ang mga bata na sumagot bilang isang klase.
- Ipakita ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa:



B. Paglinang:

1. Ilahad ang mapa na nagpapakita ng iba't ibang katangiang pisikal ng mga lalawigan sa sariling rehiyon. Patingnan ang mga simbolo sa bawat lalawigan. Talakayin ang katangian na ipinapahiwatig ng mga simbolo.
2. Itanong ang mga sumusunod:
 - Anong mga simbolo ng kalupaan at katubigan ang nakikita sa mapa?
 - Anong simbolo ang karamihang nakikita sa bawat lalawigan?
 - Bangitin ang bawat lalawigan ng rehiyon.
 - Ano ang ipinapahiwatig sa katangian ng isang lugar kung karamihan sa mga simbolo ay bundok?
 - Ano naman ang nakikita sa mapa kapag ang isang lugar ay kapatagan?
 - Saang lugar ang malamig? Saan naman ang mainit?
 - Batay sa mapa ano ang masasabi mo sa pisikal na katangian ng bawat lalawigan sa rehiyon?
3. Ipabasa ang usapan sa telepono ng dalawang bata sa **Tuklasin Mo** sa LM p. ___ at pasagutan ang mga katanungan na matatagpuan dito sa malinis na sagutang papel.
4. Ipagawa ang **Gawain A** sa "Gawin Mo" sa LM. pp. ____. Gamit ang sagutang papel sa pagsagot ng "Data Retrieval Chart".
5. Pangkatin ang mga mga-aaral ayon sa bilang ng lalawigan sa rehiyon (maaring i-cluster ang mga lungsod kung NCR) at bigyan ng puzzle ng piling anyong lupa at anyong tubig ng mga lalawigan sa rehiyon. (Alamin ng mga guro ang mga piling anyong tubig at anyong lupa na matatagpuan sa mga lalawigan sa sariling rehiyon).
6. Ipabuo ang puzzle at ipaulat sa klase ang nabuong larawan ng bawat pangkat. Pahulaan sa mga mag-aaral ang lugar kung saan matatagpuan ang nasa larawan sa kanilang rehiyon.
7. Ipasagot ang **Gawain B** sa "Gawin Mo" sa LM. pp. ____. Gumamit ng sagutang papel.
8. Talakayin ang mga sagot at bigyang diin ang pisikal na katangian na ipinapakita ng mga anyong tubig at anyong lupa. Bigyang diin ang katanyagan ng mga halimbawang anyong tubig at anyong lupa sa gawain na ito. Pag-usapan ang katanyagan ng mga anyong lupa o

anyong tubig sa sariling lalawigan at rehiyon. Itanong ang mga sumusunod:

- Narinig na ba ninyo ang _____? Anong uri ng anyong tubig/lupa ito?
 - Paano naging tanyag ang lalawigan dahil sa anyong tubig/lupa na ito?
 - May alam ba kayo na mga anyong tubig/lupa na nagpa tanyag sa lalawigan?
 - Paano naging tanyag ang lalawigan dahil dito?
 - Anong katangian ng lalawigan na ipinapakilala ng anyong tubig/lupa na ito?
9. Ipagawa ang **Gawain C** ng "Gawin Mo" sa LM. pp. ___ sa kanilang sagutang papel. Gabayan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbigay ng panuto sa pagsagot ng naturang gawain.
10. Bigyang diin ang kaisipan sa "**Tandaan Mo**" sa LM. pp. ____.

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM p. ____ sa sagutang papel. Ang mga sagot ay naayon sa aktual na impormasyon ng iba't ibang rehiyon.

V. **Takdang Gawain:**

Gumawa ng polyeto ng anyong tubig at anyong lupa sa inyong lugar. Hikayatin ang mga turista na pumunta sa inyong lugar upang makita ang kagandahan nito. Mag-isip at gumawa ng kampanya upang mahikayat ang mga turista na pumasyal dito. Ipakita ito sa klase sa susunod na pagkikita.

References:

<http://yobynos.files.wordpress.com/2011/03/gedc0019.jpg>

<http://www.tvphilippines.tv/images/MtBanahaw.png>

http://2.bp.blogspot.com/-KjMJMz6nX0E/TcO--zxDmGI/AAAAAAAAApw/P1a_WkxAG-Y/s320/bulkan+taal.jpg

http://photos.wikimapia.org/p/00/02/96/95/68_full.jpg

<http://www.philippine-trivia.com/sites/default/files/20020301.jpg>

ARALIN 8. Ang Mga Anyong Tubig at Anyong Lupa sa Aming Rehiyon

Takdang Panahon: 3 araw

I. Layunin

1. Natutukoy ang iba't ibang anyong tubig at anyong lupa ng mga lalawigan sa sariling rehiyon
2. Napaghahambing ang mga pangunahing anyong lupa at anyong tubig ng mga lalawigan sa sariling rehiyon
3. Napapahalagahan sa pamamagitan ng pagmamalaki sa mga anyong tubig at anyong lupa sa mga lalawigan ng sariling rehiyon

II. Paksang Aralin

Paksa: Mga Anyong Tubig at Lupa ng mga Lalawigan sa Rehiyon

Kagamitan: Mga larawan ng anyong lupa at anyong tubig

Mapang topograpiya ng rehiyon

Saggunian: K to 12, **AP3LAR-Ie-8**

Integrasyon: Pagmamalaki sa anyong lupa at anyong tubig
Sining

III. Pamamaraan

A. Panimula:

1. Magkaroon ng lakbay imahinasyon kasama ang mga mag-aaral. Bigkasin ang talata habang may saliw na musika.

Marahang bigkasin:

Tayo ay maglalakbay sa ating napakagandang lupain. Lalabas na tayo sa ating silid, kapit-bisig tayong maglalakad ng dahan-dahan palabas ng paaralan. Tayo'y lalakad papuntang kanan. Habang naglalakad nararamdaman natin na tayo ay paakyat na nang paakyat. Kailangang magkapit-bisig kasi umaakyat na tayo, paakyat nang paakyat. Hay! nakakapagod, ngunit kailangan pa natin lumakad. Sa pagkakataong ito, tayo nama'y makararamdam ng pagbaba. Dahan-dahan ang paglalakad dahil tayo ay pababa nang pababa hanggang marating natin ang malawak na kapatagan. Parang gusto nating tumakbo, mabilis na mabilis na takbo, sino kayang mauuna sa atin? Sa bandang dulo nang ating tinakbuan, nakita natin ang isang lawa, parang ang sarap magtampisaw. Ang lawak nang lawa at kulay asul pa ito. Nakalulungkot mang isipin, di tayo puwedeng magtagal. Kailangan nating lumakad nang lumakad pa. Sa ating paglalakad, nakarinig tayo ng malakas na agos nang tubig. Isang napakagandang talon pala, tila hinihikayat tayo sa kanyang tubig. Lahat tayo ay sabay-sabay sumisid sa malinis na tubig ng talon. Ang sarap maligo dito, ang linis kase ng tubig.

Hindi rin tayo puwedeng magtagal dito kaya lumakad na ulit tayo. Lumakad pa nang lumakad hanggang sa matanaw natin ang ating paaralan. Dahil sa pagod hindi na natin mapigilang tumakbo papalapit sa ating paaralan. Pagdating sa may pintuan ng paaralan, dahan-dahan uli tayo sa paglalakad. Lakad pa nang lakad hanggang makarating sa ating silid. Narito na tayo, maupo na kayo sa ating kanya-kanyang upuan. Ngayon, dahan-dahan na nating buksan ang ating mga mata.

2. Iproseso ang gawain sa pamamagitan ng pagtanong ng mga sumusunod:

- Ano ang naramdaman ninyo habang tayo ay naglalakbay?
- Ano-anong anyong lupa ang ating narating?
- Ano-anong anyong tubig ang ating napuntahan?
- Ano ang masasabi ninyo sa mga anyong lupa at anyong tubig na ating narating?
- May alam ba kayong anyong tubig at anyong lupa sa ating lalawigan at sa ating rehiyon?
- Alin dito ang iyong napuntahan? Ano ang masasabi ninyo sa mga ito?

3. Sabihin sa mga mag-aaral:

“Maglakbay tayo dito sa ating rehiyon at kilalanin natin ang ating mga magagandan at natatanging mga anyong lupa at anyong tubig.”

B. Paglinang:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa bilang ng lalawigan sa rehiyon (maaring icluster para sa NCR) at bigyan ng flashcard na may pangalan ng isang lalawigan sa rehiyon (halimbawa sa IV-CALABARZON, bigyan ng pangalan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon)
2. Bigyan ang bawat pangkat ng manila paper at panulat. Ipasulat sa bawat pangkat ang alam nilang mga anyong lupa at anyong tubig na makikita sa lalawigan na ibinigay sa kanila.
3. Ipaulat ang mga gawa ng bawat pangkat. Sabihin sa mga mag-aaral na unawaing mabuti kung ang kanilang mga sagot ay tumutugma sa aralin na kanilang gagawin.
4. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo** sa LM pp. _____. Talakayin ang pinag-usapan sa postcard ng magkaibigan. Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na talata tungkol sa mga anyong lupa at anyong tubig sa ilang rehiyon at sagutin ang mga tanong.
 - Ano-ano ang nabanggit na anyong tubig at anyong lupa sa mga nabanggit na rehiyon?
 - Ano pang ibang mga anyong tubig at anyong lupa sa ating rehiyon ang alam mo? Ano-ano ang mga katangian nito?
 - Anong masasabi mo tungkol sa bawat isang anyong lupa at anyong tubig na nabanggit sa talata?
 - Ano ang maaaring epekto ng anyong lupa at anyong tubig na nabanggit sa lugar na kinalalagyan nito?

- Paano ka makatutulong sa pagpapangatili ng kagandahan ng mga anyong lupa at anyong tubig sa rehiyon?
5. Ipabasa ang “Tuklasin Mo” sa LM pp.____. Ipaliwanag na pag-uusapan lamang nila ang ilang mga anyong pisikal ng mga lalawigan sa Luzon. Ipabasa rin ang sipi ng anyong pisikal ng sariling lalawigan at ng karatig nito sa rehiyon. Paghambingin nila ang mga anyong lupa at tubig gamit ang halimbawang proseso sa “Tuklasin Mo” sa LM.
 6. Ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa mapa ng halimbawang rehiyon sa LM pp.____. Ipagawa ang **Gawain A** sa sagutang papel. Itanong ang mga sumusunod:
 - Ano-anong pangunahing anyong lupa at anyong tubig ang nakikita sa bawat lalawigan?
 - Paano mo maihahambing ang mga anyong lupa at anyong tubig sa mga lalawigan sa rehiyon?
 - Alin sa mga ito ang iyong napuntahan? Alin naman ang gusto mong puntahan? Bakit?
 7. Pangkatin ang mga bata ayon sa dami ng lalawigan sa rehiyon. Bigyan ng manila paper at panulat ang bawat pangkat na may nakasulat na mga pangalan ng mga lalawigan sa rehiyon. Bigyan ng takdang lalawigan upang itala ang ilang impormasyon tungkol sa anyong lupa at anyong tubig na makikita dito.
(Inaasahan na ang bawat rehiyon ay magbibigay ng kaukulang impormasyon tungkol sa mga natatanging anyong lupa at anyong tubig na makikita sa sariling rehiyon).
 8. Ibigay ang sumusunod na panuto sa bawat gawaing isasagawa ng mga mag-aaral.
 - Pumili ng isang kasapi na mananatili sa pangkat.
 - Ang ibang kasapi ay lilipat sa pangkat sa kanilang kanan.
 - Ang mga kasapi ay magsusulat sa manila paper ng alam nilang anyong lupa at anyong tubig sa lugar na nakasulat sa manila paper.
 - Pag nakaikot na ang mga kasapi sa lahat ng pangkat, pagsasama-samahin ng mga kasapi ang datos na makakalap mula sa mga isinulat ng lahat ng mga mag-aaral sa manila paper.
 9. luulat ng bawat pangkat ang mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa lalawigan nakatakda sa kanilang pangkat.
 10. Talakayin ang isinagawang gawain at pag-uulat ng bawat pangkat sa pamamagitan ng sumusunod na tanong:
 - Ano-ano ang mga anyong lupa at anyong tubig na makikita sa bawat lalawigan?

- Ano ang masasabi ninyo tungkol sa bawat isa?
- Sa mga naibigay na mga lugar, alin kaya ang pinakatanyag sa buong klase? Bakit ninyo nasabi na pinakatanyag ito?
- Sa mga naiulat na mga anyong tubig at anyong lupa, alin ang pinakamalaki o pinakamaliit?

(Palitan ang mga tanong ayon sa katangian ng anyong lupa at anyong tubig, halimbawa, alin sa anyong lupa ang mas mataas, bakit mo nasabi ito)

11. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng **Gawain B** sa LM pp.____. Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral.
12. Talakayin ang pagpapahalaga sa mga anyong lupa at anyong tubig ng sariling lalawigan at rehiyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng dalawang larawan na nagpapahayag ng pagpapahalaga sa anyong lupa at anyong tubig ng lalawigan at rehiyon.

(Maghanap ng larawan ng pangunahing anyong lupa at anyong tubig ng lalawigan- ang isang larawan ay nakikita ang pangangalaga at ang isa naman ay nagpapakita ng kapabayaan)

Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

- Anong kaibahan ng dalawang larawan ng anyong lupa at anyong tubig na ito sa ating lalawigan?
 - Ano ang nararamdaman mo sa unang larawan at sa pangalawang larawan?
 - Alin dito ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa ating anyong lupa at anyong tubig?
 - Paano mo masasabi na ikaw ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa anyong lupa at anyong tubig?
 - Anong mangyayari kung papahalagahan natin ang ating anyong lupa at anyong tubig?
 - Ano naman ang mangyayari kapag tayo ay nagpabaya?
 - Paano natin maipakikita ang pagpapahalaga sa ating anyong lupa at anyong tubig?
13. Ipagawa ang **Gawain C** sa LM pp. _____. Ipaliwanag ang nais makita sa kanilang gawain sa pamamagitan ng pagtalakay ng rubric ng gawain.
 14. Bigyang pansin ang kaisipan sa **Tandaan Mo**.

IV. Pagtataya:

Ipasagot ang gawain sa **Natutuhan Ko** LM p._____.

Maaring gamitin ang pagtataya na ginawa para sa sariling lalawigan at rehiyon.

V. Takdang Aralin:

Gumawa ng sariling mapa ng lalawigan na nagpapakita ng iba pang anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa inyong lugar.

DRAFT
April 10, 2014

**ARALIN 9. Pagkakaugnay-ugnay ng mga Anyong Tubig
at Anyong Lupa sa Aking Lalawigan at
Rehiyon**

Takdang Panahon: 2 araw

I. Layunin:

1. Natutukoy ang pagkakaugnay-ugnay ng mga anyong tubig at anyong lupa sa sariling lalawigan at rehiyon.
2. Napapahalagahan ang pagkakaugnay-ugnay ng mga anyong tubig at anyong lupa sa sariling lalawigan at rehiyon.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagkakaugnay-ugnay ng mga Anyong Tubig at Anyong Lupa sa Sariling Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: mga larawan ng magkakaugnay anyong lupa at anyong tubig, talahanayan o talaan, manila paper, pentel pen, rubric, nilikhang tula

Sanggunian: K to 12, **AP3LAR-If-9**

Integrasyon: Sining, Filipino

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Ipabigkas sa mga bata ang isang likhang tula tungkol sa mga anyong lupa at anyong tubig ng lalawigan at rehiyon.

Itanong:

- a. Ano ang mensahe ng tula?
- b. Naniniwala ka ba na magkakaugnay-ugnay ang mga anyong lupa at anyong tubig sa ating lalawigan?

Sabihin:

“Subukin nating alamin ang mga anyong lupa at anyong tubig na magkakaugnay sa ating lalawigan. Tingnan natin sa ating mapa.”

Inaasahan na ang guro ay mapapakita ng pisikal na mapa ng rehiyon at ipatukoy sa pamamagitan ng simbolo ang mga anyong lupa o anyong tubig na makikita sa kanilang lalawigan.

2. Iugnay ang pagtukoy sa mapa sa Panimula LM p. _____. Talakayin ito upang maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.
3. Magpakita ng mga larawan sa mga bata na nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga anyong lupa at anyong tubig. Ipabasa ang mga katanungan at sabihing unawain upang masagot ito pagkatapos ng aralin.

Lagyan ng larawan ng sumusunod:

- Unang larawan - Larawan ng Mt. Banahaw na nag-uugnay sa Lalawigan ng Laguna at Quezon
- Ikalawang larawan – Larawan ng Bulkang Taal na nasa paligid ng lawa ng Taal at Lawa ng Bombon na nasa Crater ng Bulkang taal
- Ikatlong larawan – Larawan ng Lungsod ng Pitong Lawa

(Palitan ng mga larawan na naayon sa sariling lalawigan at sa Rehiyon)

4. Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod gamit ang malikhaing istratehiya.

- Anong anyong lupa ang nag-uugnay sa Lalawigan ng Quezon at Lalawigan ng Laguna na makikita sa unang larawan?
- Sa ikalawang larawan, anong anyong tubig ang pinag-ugnay ng Bulkang Taal?
- Ano namang anyong tubig ang magkakaugnay sa ikatlong larawan?
- Paano nagkakaugnay-ugnay ang mga anyong lupa at anyong tubig sa ating lalawigan at rehiyon?

B. **Paglinang:**

1. Ipabasa ang babasahin tungkol sa aralin sa **Tuklasin Mo** LM p. ____ at pasagutan ang mga tanong. Ipakita ang mapa ng Sierra Madre at Pasig River habang tinatalakay ang mga paksa. (Paalala: Bigyang pansin ang paksang pag-aaralan.)
2. Ipagawa ang pangkatang gawain at ipaliwanag ang **Gawain A** sa LM p ____.
3. Pangkatin ang mga bata ayon sa bilang ng lalawigan at bigyan ng takdang lalawigang pag-aaralan.
4. Ipatala ang magkakaugnay na anyong lupa at anyong tubig na magkakaugnay sa inyong lalawigan gamit ang mapang topograpiya ng kanilang rehiyon.
5. Gamitin ang rubric sa pagtasa ng output sa ibaba.
6. Gabayan ang bawat pangkat sa pag-uulat ng natapos na gawain gamit ang talahanayan o talaan na inihanda sa LM p. ____ . Talakayin ang mga ulat ng mga mag-aaral sa tulong ng sumusunod na katanungan
 - Ano-anong anyong lupa at anyong tubig ang nag-uugnay sa mga lalawigan ng inyong rehiyon?
 - Ano ang anyong lupa sa inyong lalawigan o rehiyon na kaugnay pa sa ibang lalawigan at rehiyon?
 - Masasabi mo ba na lahat ng sinasakop ng anyong lupa o tubig na ito ay nakikinabang sa mga magkakaugnay na anyong lupa at tubig?
7. Magbigay ng ganitong halimbawa sa mga mag-aaral.
 - Saan matatagpuan ang Bulkang Taal?
 - Ano ang mga hanapbuhay sa Lawa ng Taal?
 - Kumikita ba ang mga taga-Taal, Batangas sa Bulkang Taal?
 - Alam mo ba na mas higit na nakikinabang ang mga Tagaytay sa Cavite sa Bulkang Taal? Sa papaanong paraan kaya?
 - Kung susuriin, ano ang lokasyon ng Tagaytay? Di nga ba nasa mataas itong lugar na nakikita ang Bulkang Taal? Dahil sa naging tanyag ang Taal bilang pinakamaliit na bulkan, naenganyo ang mga turista na dumayo at makita ito. Sa Tagaytay mas nakikita ang ganda ng bulkan, maliban din sa ganda ng lugar ng Tagaytay. Kung kaya, dumami ng husto ang dumayo dito at naging isang industriya na ang pagbabakasyon sa Tagaytay.
8. Pagkatapos mailahad at maiulat ng bawat pangkat, ipagawa ang **Gawain B** LM p. ____ . Sundin ang panuto na nakasaad dito. Magbigay ng kaunting “background” tungkol sa proyektong “Kapit Bisig Para sa Ilog Pasig”.

Basihin ito para sa sarili at hindi para sa mga bata upang magkaroon ng “background information”

Kapit para sa Ilog Pasig (KBPIP) is the river-rehabilitation project of ABS-CBN Foundation, Inc., launched on February 24, 2009. We aim to rehabilitate Metro Manila's waterways by focusing on the esteros (creek) first, after which we will be concentrating all efforts on the Pasig River, Manila Bay and Laguna de Bay.

We envision that by Year 2016, the Pasig River will be freed from solid wastes, reach an official classification of Class C for the Pasig River its tributaries based on DENR DAO 34, regain its natural ecosystem, respected, enjoyed, and utilized as a source of transportation by Filipinos.

A key aspect in our rehabilitation effort is the "kapit-bisig" or coming together of different sectors-the youth, corporations, armed forces, nonprofit organizations, people's organizations and local government units and agencies-to once more give a chance to revive the historic Pasig River. With the help of our partners and donors, we adapted the following strategies in rehabilitating an estero, our model of which is Estero de Paco.

- Relocation of informal settler families that reside on the three-meter easement of the estero.
- Development and remediation techniques on the estero to significantly reduce waste effluents and establish a green hub for the residents to utilize and enjoy.
- Reinforcement of R.A. 9003 or the Ecological Solid Waste Management Act in the barangays surrounding the estero through on ground information, education and communication (IEC) campaigns.
- Training of community volunteers we call "River Warriors," that guard the estero 24/7.
- Rehabilitation of the Paco Market which used to be a major contributor of waste in the estero.
- Organizing an annual Run for the Pasig River as a fundraising campaign.
- Monitoring of the water quality improvements by the Pasig River Rehabilitation Commission.

9. Ipagawa at ipaliwanag ang panuto ng **Gawain C** LM p. ____.
Bigyan ng mga kailangang kagamitan sa pagsasagawa ng larawan. Gabayan ang mga mag-aaral o pangkat na nangangailangan ng tulong. Gamitin ng wasto ang rubric na nakalaan para sa gawaing ito.
10. Matapos magawa ang gawain at mabigyan ng tamang puntos, ipabuod ang aralin gamit ang sumusunod na tanong:
 - Paano nagkakaugnay-ugnay ang mga anyong lupa at anyong tubig sa inyong lalawigan at rehiyon?

- Ano ang kahalagahan ng pagkakaugnay-ugnay ng mga anyong lupa at anyong tubig sa inyong lalawigan at rehiyon?
11. Talakayin ang mga kasagutan at iwasto ang mga ito. Bigyang pansin ang kaisipan sa **Tandaan Mo**, LM p. ____

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko**.

V. Takdang Gawain:

Gumawa ng mapa ng iba pang anyong lupa at anyong tubig na magkakaugnay sa ating lalawigan. Gumamit ng rubric sa pagpupuntos ng natapos na gawain.

Rubric sa Pagguhit at Pagpapaliwanag

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Pagpapaliwanag	Naipapaliwanag nang napakalinaw ang paksa	Naipapaliwanag nang malinaw ang mga katanungan	Di-gaanong malinaw ang pagpapaliwanag
Kaalaman sa paksa	Nakapagbibigayng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Nakapagbibigayng sapat at maayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Di-gaanong sapat ang pagpapaliwanag na isinulat
Organisasyon	Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain
Kalinisan ng Pagkakaguhit at Pagkakakulay	Maayos ang pagkakaguhit at malinis ang pagkakakulay	Medyo maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay	Hindi maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay

ARALIN 10. Paggawa ng Mapa ng Mahahalagang Anyong Lupa at Anyong Tubig sa sariling Lalawigan at Rehiyon at mga Karatig Nito

Takdang Panahon: 3 araw

I. Layunin:

1. Nakagagawa ng payak na mapa na nagpapakita ng mahahalagang anyong lupa at tubig sa sariling lalawigan at rehiyon
2. Nagagamit ang mapa sa pagtukoy ng mahahalagang anyong lupa at anyong tubig sa sariling lalawigan at rehiyon..

II. Paksang Aralin:

Paksa: Paggawa ng mapa na nagpapakita ng Mahahalagang Anyong Lupa at Anyong Tubig sa sariling Lalawigan at mga karatig Lalawigan

Kagamitan: mapang topograpiya, map puzzle
K to 12 - **AP3LAR-If-10**

Integrasyon: Sining

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Pagbalik-aralan ang mga anyong lupa at anyong tubig sa rehiyon.
2. Ipaawit ang likhang awit para sa mga anyong lupa at anyong tubig sa rehiyon. Itanong:
 - Ano-ano ang mga anyong lupa at tubig na nabanggit sa awit?
 - Saan matatagpuan ang mga ito ayon sa awit?

(Ang likhang awit ay halimbawa lamang sa Rehiyon IV-CALABARZON at MIMAROPA. Maaring magkaroon ng sariling panimula).

Awitin natin!

Tayo na sa Calabarzon

(Tune of Tayo na sa Antipolo)

Tayo na sa CALABARZON
Pasyalan ang ating rehiyon
Mga anyong tubig at lupa
Ay tunay na nakamamangha
Bundok Banahaw sa Quezon
Bundok Makiling sa Laguna ang sikat
Bulkang Taal sa Batangas
Puerto Azul sa Cavite
Halina't tayo na!

Awitin Natin!

MIMAROPA

(Tune of Ako ay may Lobo)

Rehiyon IV MIMAROPA

Kahali – halina

Tayo na at libutin

Magagandang tanawin

Puting buhangin sa baybayin nito

Turista ay dumarayo

Palawan Underground River

Pasyalan ng maraming tao,

Oriental/Occidental Mindoro

Bundok Halcon nasa gitna nito

MIMAROPA ay inyong puntahan

Ng masilayan ang kagandahan

B. Paglinang

1. Iugnay ang awit sa aralin sa pamamagitan ng pagtalakay ng susing tanong sa **Alamin Mo** LM p.____.
2. Ipakita ang halimbawang tunay na mapang pisikal ng sariling rehiyon at ipasuri ito sa mga mag-aaral. Itanong ang mga sumusunod:
 - Anong nakikita mo sa mapang ito?
 - Ano ano ang mga simbolo na nakikita mo?

- Bukod pa sa mga simbolo ng anyong lupa at anyong tubig, ano pa ang nakikita sa mapa?
 - Paano ka natutulungan na mahanap ang lugar gamit ang mapa?
3. Bigyan ng panguhit at papel ang bawat bata. Maaring pangkatin ang mga bata.
 4. Ituon ang kanilang pansin sa Tuklasin Mo LM p. ____ at gabayan sila sa bawat hakbang sa kanilang gawain gamit ang mga gabay sa LM p. ____.
 5. Bigyan ng pagkakataon na magawa ng mga bata ang kani-kanilang mapa.
 6. Bago ipagawa ang Gawain A LM p.____, inaasahan na natalakay ng guro ang ilang mahahalagang bahagi sa mapa ng sariling rehiyon. Buuin ang mga tanong ng Gawain A. ipagawa sa mga mag-aaral pag nabuo na ang mga tanong batay sa pisikal na katangian ng sariling lalawigan at rehiyon. Iwasto ang mga kasagutan dito.
 7. Buuin muna ang tanong sa Gawain B bago ito ipagawa sa mga mag-aaral. Pangkatin ang mga bata sa lima (5). Ipagawa ang Gawain B LM p. ____ . Basahin ang panuto sa mga mag-aaral.

Ang Paglalakbay ng mga Batang Iskawts

Nagkaroon ng pagkakataong makasama sa kamping ng mga Kab Iskawts ang mga bata mula sa Ikatlong Baitang ng Lopez West Elementary School noong nakaraang Linggo. Bilang bahagi ng kanilang gawain sa araw na iyon ay gagawa sila ng mapa upang mahanap ang mga nawawalang piraso ng puzzle ayon sa direksyon na nakasulat sa task kard. Limang istasyon ang dapat nilang madaanan upang mabuo nila ang puzzle. Ang bawat istasyon ay mayroong nakatakdang aawain upana makuha ana piraso na puzzle.

8. Ipagawa ang Gawain C LM p, ____.
9. Bigyang pansin ang kaisipan sa **Tandaan Mo**. Itanong: Paano nakakatulong ang mapa sa pagtukoy at paglarawan ng mga katangian ng sariling lalawigan at mga karatig nito sa rehiyon?

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang gawain sa "**Natutuhan Ko**" LM p. _____. Bigyan ng kaukulang puntos batay sa tamang impormasyon sa sariling rehiyon. Gamitin ang minumungkahing rubrics sa pagbigay ng puntos sa ginawang mapa ng mga mag-aaral.

Kategorya	3	2	1
Nilalaman	Kinapapalooban ng magandang konsepto tungkol sa pangkapaligiran	Kinapapalooban ng konsepto na malapit sa paksang pangkapaligiran	Malayo ang konsepto sa paksang pangkapaligiran
Pagkamalikhain	Kinakikitaan ng kulay at kakaibang konsepto	Kinakikitaan ng kulay ngunit payak ang konsepto	Walang kulay at payak ang konsepto
Kalinisan	Malinis ang gawa at walang bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Malinis ang gawa ngunit may kaunting bura ng lapis at lampas ng pangkulay	Marumi ang pagkakagawa, puro bura ng lapis at lampas na pangkulay

V. **Takdang Gawain:**

Gumupit ng larawan ng mga anyong lupa at tubig sa iyong bayan. Gumuhit din ng mapa ng iyong bayan at dito idikit ang mga larawan iyong ginupit.

ARALIN 11.1 Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya

Takdang Panahon: 3-5 araw

I. Layunin:

1. nakapagtukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib sa sariling lalawigan at rehiyon gamit ang hazard map;
2. nakagagawa ng mga hakbang ng pagtugon bilang paghahanda sa mga posibling sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib

Kagamitan: Mga larawan ng mga kalamidad o sakuna na dulot ng kalikasan, "Landslide and Flood Susceptibility Map," "Flood Hazard Map," "Geohazard Map" ng "Marikina Fault Line."

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 11.1



K to 12 - **AP3LAR-Ig-11.1**

Integrasyon: Disaster Risk Reduction Management



III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga anyong tubig at anyong lupa na napag-aralan na sa "Loop a Word."
2. Ilahad ang mga larawan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan tulad ng baha, pagguho ng lupa, lindol, tsunami at storm surge. Gumamit ng "concept map" na ipinakikita ang mga kalamidad tulad ng nasa baba.



k L i d



(Papunan sa mga mag-aaral ng mga titik ang mga kahon upang mabuo ang salitang KALAMIDAD)

3. Itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ipinahahayag ng mga larawan?
- Aling sa mga kalamidad ang inyong naranasan?
- May kaugnayan ba ang mga kalamidad sa lokasyon at topograpiya ng lalawigan o rehiyon?
- Aling anyong lupa o anyong tubig ang maiuugnay sa bawat kalamidad?

4. Bigyang diin ang kaugnayan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan sa mga anyong lupa at anyong tubig ng sariling lalawigan at rehiyon. Magbigay ng halimbawa batay sa naranasan na kalamidad sa sariling lalawigan at rehiyon.

B. **Paglinang:**

1. Itanong sa mga bata ang mga kalamidad na naranasan nila sa kanilang lalawigan. Ipasagot ang tanong sa **“Alamin Mo LM p. _____”**
2. Ipabasa ang news clip ukol sa isang kalamidad na naganap kamakaylan lang (Ondoy – pagbaha at pagguho ng lupa) sa Tuklasin MoLM. p. _____.

3. Talakayin ang news clip gamit ang mga sumusunod na tanong.
4. Ipaliwanag sa mga bata na may iba't-ibang uri ng mapa. Sila ngayon ay gagamit ng "**Hazard Map**". Ipaliwanag kung ano ito at ano ang gamit nito sa pamamagitan ng sumusunod na impormasyon:

Ito ay isang uri ng mapa na nagpapakita ng mga lugar na maaaring maapektuhan at mapinsala ng mga kalamidad tulad ng pagbaha, bagyo, pagguho ng lupa at lindol. Ginagamit ito upang matukoy ang mga lugar na maaring manganib sa iba't-ibang uri ng kalamidad.

5. Maghanda ng Flood Hazard Map ng sariling lalawigan at rehiyon. Maaring sumangguni sa lokal na Planning Office upang makakuha ng aktual na mapa. Ipakita ito sa mga bata at talakayin ang aktual na datos ng sariling lalawigan. maaring itanong ang mga sumusunod:
 - a. Ano-ano ang mga natural na panganib na karaniwang nararanasan ng lalawigan/ lungsod? Rehiyon?
 - b. Aling mga lugar sa rehiyon ang sensitibo sa mga sumusunod na panganib?
 - Pagguho ng lupa
 - Bagyo at pagbaha
 - Lindol
 - c. Ano ang katangian ng mga lugar na mataas ang posibilidad ng pagbaha kapag may bagyo?
 - d. Ano naman ang katangian kapag mataas ang posibilidad ng pagguho ng lupa?
 - e. Ano ang kaugnayan ng lokasyon at topograpiya sa maaring maranasan na kalamidad ng isang lugar?
6. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Ipagawa ang pangkatang gawain batay sa "Task Card" sa *Gawain A LM p. ____*. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Hazard Maps.
7. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat na makapag-ulat. Paalalahanin sila na itatunton sa mapa ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya.
8. Ipagawa ang Gawain B LM p. _____. Gamitin ang inihandang Hazard map ng sariling rehiyon. Talakayin ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya gamit ang "Data Retrieval Chart". Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng gawain.


9. Paglalahat

Bigyang diin ang kaiisipan sa **Tandaan Mo LM**, p. ____.

Itanong: Bakit kailangan malaman natin ang mga lugar na sensitibo sa panganib?

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko LM**, p. __. *Maaring* dagdagan ang mga tanong na naakma sa sariling lalawigan at rehiyon. maaring idagdag ang mga sumusunod na tanong batay sa rehiyon.



1. Aling lalawigan/lungsod ang may katamtamang antas na makaranas ng pagbaha?
A. Cavite
B. Quezon
C. Laguna
D. lahat ng lalawigan
2. Alin sa mga lalawigan/lungsod ang may mataas na antas na makaranas ng pagbaha?
A. Batangas
B. Rizal
C. silangang bahagi ng Quezon
D. Cavite
3. Alin sa mga lalawigan/lungsod ang may pinakamababang antas na makaranas ng pagbaha?
A. Rizal
B. laguna
C. ibang bahagi ng Quezon
D. Cavite
4. Saang lugar ang may mataas na antas na maaaring maganap ang pagguho ng lupa?
A. Kabundukan
B. Kapatagan
C. Tangway
D. Dalampasigan

5. Mataas ang antas na makaranas ng pagbaha ang bayan ng Cainta dahil ito ay nasa _____.
- A. Tabing dagat
 - B. Mataas na lugar
 - C. Mababang lugar
 - D. Kapatagan

V. **Takdang Gawain:**

Papagdalhin ng mga mag-aaral ng tig-isang larawan (news clip) ng mga kalamidad na naganap sa sariling rehiyon at naganap sa ibang rehiyon. Sa dalawa hanggang tatlong pangungusap ipaghambing ang mga sakunang naranasan ng sariling rehiyon at ibang rehiyon.

DRAFT
April 10, 2014

ARALIN 11.1 Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya

Takdang Panahon: 3-5 araw

I. Layunin:

1. nakapagtukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib sa sariling lalawigan at rehiyon gamit ang hazard map;
2. nakagagawa ng mga hakbang ng pagtugon bilang paghahanda sa mga posibling sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib

Kagamitan: Mga larawan ng mga kalamidad o sakuna na dulot ng kalikasan, "Landslide and Flood Susceptibility Map," "Flood Hazard Map," "Geohazard Map" ng "Marikina Fault Line."

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 11.1


K to 12 - **AP3LAR-Ig-11.1**

Integrasyon: Disaster Risk Reduction Management




III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga anyong tubig at anyong lupa na napag-aralan na sa "Loop a Word."
2. Ilahad ang mga larawan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan tulad ng baha, pagguho ng lupa, lindol, tsunami at storm surge. Gumamit ng "concept map" na ipinakikita ang mga kalamidad tulad ng nasa baba.



k		L				i	d		
---	--	---	--	--	--	---	---	--	--



(Papunan sa mga mag-aaral ng mga titik ang mga kahon upang mabuo ang salitang KALAMIDAD)

3. Itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ipinahahayag ng mga larawan?
- Aling sa mga kalamidad ang inyong naranasan?
- May kaugnayan ba ang mga kalamidad sa lokasyon at topograpiya ng lalawigan o rehiyon?
- Aling anyong lupa o anyong tubig ang maiuugnay sa bawat kalamidad?

4. Bigyang diin ang kaugnayan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan sa mga anyong lupa at anyong tubig ng sariling lalawigan at rehiyon. Magbigay ng halimbawa batay sa naranasan na kalamidad sa sariling lalawigan at rehiyon.

B. Paglinang:

1. Itanong sa mga bata ang mga kalamidad na naranasan nila sa kanilang lalawigan. Ipasagot ang tanong sa **“Alamin Mo LM p. _____”**
2. Ipabasa ang news clip ukol sa isang kalamidad na naganap kamakaylan lang (Ondoy – pagbaha at pagguho ng lupa) sa Tuklasin MoLM. p. _____.

3. Talakayin ang news clip gamit ang mga sumusunod na tanong.
4. Ipaliwanag sa mga bata na may iba't-ibang uri ng mapa. Sila ngayon ay gagamit ng "**Hazard Map**". Ipaliwanag kung ano ito at ano ang gamit nito sa pamamagitan ng sumusunod na impormasyon:

Ito ay isang uri ng mapa na nagpapakita ng mga lugar na maaaring maapektuhan at mapinsala ng mga kalamidad tulad ng pagbaha, bagyo, pagguho ng lupa at lindol. Ginagamit ito upang matukoy ang mga lugar na maaring manganib sa iba't-ibang uri ng kalamidad.

5. Maghanda ng Flood Hazard Map ng sariling lalawigan at rehiyon. Maaring sumangguni sa lokal na Planning Office upang makakuha ng aktual na mapa. Ipakita ito sa mga bata at talakayin ang aktual na datos ng sariling lalawigan, maaring itanong ang mga sumusunod:
 - a. Ano-ano ang mga natural na panganib na karaniwang nararanasan ng lalawigan/ lungsod? Rehiyon?
 - b. Aling mga lugar sa rehiyon ang sensitibo sa mga sumusunod na panganib?
 - Pagguho ng lupa
 - Bagyo at pagbaha
 - Lindol
 - c. Ano ang katangian ng mga lugar na mataas ang posibilidad ng pagbaha kapag may bagyo?
 - d. Ano naman ang katangian kapag mataas ang posibilidad ng pagguho ng lupa?
 - e. Ano ang kaugnayan ng lokasyon at topograpiya sa maaring maranasan na kalamidad ng isang lugar?
6. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Ipagawa ang pangkatang gawain batay sa "Task Card" sa Gawain A LM p. _____. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng Hazard Maps.
7. Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat na makapag-ulat. Paalalahanin sila na itaunton sa mapa ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya.
8. Ipagawa ang Gawain B LM p. _____. Gamitin ang inihandang Hazard map ng sariling rehiyon. Talakayin ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya gamit ang "Data Retrieval Chart". Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng gawain.


9. Paglalahat

Bigyang diin ang kaiisipan sa **Tandaan Mo LM**, p. ____.

Itanong: Bakit kailangan malaman natin ang mga lugar na sensitibo sa panganib?

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko LM**, p. __. Maaring dagdagan ang mga tanong na naakma sa sariling lalawigan at rehiyon. maaring idagdag ang mga sumusunod na tanong batay sa rehiyon.



1. Aling lalawigan/lungsod ang may katamtamang antas na makaranas ng pagbaha?
A. Cavite
B. Quezon
C. Laguna
D. lahat ng lalawigan
2. Alin sa mga lalawigan/lungsod ang may mataas na antas na makaranas ng pagbaha?
A. Batangas
B. Rizal
C. silangang bahagi ng Quezon
D. Cavite
3. Alin sa mga lalawigan/lungsod ang may pinakamababang antas na makaranas ng pagbaha?
A. Rizal
B. laguna
C. ibang bahagi ng Quezon
D. Cavite
4. Saang lugar ang may mataas na antas na maaaring maganap ang pagguho ng lupa?
A. Kabundukan
B. Kapatagan
C. Tangway
D. Dalampasigan

5. Mataas ang antas na makaranas ng pagbaha ang bayan ng Cainta dahil ito ay nasa _____.
- A. Tabing dagat
 - B. Mataas na lugar
 - C. Mababang lugar
 - D. Kapatagan

V. **Takdang Gawain:**

Papagdalhin ng mga mag-aaral ng tig-isang larawan (news clip) ng mga kalamidad na naganap sa sariling rehiyon at naganap sa ibang rehiyon. Sa dalawa hanggang tatlong pangungusap ipaghambing ang mga sakunang naranasan ng sariling rehiyon at ibang rehiyon.

DRAFT

April 10, 2014

ARALIN 11.2. Mga Maagap at Wastong Pagtugon sa mga Panganib na Madalas Maranasan ng Sariling Rehiyon

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

1. Natutukoy ang maagap at wastong pagtugon sa mga panganib na madalas maranasan ng sariling rehiyon
2. Nagagawa ang maagap at wastong pagtugon sa mga panganib

II. Paksang Aralin:

Paksa: Maagap at Wastong Pagtugon sa mga Panganib na Madalas Maranasan ng Sariling Rehiyon

Kagamitan: Mga larawan ng mga sakuna na dulot ng kalikasan, manila paper, krayola, mapang politikal ng bansa

Sanggunian: Modyul 1, Aralin 11.2
K to 12 - **AP3LAR-Ig-11.2**

Integrasyon: Disaster Risk Reduction Management Lesson

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Paglalahad ng mga mag-aaral ng mga larawan ng mga kalamidad na naganap sa kanilang lalawigan o rehiyon at sa ibang rehiyon. Idikit ang mga larawan ayon sa tamang hanay.

KALAMIDAD NA NAGANAP SA AKING REHIYON	KALAMIDAD NA NAGANAP SA IBANG REHIYON
NCR – pagbaha noong Bagyong Ondoy	Bicol Region – Pagputok ng Bulkang Mayon

Tanong:

- Ano ang napansin ninyo sa mga sakunang naranasan natin sa ating rehiyon at ng ibang rehiyon?

- Ano ang pagkakatulad ng mga sakunang naganap sa ating rehiyon at ibang rehiyon? Ano naman ang pagkakaiba?
- Bakit may pagkakaiba at pagkakatulad ang mga sakunang nagaganap sa iba't ibang rehiyon ng bansa?

B. Paglinang:

1. Itanong sa mga mag-aaral kung aling kalamidad ang nararanasan na nila. Ipabahagi sa mga bata kung ano ginawa nila noong panahon ng kalamidad. Ipasagot ang tanong sa **“Alamin Mo LM p. ____”**
2. Ipabasa ang “dialogue” ng mga bata na pinag-uusapan ang kanilang mga karanasan sa nangyaring kalamidad at ang paghahanda na dapat gawin para dito. Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga sumunod na tanong.
3. Maghanda ng mga news clips tungkol sa mga sakuna na nararanasan sa sariling lalawigan. Talakayin ang mga nararanasan sa lalawigan sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:
 - a. Ano ang naranasang sakuna?
 - b. Ano ang naging epekto sa buhay ng mga tao at sa pangkabuhayan ng mga ito?
 - c. Ano ang naging paghahanda na nakita mo sa inyong lalawigan?
 - d. Sa palagay mo ba naiwasan ang pinsala sa paghahanda na ito? Bakit mo nasabi ito?
 - e. Ano naman ang ginawa mo o gagawin pa lang sakaling mangyari ito sa iyo? ibahagi sa klase.
4. Pangkatin ang mga mag-aaral sa tatlo. Ipagawa ang pangkatang gawain Gawain A LM p. ____ batay sa “Task Card” sa ibaba. Ihanda ang graphic organizer sa manila paper at ipamahagi sa mga pangkat.

Humanap ng mga kapalit na “Maagap at Wastong Pagtugon” sa mga kalamidad na nararanasan sa rehiyon.
Reference: DepEd Disaster Risk Reduction Resource Manual
(Downloadable sa www.deped.aov.ph)

Pangkat 1

Paksa: Maagap at Wastong Pagtugon sa Bagyo at Baha
Graphic Organizer: Tree Diagram
Estratehiya sa Pag-uulat: Dula-dulaan o News Casting

- Pumili ng pinuno ng pangkat.
- Maglunsad ng “Brain Storming” ukol sa maagap at wastong pagtugon sa baha.
- Gawin ang graphic organizer at ihanda ang dula-dulaan.

Bago Mangyari ang Bagyo at Baha


- Maghanda ng emergency kit na may laman na pagkain, flashlight, radyong de batirya, kapote at mga damit, gamot.
- Alamin ang antas na makaranas ng pagbaha sa inyong lugar.
- Makinig sa balita ukol sa pagbaha sa inyong lugar.

Sa Panahon ng Bagyo at Baha

- Makinig sa radyo ng balita tungkol sa kalagayan ng pagbaha sa inyong lugar.
- Huwag lulusong sa baha upang makaiwas sa sakit.

Pagkatapos ng Bagyo at Baha

- Mikinig sa radyo ng balita tungkol sa mga lugar na apektado pa ng baha.
- Iwasang pumunta sa mga lugar na binabaha pa.



Pangkat 2:

Paksa: Maagap at Wastong Pagtugon sa Lindol

Graphic Organizer: Concept map

Estratehiya sa Pag-uulat: News Casting

- Pumili ng lider ng pangkat.
- Maglunsad ng “Brain Storming” tungkol sa maagap at wastong pagtugon sa Lindol.
- Gawin ang graphic organizer at ihanda ang news casting sa pag-uulat.

Paghahanda sa Lindol


- Maghanda ng emergency kit na may laman na pagkain, flash light, radyong de batirya, pito at mga damit, gamot.
- Makilahok sa mga earthquake drills.

Sa Panahon ng Lindol

- Isagawa ang “Dock, Cover and Hold.”
- Iwasan ang pagkataranta (panic).

Pagkatapos ng Lindol

- Mabilis at maayos na lumabas ng gusali o bahay.
- Siguraduhing ligtas ang gusali o bahay bago pumasok ulit dito.



Pangkat 3:

Paksa: Maagap at Wastong Pagtugon sa Pagguho ng Lupa, Graphic Organizer: concept map

Estratehiya sa Pag-uulat: Dula-dulaan

- Pumili ng lider ng pangkat.
- Maglunsad ng "Brain Storming" tungkol sa maagap at wastong pagtugon sa pagguho ng lupa.
- Gawin ang graphic organizer at ihanda ang dula-dulaan sa pag-uulat.

Bago ang pagguho ng Lupa


- Tukuyin ang mga lugar na mataas ang posibilidad ng pagguho at iwasang magtayo ng anumang istruktura rito.
- Maging alerto kung nakaroon ng lindol o kaya ay malakas at matagal na pag-ulan na maaring maging sanhi ng pagguho
- Gumawa ng maayos na plano sa paglikas kung gumuho ang lupa.

Sa Panahon ng pagguho ng lupa

- Agad na lisanin ang lugar patungo sa mas mataas na pwesto.

Pagkatapos ng pagguho ng lupa

- Makinig sa balita tungkol sa naganap na kalamidad
- Lumayo muna sa lugar na gumuho dahil baka may kasunod pang pagguhong mangyari
- Magpatulong sa mga rescuers kung may nangangailangan ng tulong sa gumuhong lugar



5. Pag-uulat ng mga Pangkat
Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat na makapag-ulat.
6. Talakayin ang "Data Retrieval Chart" Gawain B LM p. ____
Itanong:
 - Ano ang dapat gawin bago mangyari ang isang kalamidad?
 - Anong paghahanda ang dapat gawin bago ang kalamidad? Habang may kalamidad? Pagkatapos ng kalamidad?
 - Paano ang pagkakatulad ng mga paghahanda na isagawa sa mga kalamidad? Paano naman ang kanilang pagkakaiba?
 - Bakit mahalaga ang paghahanda para sa mga kalamidad?
7. Ipagawa ang Gawain C LM p.____. Ipaliwanag ang panuto at gabayan ang mga mag-aaral kung kinakailangan.
8. Paglalahat
Bigyang diin ang kaiisipan sa **Tandaan Mo** LM p.____.
Itanong: Bakit kinakailangang malaman at maisagawa ang paghahanda at wastong pagtugon sa mga kalamidad?

IV. **Pagtataya:**
Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM, p. __

V. **Takdang Gawain:**

Itala ang mga paghahandang ginagawa ng inyong pamilya at barangay para sa mga darating na mga kalamidad.

VI. **Culminating Activity**

Estratehiya: Transcendental Exercise

Background music: Soft Instrumental Music

Sabihin sa klase:

*"Mga bata dahandahang ipikit ang mga mata.
Damhin ang katahimikan ng kapaligiran. Inyong pakiramdaman
ang tibok ng inyong puso at ang inyong paghinga. Tayo ngayon*

ay maglalakbay sa mga nakalipas na mga pangyayari. Halika simulan na natin ang ating paglalakbay.

Tayo ay maglalakbay sa mga lugar na nasalanta ng kalamidad. Mag-isip ka ng isang kalamidad na naranasan natin sa ating rehiyon. Iyong isipin, ano ang mga nangyayari noong panahon ng kalamidad na ito. Ano naging epekto nito sa ating kapaligiran at pamumuhay. Sa ating paglalakbay nakikita mo ba ang ating kahandaan sa kalamidad?

Ikaw bilang isang bata, ano ang gagawin mo bilang paghahanda sa kalamidad na iyong iniisip. Iguhit ito sa iyong isipan. Pagbilang ko ng tatlo unti-unti ninyong imulat ang inyong mga mapa. Pero huwag niyong kakalimutan ang iyong ginuhit sa iyong isipan. Pagmulat ng iyong mga mata maaari na kayong magsimula sa inyong gawain. Maaaring ipahayag ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagguhit, pagsulat ng tula, awit, rap, talata o paggawa ng mga slogan.”

Tanong:

“Bilang isang bata paano ka makatutulong sa iyong pamilya sa paghahanda sa mga kalamidad sa iyong munting paraan?”

Maaaring ihayag ang iyong ng mga mag-aaral ang kanilang sarili sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- pagguhit
- pagsulat ng tula
- pagsulat ng talata
- pagsulat ng awit o rap
- pagsulat ng mga slogan

ARALIN 12. Mga Pangunahing Likas na Yaman ng mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

- Nailalarawan ang mga pangunahing likas na yaman na matatagpuan sa lalawigan o rehiyon.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Pangunahing Likas na Yaman ng mga Lalawigan o Rehiyon

Kagamitan: mga larawan ng mga likas na yaman, manila paper, krayola, lapis,

Saggunian: K to 12, **AP3LAR-Ih-12**

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Ipakita ang mga larawan ng iba-ibang mga likas na yaman ng sariling lalawigan at rehiyon. Balik aralan ang aralin tungkol sa likas yaman ng pamayanan sa ikalawang baitang. Ipatukoy sa mga mag-aaral kung anong uri ng likas na yaman ang mga ito.
2. Simulan ang paksang aralin sa pamamagitan ng mga susing tanong sa **Alamin Mo**. Subukang pasagutan sa mga bata. Iugnay sa aralin ang kanilang mga sagot.

B. Paglinang

1. Talakayin ang kaugnayan ng pangkabuhayan at ang likas na yaman ng lugar. Itanong ang mga sumusunod:
 - Ano ang mga pangunahin pangkabuhayan ng kanilang lalawigan?
 - Ano ang mga likas na yaman na pinagkakakitaan sa kanilang lalawigan?
2. Iugnay ito sa paksang tatalakayin, Mga Likas na Yaman sa Mga Lalawigan.

(Inaasahan na ang mga guro ay maghahanda ng fact sheet ng mga pangunahing likas na yaman ng lalawigan at rehiyon. Maaring sundan ang outline sa ibaba)

- I. Likas yamang Lupa
 - a. Likas yaman ng Kagubatan
 - b. Likas yaman ng Kabundukan
- II. Likas yamang dagat
- III. Yamang Tao
- IV. Iba pang yaman kagaya ng tubig at langis

3. Ipabasa ang **Tuklasin Mo** LM p. ____ at pasagutan ang mga sumusunod na tanong.
4. Ipagawa ang mga Gawain sa **Gawin Mo** LM p. ____ . Ipaliwanag ang mga panuto ng bawat gawain.

Gawain A

- Pangkatin ang klase sa apat.
- Batay sa nakuhang impormasyon sa Tuklasin Mo, ipagawa ang “brainstorming” sa mga pangkat. Alamin nila ang mga pangunahing likas na yaman ng sariling lalawigan at ng mga lalawigan sa karatig na rehiyon.
- Bilang isang pangkat, palagyan ng kaukulang impormasyon ang venn diagram.
- Talakayin ang mga sagot ng bawat pangkat at iwasto ang mga sagot kung kinakailangan.

Gawain B

- Sa kaparehong pangkat, ipagawa ang *Data Retrieval Chart* batay sa Fact Sheet ng Rehiyon (inaasahan na ang guro ang maghahanap ng impormasyong ito).
- Bago sagutan ang chart, maaring magkaroon muna ng “brain storming” ang bawat pangkat. Itakda sa bawat pangkat ang kanilang sasaliksikin sa bawat lalawigan ng kanilang rehiyon ayon sa mga sumusunod:
 - Pangkat I – Yamang Lupa
 - Pangkat II – Yamang Tubig
 - Pangkat III – Yamang Mineral
 - Pangkat IV- Yamang Gubat
- Itanong: Alin sa mga likas na yaman ang may pagkakatulad sa ibang lalawigan?

Gawain C

- Ipagawa ng indibiduwal sa bawat bata. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagpapanatili ng likas yaman ng lalawigan at rehiyon.
- Magkaroon ng dula dulaan sa wastong paggamit ng likas na yaman ng lalawigan. Magbigay ng halimbawang situwasyon na nagpapakita ng pangyayari ng wastong paggamit at hindi wastong paggamit. Maaring ipaliwanag na malaki ang epekto ng wasto at di-wastong paggamit ng likas na yaman.
- Pagkatapos ng talakayan, maari nang ipaggawa sa ga mag-aaral. Itanong kung ano ang kanilang mungkahing gawin upang mapanatili ang kasaganaan ng mga Likas Yaman ng Rehiyon. ipasulat ito sa sariling sagutang papel.
- Kapag nahirapan ang mga bata, maari itong ipagawa ng pangkatan.

5. Paglalahat

- Bigyang diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo** LMp. ____
- Itanong:
 - Pare-pareho ba ang likas na kayamanan ng lahat ng lalawigan sa rehiyon?
 - Paano nagkakaiba ang mga ito?

IV. **Pagtataya:**

1. Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LMp. ____
2. Ipagawa ito sa kanilang sagutang papel.

V. **Takdang Gawain:**

Gumupit o gumuhit ng mga larawan ng mga Likas na yaman at pangkatin ito ayon sa uri. Ilagay sa envelop at pangalanan ayon sa uri.

**ARALIN 13.2. Matalinong Pagangasiwa sa Likas na Yaman:
Kaunlaran ng Rehiyon at Lalawigan**

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

1. Nakabubuo ng konklusyon na ang matalinong pangangasiwa ng likas na yaman ay may kinalaman sa pag-unlad ng sariling lalawigan at rehiyon; at
2. Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng lalawigan o rehiyon na umunlad dahil sa wastong pangangalaga ng kanilang likas na yaman

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagbuo ng Konklusyon na ang Matalinong Pangangasiwa ng Likas na Yaman ay may Kinalaman sa Pag-unlad ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: Larawan na nagpapakita ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman na nakatutulong sa pag-unlad ng lalawigan at rehiyon, mga makukulay na larawang kuha sa Puerto Princesa Underground River at iba.

Saggunian: K to 12, **AP3LAR-Ii-13.2**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng larawan na nagpapakita ng matalinong pamamaraan ng pangangasiwa ng likas na yaman.
2. Itanong:
 - Anong masasabi ninyo sa larawan?
 - Paano nakatutulong sa pag-unlad ng isang lugar ang ipinaaabot na mensahe ng larawan?.
3. Gawing lunsaran sa bagong aralin ang sagot ng mga bata.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa "Alamin Mo".
Paano nakatutulong sa pag-unlad ng sariling lalawigan at rehiyon ang matalinong pangangasiwa ng likas na yaman?
2. Magpalitan ng opinion/ideya tungkol sa paksa.
3. Isulat ang sagot ng mga bata upang maging batayan ng talakayan.
4. Ituon ang pansin ng mga bata sa mga larawan sa **Tuklasin Mo** LM p. ____.
5. Pasagutan at talakayin sa mga mag-aaral ang mga tanong sa ibaba ng mga larawan.
6. Ipabasa nang tahimik ang maikling kuwento tungkol sa *Puerto Princesa Underground River*.
7. Sa talakayan ay sabihin sa mga mag-aaral na ang Underground River ay nasa Lungsod ng Puerto Princesa, Lalawigan ng Palawan. At ito ay bahagi g Rehiyon IV-MIMAROPA. Bukod dito, magbigay ng karagdagang dagdagang impormasyon tungkol sa Underground River.
8. Pasagutan at talakayin sa klase ang mga sumusunod na tanong.
9. Ipagawa ang mga Gawain sa **Gawin Mo** LM p. ____

Gawain A (Pangkatang Gawain)

- Paggawa g poster. Ipaalala ang kahulugan nito.
- Sabihin sa mga bata na ang ilalagay sa poster ay mga aktuwal na pangyayari o gawain sa kanilang lalawigan o rehiyon.

Rubric sa Poster

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Pagpapaliwanag	Naipapaliwanag nang napakalinaw ang paksa	Naipapaliwana g nang malinaw ang mga katanungan	Di-gaanong malinaw ang pagpapaliwanag

Kaalaman sa paksa	Nakapagbibigay ng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Nakapagbibigay ng sapat at maayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Di-gaanong sapat ang pagpapaliwanag na isinulat
Organisasyon	Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain
Kalinisan ng Pagkakaguhit at Pagkakakulay	Maayos ang pagkakaguhit at malinis ang pagkakakulay	Medyo maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay	Hindi maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay

Gawain B (Indibidwal na Gawain)

- Ipaliwanag sa mga bata na ang hinihinging impormasyon ay mga paraan kung paano nakakatulong sa pag-unlad ng isang lalawigan o ang gawaing ipinapakita sa larawan.
- Ipagawa ang gawain sa sariling sagutang papel.

Gawain C

(Pangkatang Gawain)

- Pangkatin ang mga mag-aaral. Ipaliwanag ang panuto
- Pagtulungan ng pangkat na bumuo ng tula o awit tungkol sa pag-unlad ng kabuhayan ng lalawigan kung ang mga tao ay pinapanatili ang likas na yaman ng sariling lalawigan.
- Maaring ipaliwanag muna sa mga mag-aaral kung ano ang mangyayari kapag hindi matalino ang paggamit ng likas na yaman ng lalawigan.
- Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling pamagat.

9. Pag-usapan at bigyang diin ang mahalagang kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. _____.
10. Gabayan ang mga mag-aaral na masagot ang sumusunod na tanong:
 - Ano-ano ang mga paraan sa matalinong pangangasiwa ng likas na yaman?
 - Bilang isang mag-aaral, ano kaya ang maitutulong mo upang mapangasiwaan ang likas na yaman sa inyong lugar?
 - Mahalaga ba ang wastong pangangasiwa sa likas na yaman isang lugar?
 - Paano ito nakakatulong sa pag-unlad ng lalawigan o rehiyon?

IV. **Pagtataya:**

Basahin at sagutan ang "**Natutunan Ko**"

References:

<http://calabarzon.denr.gov.ph/index.php/86-region-news-items/375-denr-calabarzon-planted-trees-on-independence-day>

<http://www.abante-tonite.com/issue/may2011/>

<http://misteryongpalawan.blogspot.com/2012/12/underground-river.html#!/2012/12/underground-river.html>

<http://www.castpel.com/post/guidelines-to-follow-when-taking-a-puerto-princesa-underground-river-tour#sthash.1hmZePSb.dpuf>

April 10, 2014

ARALIN 13.1.Matalino at Di-matalinong paraan ng Pangangasiwa sa mga Likas na Yaman ng Sariling Lalawigan at RehiyonRehiyon

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

1. Nasusuri ang matalino at di-matalinong paraan ng pangangasiwa sa mga likas na yaman ng sariling lalawigan at rehiyon; at
2. Napapahalagahan ang mga paraan ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa sariling lalawigan at rehiyon.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Matalino at Di-matalinong Pangangasiwa ng Likas na Yaman

Kagamitan: larawan na nagpapakita ng pangangalaga sa mga likas na yaman (yamang tubig, yamang lupa, yamang gubat, yamang mineral) 4 na manila paper ($\frac{1}{4}$ bawat isa), krayola o anumang pangkulay, pentel pen, lapis

Sanggunian: K to 12, **AP3LAR-li-13.1**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng ilang larawan na nagpapakita sa paraan ng matalino at di-matalinong pangangasiwa ng likas na yaman.
2. Itanong:
 - Ano ang naapapansin ninyo sa larawan?
 - Ano ang ipinahihiwatig ng nito?
3. Isulat ang mga kasagutan ng mga bata sa pisara.
4. Pagkatapos mapag-usapan ang mga larawan ay ituon ang pansin ng mga bata sa kanilang mga sagot nanakasulat sa pisara. Itanong:
 - Alin sa palagay ninyo ang matalinong pangangasiwa sa likas na yaman at alin ang hindi. (Pasulatan ng ✓ kung katalinuhan at X kung hindi ng bawat bilang)
5. Iugnay ang sagot ng mga bata sa paglalahad ng aralin.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang mga susing tanong sa "Alamin Mo" LM p. ____.
2. Magsagawa ng "brainstorming" tungkol sa paksa.
3. Itala lahat ng sagot ng mga bata sa pisara upang maging batayan ng talakayan.
4. Ibasang at talakayin ang "Tuklasin Mo" LM p. ____.
Pagkatapos ay itaon ang pansin ng mga bata sa paksang **Pangangasiwa sa Likas na Yaman.**
5. Isa-isahin ang pagtalakay ayon sa uri ng likas na yaman.
 - a. Pangangasiwa sa yamang kagubatan
 - b. Pangangasiwa sa yamang tubig
 - c. Pangangasiwa sa yamang lupa
 - d. Pangangasiwa sa yamang mineral
6. Pasagutan at talakayin ang sumunod na mga tanong.
7. Ipagawa ang bawat Gawain sa **Gawin Mo** LM p. ____.

Gawain A

- Pangkatin ang mga mag-aaral.
- Ipaliwanag na sa gagawing poster ay dapat makita ang wastong pangangalaga sa kalikasan.
- Pakulayan ang ginawang poster sa anumang pangkulan na maaari nilang gamitin. Ipalahad sa klase ang bawat ginawa ng pangkat.
- Gumamit ng rubrics sa pagmamarka ng kanilang ginawang poster.

Rubric sa Poster

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Pagpapaliwanag	Naipapaliwanag nang napakalinaw ang paksa	Naipapaliwanag nang malinaw ang mga katanungan	Di-gaanong malinaw ang pagpapaliwanag

Kaalaman sa paksa	Nakapagbibigay ng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Nakapagbibigay ng sapat at maayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Di-gaanong sapat ang pagpapaliwanag na isinulat
Organisasyon	Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain
Kalinisan ng Pagkakaguhit at Pagkakakulay	Maayos ang pagkakaguhit at malinis ang pagkakakulay	Medyo maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay	Hindi maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay

Gawain B

- Sa parehong pangkat, ipaisip ang likas yaman ng sariling lalawigan. Ipagawa ang cluster map ayon sa natapos na paksa. Palitan ang gitnang bilog ayon sa uri ng likas na yaman na matatagpuan sa sariling lalawigan.
Hal. Matalinong Pangangasiwa ng (pangalan ng likas yaman ng lalawigan), Di-Matalinong Pangangasiwa ng (pangalan ng likas yaman ng lalawigan)
- Gamitin ang Cluster Map sa pagtalakay ng matalino at si matalinong pangangasiwa ng likas na yaman ng lalawigan.
- Itanong:
 - Ano ang mga gawain na nagpapakita ng matalinong pangangasiwa ng likas yaman?
 - Ano ang epekto ng matalinong pagamit ng likas yaman?
 - Ano naman ang mga gawain na nagpapakita ng di matalinong pagamit ng likas yaman?
 - Ano naman ang epekto nito sa mga likas yaman ng lalawigan?

Gawain C

- Bigyan ng sagutang papel at sa parehong pangkat, ipagawa ang Gawain C.
- ipasulat sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga at pagpapanatili sa likas na yaman. Paano maipapkita ang pagpapahalaga ng likas na yaman ng lalawigan? Ipaalaala sa mga bata kung ano ang *slogan* bago magsimula ng gawain.

8. Bigyang diin ang mga kaisipan sa “Tandaan Mo”.
- Ibigay ang gabay na tanong upang mapalawak ang kaisipan?
- Ano-ano ang mga paraan g matalino at di-matalinong pangangasiwa sa likas na yaman? (Ibigay ang uri ng likas na yaman upang maisa-isa ang mga ito)
 - May epekto ba ang paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman? Paano?

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM p. ____.

V. **Takdang Aralin**

Indibidwal na Gawain: Proyekto (Scrap Book)

Gumupit o gumuhit ng mga larawan ng matalino at di-matalinong pangangasiwa ng likas na yaman. Idikit o gawin ito sa bond paper. Isulat sa ibaba ng larawan kung ito ay matalinong pangngangasiwa o hindi matalinong pangangasiwa.

Reference:

<http://todosabongga.blogspot.com/2010/08/putol.html>

**ARALIN 13.2. Matalinong Pangangasiwa sa Likas na Yaman:
Kaunlaran ng Rehiyon at Lalawigan**

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

1. Nakabubuo ng konklusyon na ang matalinong pangangasiwa ng likas na yaman ay may kinalaman sa pag-unlad ng sariling lalawigan at rehiyon; at
2. Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng lalawigan o rehiyon na umunlad dahil sa wastong pangangalaga ng kanilang likas na yaman

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagbuo ng Konklusyon na ang Matalinong Pangangasiwa ng Likas na Yaman ay may Kinalaman sa Pag-unlad ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: Larawan na nagpapakita ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman na nakatutulong sa pag-unlad ng lalawigan at rehiyon, mga makukulay na larawang kuha sa Puerto Princesa Underground River at iba.

Saggunian: K to 12, **AP3LAR-II-13.2**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng larawan na nagpapakita ng matalinong pamamaraan ng pangangasiwa ng likas na yaman.
2. Itanong:
 - Anong masasabi ninyo sa larawan?
 - Paano nakatutulong sa pag-unlad ng isang lugar ang ipinaaabot na mensahe ng larawan?
3. Gawing lunsaran sa bagong aralin ang sagot ng mga bata.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa “Alamin Mo”.
Paano nakatutulong sa pag-unlad ng sariling lalawigan at rehiyon ang matalinong pangangasiwa ng likas na yaman?
2. Magpalitan ng opinion/ideya tungkol sa paksa.
3. Isulat ang sagot ng mga bata upang maging batayan ng talakayan.
4. Ituon ang pansin ng mga bata sa mga larawan sa **Tuklasin Mo** LM p. ____.
5. Pasagutan at talakayin sa mga mag-aaral ang mga tanong sa ibaba ng mga larawan.
6. Ipabasa nang tahimik ang maikling kuwento tungkol sa *Puerto Princesa Underground River*.
7. Sa talakayan ay sabihin sa mga mag-aaral na ang Underground River ay nasa Lungsod ng Puerto Princesa, Lalawigan ng Palawan. At ito ay bahagi g Rehiyon IV-MIMAROPA. Bukod dito, magbigay ng karagdagang dagdagang impormasyon tungkol sa Underground River.
8. Pasagutan at talakayin sa klase ang mga sumusunod na tanong.
9. Ipagawa ang mga Gawain sa **Gawin Mo** LM p. ____

Gawain A (Pangkatang Gawain)

- Paggawa g poster. Ipaalala ang kahulugan nito.
- Sabihin sa mga bata na ang ilalagay sa poster ay mga aktuwal na pangyayari o gawain sa kanilang lalawigan o rehiyon.

Rubric sa Poster

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Pagpapaliwanag	Naipapaliwanag nang napakalinaw ang paksa	Naipapaliwana g nang malinaw ang mga katanungan	Di-gaanong malinaw ang pagpapaliwanag

Kaalaman sa paksa	Nakapagbibigay ng pinakatama at pinakamaayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Nakapagbibigay ng sapat at maayos na pagsulat upang ipaliwanag ang aralin	Di-gaanong sapat ang pagpapaliwanag na isinulat
Organisasyon	Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain
Kalinisan ng Pagkakaguhit at Pagkakakulay	Maayos ang pagkakaguhit at malinis ang pagkakakulay	Medyo maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay	Hindi maayos ang pagkakaguhit at pagkakakulay

Gawain B (Indibidwal na Gawain)

- Ipaliwanag sa mga bata na ang hinihinging impormasyon ay mga paraan kung paano nakakatulong sa pag-unlad ng isang lalawigan o ang gawaing ipinapakita sa larawan.
- Ipagawa ang gawain sa sariling sagutang papel.

Gawain C

(Pangkatang Gawain)

- Pangkatin ang mga mag-aaral. Ipaliwanag ang panuto
- Pagtulungan ng pangkat na bumuo ng tula o awit tungkol sa pag-unlad ng kabuhayan ng lalawigan kung ang mga tao ay pinapanatili ang likas na yaman ng sariling lalawigan.
- Maaring ipaliwanag muna sa mga mag-aaral kung ano ang mangyayari kapag hindi matalino ang paggamit ng likas na yaman ng lalawigan.
- Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na bumuo ng sariling pamagat.

9. Pag-usapan at bigyang diin ang mahalagang kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. ____.
10. Gabayan ang mga mag-aaral na masagot ang sumusunod na tanong:
- Ano-ano ang mga paraan sa matalinong pangangasiwa ng likas na yaman?
 - Bilang isang mag-aaral, ano kaya ang maitutulong mo upang mapangasiwaan ang likas na yaman sa inyong lugar?
 - Mahalaga ba ang wastong pangangasiwa sa likas na yaman isang lugar?
 - Paano ito nakakatulong sa pag-unlad ng lalawigan o rehiyon?

IV. **Pagtataya:**

Basahin at sagutan ang "**Natutunan Ko**"

References:

<http://calabarzon.denr.gov.ph/index.php/86-region-news-items/375-denr-calabarzon-planted-trees-on-independence-day>

<http://www.abante-tonite.com/issue/may2011/>

<http://mysteryongpalawan.blogspot.com/2012/12/underground-river.html#!/2012/12/underground-river.html>

<http://www.castpel.com/post/guidelines-to-follow-when-taking-a-puerto-princesa-underground-river-tour#sthash.1hmZePSb.dpuf>

Aralin 14: Ang Kapaligiran ng Aking Lalawigan at mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 3-5 araw

I. Layunin:

1. Natutukoy ang ilang katangiang pisikal katulad ng klima, panahon, lokasyon at kabuuang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa;
2. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga natatanging katangiang pisikal at kabuuang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon sa pamamagitan ng malikhaing sining
3. Nakabubuo ng sariling interpretasyon o paglalarawan ng kapaligiran ng kinabibilangang lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagbuo ng Interpretasyon ng Kapaligiran ng Sariling Lalawigan at karatig na mga Lalawigan ng Rehiyon
Gamit ang Mapa

Kagamitan: Larawan ng mga simbolo ng anyong lupa at anyong tubig, mapang topograpikal at pisikal, graphic organizers na gagamitin sa talakayan

Sanggunian: K to 12, **AP3LAR-IJ-14**

Integrasyon:	Sining
--------------	--------

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magkaroon ng pangkatang gawain tungkol sa mga natatanging anyong lupa at anyong tubig sa mga lalawigan sa rehiyon.
 - Maghanda ng mga larawan ng iba't ibang anyong lupa o anyong tubig ng iba't ibang lalawigan sa rehiyon.
 - Pangkatin ang mga mag-aaral sa limang pangkat at bigyan ng tig-dadalawang larawan ang bawat pangkat.
 - Maghanda ng larawan ng mapa ng bawat lalawigan ng rehiyon at idikit sa pisara.

- Sabihin sa mga mag-aaral na isipin nila ang mga nagdaang aralan tungkol sa kanilang lalawigan at mga karatig nito sa kanilang rehiyon.
 - Ipadikit sa pisara ang pisikal na katangian na pinapakita ng larawan sa iniisip nilang angkop na lalawigan
2. Ipakita ang mapa ng sariling rehiyon, pukawin ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasabi ng;

“Tama kaya ang pagkakalagay ninyo ng mga larawan sa bawat lalawigan? Ano ang inyong pinagbatayan sa paglalagay ng larawan sa bawat lalawigan sa mapa? Malalaman natin ang mga kasagutan sa pagpapatuloy ng ating aralin”.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin sa tulong ng mga pagganyak na tanong na mababasa sa “Alamin Mo” LM p.____.
 - Paano mo ilalarawan ang iyong sariling lalawigan?
 - Paano nagkakaipareho o nagkakaiba ang mga katangian ng lalawigan sa ating rehiyon?
2. Pag-usapan ang mga sagot ng mga bata. Gawing batayan sa pagtatalakayan ng aralin at ipabasa ang **Tuklasin Mo** LM p.____. Ipasagot ang mga sumusunod na tanong.
3. Hatiin ang klase sa apat (4) na pangkat. Bigyan ng takdang-gawain ang bawat pangkat. Bigyan ng sapat na oras ang mga bata para masagutan ang mga gawain/tanong na nakalaan sa kanila. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain
 - Pangkat 1 - Ano-ano ang katangiang pisikal ng inyong lalawigan?
 - Pangkat 2 - Ano ang panahon na madalas maranasan sa lalawigan?
 - Pangkat 3 – Saan ang lokasyon ng inyong lalawigan sa rehiyon? Ano ang mga karatig lalawigan o anyong tubig/lupa?
 - Pangkat 4 - Ano pangunahing pangkabuhayan ng lalawigan? Anong dahilan nito?
4. Talakayin ang mga output. Ipaunawa sa mga mag-aaral ang konsepto ng paglalarawan ng katangiang pisikal ng sariling lalawigan at rehiyon sa pamamagitan ng sumusunod na tanong:
 - Paano mo mailalarawan ang pisikal na katangian ng sariling lalawigan at karatig nito?
 - Ano ano mga inpormasyon ang kailangan mong alamin upang makapaglarawan ka?

5. Ipasagot ang **Gawain A** LM p. ____ na maaring isahan o pangkatang gawain. Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa bilang ng lalawigan sa rehiyon (lima para sa IV-Calabarzon). Magpakopya ng template na mga mapa ng bawat lalawigan ayon sa bilang ng bawat pangkat.
6. Bigyan ang bawat pangkat ng kanilang takdang lalawigan at pasagutan ang **Gawain B** LM p. ____ . Gamitin ang modelong rubrics upang bigyang puntos ang gawain ng bawat pangkat.

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 puntos)	Hindi Mahusay (2-1 puntos)
Kawastuhan	Nakabuo nang wastong mapa na may kumpletong detalye ng klima, panahon, katangiang pisikal/topograpiya at lokasyon ng lalawigan.	Nakabuo ng mapa na may di-gaanong detalye ng klima, panahon, katangiang pisikal/topograpiya at lokasyon ng lalawigan.	Di-nakabuo ng mapa ng klima, panahon, katangiang pisikal/topograpiya at lokasyon ng lalawigan.
Organisasyon	Naiguhit ang mapa nang maayos, tahimik at naayon sa mga panutong ibinigay ng guro	Di-gaanong naiguhit ang mapa nang maayos, tahimik at naayon sa mga panutong ibinigay ng guro	Di-naiguhit ang mapa nang maayos, tahimik at naayon sa mga panutong ibinigay ng guro
Kalinisan ng gawa	Nakagawa ng isang mapa sa pinakamalinis na paraan: walang punit, gusot, at bura	Di gaanong nakagawa ng isang mapa sa malinis na paraan.	Hindi malinis ang nagawang mapa ng silid-aralan: kinakitaan ng bura, punit at gusot

7. Ipagawa ang **Gawain C** LM p. ____ sa kanilang sagutang papel.
8. Pag-usapan at bigyang diin ang mahalagang kaisipan na matatagpuan sa loob ng kahon ng “Tandaan Mo”.

IV. Pagtataya:

Ihanda ang pagsusulit batay sa **Natutuhan Ko** LM p. ____ .
langkop ang mga tanong ayon sa sariling lokasyon.

Batay sa mapa ng rehiyon, piliin ang pinakaangkop na paglalarawan sa bawat lalawigan ng rehiyon.

1. Si Ding ay taga-Dasmaringas, Cavite at naimbitahan ng kanyang pinsan na bisitahin siya sa Tagaytay City. Paano niya ilalarawan ang kanyang biyahe papuntang Tagaytay?
 - a. Siya ay dadaan sa isang lawa.
 - b. Siya ay paakyat sa bulubunduking lugar.
 - c. Siya ay bibiyahe sa patag na daan.

- d. Siya ay dadaan sa isang kagubatan.
2. Ang pinakamalapit na daanan mula Tagaytay hanggang sa Bulkang Taal ay isang bangka sapagkat _____.
- Isang ilog ang madadaan papunta doon.
 - Isang lawa ang madadaan papunta doon.
 - Isang dagat ang madadaan papunta doon,
 - Isang talon ang madadaan papunta doon.
3. Aling dalawang lalawigan ang dinadaan ng kabundukan ng Sierra Madre?
- Batangas at Cavite
 - Cavite at Laguna
 - Cavite at Rizal
 - Laguna at Rizal
4. Alin sa mga sumusunod na lalawigan ang hindi tabi-dagat?
- Cavite
 - Batangas
 - Laguna
 - Quezon
5. Ano ang kabuuang pisikal na katangian ng lalawigan ng Rizal?
- Kapatagan
 - Katubigan
 - Kabundukan
 - Tangway
6. Si Jayson ay taga-Palawan at naimbitahan ng kanyang pinsan na bisitahin siya sa Occidental Mindoro. Paano niya ilalarawan ang kanyang biyahe papuntang Occidental Mindoro?
- Siya ay dadaan sa isang lawa.
 - Siya ay paakyat sa bulubunduking lugar.
 - Siya ay bibiyahe sakay ng sasakyang pandagat.
 - Siya ay dadaan sa isang kagubatan.
7. Ang kalupaan ng Oriental at Occidental Mindoro ay nahahati sa pamamagitan ng _____.
- Bulubundukin ng Halcon.
 - Bundok Iglit-Baco.
 - Bundok Guiting-Guiting,
 - Bundok Malindig.
8. Ano ang kabuuang pisikal na katangian ng mga lalawigan sa MIMAROPA?
- Kapatagan
 - Bulubundukin
 - Burol
 - Tangway
9. Anong lalawigan ang binubuo ng tatlong pangunahing pulo?
- Marinduque
 - Oriental Mindoro
 - Romblon
 - Palawan
10. Alin sa mga sumusunod ang aktibong bulkan na matatagpuan sa Marinduque?
- Bulubundukin ng Halcon.
 - Bundok Iglit-Baco.
 - Bundok Guiting-Guiting,
 - Bundok Malindig.

V. **Takdang Gawain:**

Paggawa ng Mapa ng Sariling Lalawigan at Rehiyon

Panuto:


- Pagmasdan ang anyo ng inyong lalawigan.
- Ano-ano ang inyong nakikita?
- Bumuo ng sariling mapa ayon sa inyong lalawigan at rehiyon ayon sa inyong pagkaunawa gamit ang konsepto ng katangiang pisikal/topograpiya, klima, panahon at lokasyon nito.
- Gawing gabay sa pagbuo ng mapa ang mga panandang nasa loob ng bilog.
- Bigyan ng paliwanag ang inyong ginawang mapa.

Fact Sheet: Rehiyon IV-Calabarzon

Ang Rehiyon IV-Calabarzon ay nasa timog kanlurang bahagi ng Luzon, ang pinakamalaking isla ng bansa. Ang rehiyon ay napapalibutan ng Rehiyon II at III sa hilagang kanluran at ng Region V at Dagat Pasipiko sa timog kanluran. Ang mga lalawigan ng Batangas, Cavite at katimugang bahagi ng Quezon ay napapalibutan ng mga anyong tubig na China Sea, Tayabas Bay at Mogpog Pass. Pinakamalapit naman ang mga lalawigan ng Rizal, Laguna at Cavite sa Kalakhang Manila, ang kabisera ng bansa, mula sa timog na bahagi ng Luzon.

Karaniwan sa klima ng rehiyon ay ang tag-init mula Nobyembre hanggang Abril at ang tag-ulan sa mga natitirang buwan ng taon. May mga panahon naman lalo na sa timog na bahagi ng rehiyon, ang mahabang panahon ng tag-ulan kaysa sa tag-init. Ang Cavite at ang hilagang bahagi ng Batangas ay karaniwang nakakaranas ng natatanging panahon na tag-init at tag-ulan sa buong taon habang ang mga lalawigan ng Quezon, Laguna at Rizal naman ay walang tanging (distinct) panahon na tag-init o tag-ulan bagkus nararanasan ng mga taga rito ang ganitong panahon maging ano mang oras sa buong taon.




Pansinin ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig na makikita sa iba't ibang lalawigan ng rehiyon ayon sa mapa. Ano ano ang pagkakapareho o pagkakaiba iba ng mga kaanyuang ito? Sadya ngang natatangi ang mga ganitong kaanyuan sa rehiyong ito. Katunayan, nakaka-enganyo pa sa mga turista ang mga natatanging anyong lupa at anyong tubig ng rehiyon.



Bulubundukin nga kung maituturing ang lalawigan ng Rizal, ngunit dito matatagpuan ang mga nagagandahang talon ng Hinulugang Taktak sa Antipolo City at ang Daranak Falls sa Tanay, Rizal. May talon ding makikita sa Laguna, ang talon ng Pagsanjan, na siyang dinarayo pa ng mga turista. At kung kabundukan din lamang ang pinagusapan, wala nang tataas pa sa pinakamataas na lugar ng rehiyon ang bundok ng Makiling na sa Laguna din matatagpuan. Sa mga nais na umakyat sa bundok na ito ay maring madaanan ang kagubatan ng Makiling. Kasama ang Makiling at ang bundok ng Banahaw. Matatagpuan naman sa Quezon ang kabundukan ng Sierra Madre. Ang buong Sierra Madre ay makikita sa dakong Silangan ng rehiyon. Sa Laguna matatagpuan ang isa sa pinakamalaking lawa sa mundo, ang Laguna de Bay. May lawa din na makikita sa Batangas kung saan naman makikita ang pinakamaliit na bulkan sa mundo, ang bulkang Taal. Mas matatanaw ang kagandahan ng bulkang Taal sa Tagaytay City, isang mataas na bahagi sa lalawigan ng Cavite. Kung iikutin lamang ang buong rehiyon, siguradong maraming kaanyuang lupa at tubig ang makikita na nagpapakilala ng pisikal na kapaligiran ng rehiyon.

Ang Rehiyong IV-Calabarzon ay may malawak na pinagkukunang yaman mula sa matabang lupain para sa taniman hanggang sa mahabang baybayin upang pangisdaan. Ang saganang likas yaman ng rehiyon ang isa sa mga dahilan kung bakit ang malaking bahaging ng ikinabubuhay ng mga taga rito ay pagsasaka at pangingsda. Malaking bahagi din ng ikinabubuhay ng mga tao ay ang maunlad na industryang pangkomersyo. Sapagkat ang rehiyon ay malapit sa Kalakhang Manila, ang halos lahat ng siyudad ng rehiyon ay maituturing na maunlad at pamayanang urban. Marami ang naghahanap buhay at pumapasok sa mga opisina at pabrika ng elektroniks at iba't ibang pangunahing gamit tulad ng damit at mga pagkain sa mga maunlad na siyudad ng Sta. Rosa, Laguna, ng Batangas

City sa Batangas, at ng Dasmarias City sa Cavite . Gayunpaman, marami pa rin mga industriya na nagbibigay kabuhayan at nagpapakilala sa mga lalawigan ng rehiyon katulad ng paglililok at ang paggawa ng palayok at banga ng Paete, Laguna at ang paghahabi at pagawaan ng lambanog sa Tayabas, Quezon.




April 10, 2014

FactSheet: Rehiyon IV-Mimaropa

Ang Rehiyon IV-MIMAROPA ay nasa timog katagalugan. Ang mga karatig rehiyon ay ang rehiyon IV-CALABARZON sa Hilaga, rehiyon V sa Silangan at rehiyon VI Timog Silangan, dagat Sulu sa Timog at Timog Dagat China sa Kanluran . Ang mga lalawigan na nasasakupan nito ay pawang mga napalilibutan ng katubigan at walang nag-uugnay na kalupaan maliban sa dalawang lalawigan ng Mindoro. Sa isla ring ito matatagpuan ang pinakasentro ng rehiyon, ang Lungsod ng Calapan.

Ang klima sa rehiyon ay nauuri sa dalawa; ang tag-araw at tag-ulan. Tuwing buwan ng Hunyo hangang Oktubre nakakaranas ang mga lalawigan ng magkakaparehong panahon, ang tag – ulan.Sa mga nalalabing buwan ay tag-araw ang nararanasan ng rehiyon. Sa limang lalawigan ng MIMAROPA Palawan ang merong konting pagkakaiba sapagkat ang kanyang Silangang bahagi ay nakakaranas ng tatlong buwang tag-araw at hindi mahulaan ang panahon ng tag-ulan sa buong taon.

Pansinin ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig na makikita sa iba't ibang lalawigan ng rehiyon ayon sa mapa. Ano ano ang pagkakaipareho o pagkakaiba iba ng mga kaanyuang ito? Sadya ngang natatangi ang mga ganitong kaanyuan sa rehiyong ito. Katunayan, nakaka-enganyo pa sa mga turista ang mga natatanging anyong lupa at anyong tubig ng rehiyon.



Mapapansin na ang mga lalawigan sa rehiyon MIMAROPA ay magkakahiwalay ngunit sa kabila nito ay mayroon din itong mga ifinatagong likas na yaman.

Ang Palawan na ikaapat sa pinakamalaking lalawigan sa Pilipinas ay binubuo ng dalawandaang maliliit na pulo ang ilan sa mga ito ay ang Busuanga, Culion, Linapacan, Cuyo, Cagayancillo at Balabak. Ang kahabaan nito ay maburot at bulubundukin. Ang mga kapatagan ng lalawigan ay makikitid at matatagpuan sa baybayin. Marami etong batis at Talon tulad ng talon ng Kayulo. Ipinagmamalaki din ng lalawigan ang St. Paul Underground River. Sinasabing may haba etong 15km. subalit 7km lamang nito ang maaaring baybayin. Dumadaloy ito sa ilalim ng mga bato at limestone. Sa Palawan din matatagpuan ang yungib ng Tabon kung saan natuklasan ang mga labi ng sinasabing pinakaunang tao sa Pilipinas.

Ang kalupaan ng Mindoro ay nahahati sa Mindoro Oriental at Mindoro Occidental sa pamamagitan ng Bulubundukin ng Halcon. Itinuturing na pangunahing yaman ng pulo ang mga burol at kapatagan nito. Sa Oriental Mindoro matatagpuan ang Talon ng Tamaraw na may taas na 423 talampakan. Ang gitnang bahagi ng Marinduque ay mabundok dito matatagpuan ang Bundok Malindig na isang aktibong bulkan. Ang mga kapatagan naman ay makitid at

paikot sa pulo. Ang Romblon ay binubuo ng tatlong pangunahing pulo, Tablas, Sibuyan at Romblon. Sa mga pulong ito ang Tablas ang pinakamalaki. Mabundok ang Tablas lalo na ang gitnang bahagi ay umaabot sa 616m. Ang mga kapatagan dito na nasa baybayin ay makikitid. Ang pulo naman ng Sibuyan tulad mg ibang pulo ng Romblon ay baku bako at mabundok. Ang pinakamataas na bundok ay ang bundok Guiting –Guiting na umaabot sa 2058 m.

Ang Rehiyong MIMAROPA ay may malawak na pinagkukunang yaman mula sa matabang lupain para sa taniman hanggang sa mahabang baybayin upang pangisdaan. Ang saganang likas na yaman ng rehiyon ang isa sa mga dahilan kung bakit ang malaking bahagi ng ikinabubuhay ng mga taga rito ay pagsasaka at pangingsda.

DRAFT
April 10, 2014

ARALIN 1. Ano ang Kultura?

Takdang Panahon: 3 araw

I. Layunin:

1. naipaliliwanag kung ano ang ibig sabihin ng kultura at mga kaugnay na konsepto
2. nailalarawan ang kultura ng sariling lalawigan batay sa ilang aspeto ng pagkakakilanlang kultural

II. Paksang Aralin:

Paksa: Ang Konsepto ng Kultura

Kagamitan: mga sinaunang kagamitan o mga kaugnay na larawan, 3 fig. 1/4 size na manila paper, lapis, krayola
regional cultural profile

website: NCCA

<http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?igm=4&i=252>

Sanggunian: Modyul 3, Aralin 1

K to 12 - **AP3PKK-IIIa-1**

Integrasyon: Pagpapahalaga sa kulturang Pilipino

Ang guro ang magdadala ng iba't ibang kagamitan na nagpapakita ng kultura ng sariling lalwigan o rehiyon.

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Simulan ang aralin gamit ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. ____.
2. Magdaos ng "brainstorming" kaugnay sa mga tanong at sa naging sagot ng mga bata.
3. Kolektahin ang mga sinaunang kagamitan na dala ng mga bata. Idisplay sa unahan ng silid aralan o kung saan madali nilang makita.
4. Batay sa dala nila magtanong ng mga sumusunod:
 - Ano ang pagkakaiba ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa pamumuhay natin ngayon?
 - mga kagamitan
 - mga damit
 - mga paniniwala
 - mga tradisyon

- Alin sa mga ito ang nakikita pa rin sa ngayon?
- Anong paniniwala o kasabihan ang hangang ngayon ay pinapaniwalaan pa rin?
- Anong masasabi natin sa kultura ng sinaunang Pilipino?

B. Paglinang:

1. Talakayin ang aralin sa **Tuklasin Mo** LM p. _____. Ipasagot ang mga tanong na nakapaloob dito.
2. Talakaying mabuti ang pagkakaiba ng materyal at di materyal na kultura. Bigyang diin ang mga uri nito.
3. Sa talakayan, tumawag ng isa o dalawang bata upang kumuha ng isang sinaunang kagamitan o larawan may kaugnayan sa uri ng kultura na tinatalakay.
Halimbawa: Ang tinatalakay ay materyal/kasuotan...
4. Sabihin sa klase: Sino ang gustong kumuha ng isang kagamitan mula sa mga nakadisplay na ito ang tumutukoy sa kasuotan? (Ang mga tatawaging bata ay inaasahang kukuha ng kimona, saya, putong, o kung ano pa man ang nasa display). Gawin ang proseso hanggang matapos ang talakayan.
5. Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga gawain sa **Gawin Mo** LM p. _____. Maaring gawing pangkatan o isahan.

Gawain A:

- Ibigay ang panuto para sa gawain.
- Ipakopya at ipagawa ito sa kanilang notebook o sagutang papel.
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng semantic web.

Gawain B:

- Pangkatin ang mag-aaral. Ibigay ang panuto ng gawain sa bawat pangkat.
- Bigyan ng manila paper at panulat sa bawat pangkat.
- Ipaulat ang kanilang gawa. Itanong kung may mga idadagdag pa ang ibang pangkat sa mga iniulat ng kanilang kakalase.

Gawain C:

- Pangkatin ang mag-aaral. Ibigay ang panuto ng gawain sa bawat pangkat.
 - Bigyan ng manila paper at panulat sa bawat pangkat.
 - Ipaulat ang kanilang gawa. Itanong kung may mga idadagdag pa ang ibang pangkat sa mga iniulat ng kanilang kakalase.
6. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata.
 7. Ang kultura ay malawak na konsepto kung kaya't maaring maipaliwanag sa mga mag-aaral ang konsepto sa pamamagitan ng mga halimbawang nakikita nila.
 8. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM. p. ____.

Batayan ng puntos ng mga pangkat.

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Kaalaman sa paksa	Nakikita ang mga halimbawa sa pinakatama at pinakamaayos na kasagutan	Nakikita ang sapat at maayos na kasagutan sa mga tanong upang maunawaan aralin	Di-gaanong sapat ang kasagutang ibinigay para maunawaan ang aralin.
Organisasyon	Maayos na nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Nakasunod sa mga poanutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain	Hindi gaanong nakasunod sa mga panutong ibinigay upang mabuo ang isinagawang gawain
Kooperasyon	Nagpakita ng pakikiisa ang bawat miyembro ng grupo sa pagbuo at pag-uulat	Nagpakita ng pakikiisa ng ilang miyembro ng grupo sa pagbuo at pag-uulat	Hindi ganong nagpakita ng pakikiisa ang miyembro ng grupo sa pagbuo at pag-uulat
Impresyon	Nag-iwan ng	Nag-iwan ng	Hindi nag-iwan

ARALIN 1.3.Paraan ng Pakikipagtulungan ng mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Takdang Panahon: 1-3 araw

I. Layunin:

1. makapagsasabi ng mga paraan ng pakikipagtulungan ng mga lalawigan sa rehiyon noon at sa kasalukuyan.
2. makapagsasabi ang kahalagahan ng pakikipagtulungan ng mga lalawigan/lungsod .

II. Paksang Aralin:

Paksa: Paraan ng Pag-aasahan

Kagamitan: fact sheet –economic trade between provinces


Saggunian: K to 12, **AP3KLR-IIb-1.3**

Integrasyon: Kahalagahan ng Pag-aasahan

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng larawan ng pinagkukunang yaman ng sariling lalawigan kagaya ng nasa graphic organizer. Palitan ng mga produkto at likas na yaman ng sariling lalawigan.



2. Magpakita ng isa pang graphic organizer ng likas na yaman ng karatig na lalawigan na kagaya ng nasa itaas.
3. Itanong ang mga sumusunod:
 - Batay sa mga graphic organizers, ano ano ang mga likas na yaman na nakikita sa sariling lalawigan at sa karatig na lalawigan?
 - Ano naman ang mga produkto na hindi nakikita sa bawat lalawigan?
 - Bakit hindi lahat ng produkto ay nakikita sa bawat lalawigan?
 - Ano ang katangian ng bawat lalawigan na naangkop sa kanilang produkto?

Halimbawa:

Bakit ang ating lalawigan ay gumagawa ng _____ ?

Bakit naman ang kabilang lalawigan ay gumagawa ng _____ ?

Saan nila kukunin ang mga produktong hindi nila ginagawa?

- Kung sakaling gusto ng mga tao ang isang produkto na hindi nakikita sa sariling lalawigan, saan nila ito bibilhin?
 - Sa ating lalawigan, ano ang mga produktong hindi natin ginagawa ngunit binibili natin sa ibang lalawigan?
4. Magpakita ng mga produkto galing sa mga grocery kagaya ng sardinas na delata. Ipakita sa mga bata na kahit hindi pa nila ito ginagawa, nabibili pa rin nila ang mga produkto mula sa pag-aangkat sa ibang lalawigan. Iugnay ito sa aralin.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang **Alamin Mo** LM p. _____. Magkaroon ng Brainstorming tungkol sa pagtutulongan ng mga lalawigan. Ipaliwanag na ang mababasa ay isa lamang halibawa.
Inaasahan na ang mga guro ay magsasaliksik ng mga halimbawa ng pag-aangkat at pagluluwas ng mga produkto mula sa iba't ibang lalawigan. Iugnay ang tatakayan sa panimula sa kahalagahan ng mga produkto mula sa iba't ibang lalawigan.
2. Ipabasa ang Tuklasin Mo LM p. _____. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong sa nabasang talata.

3. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na maipaliwanag ang sagot. Talakayin ang lahat ng sagot. Iugnay ang nabasa sa aktual na impormasyon ng sariling lalawigan at ang pagkikipagtulungan sa mga karatig na lalawigan.
Ipakita ang datos ng pagaangkat ng mga produkto na hindi gawa sa sariling lalawigan. Ipakita din na ang sariling produkto ay binibili din ng karatig na lalawigan dahil hindi sila gumagawa nito. Gumamit ng actual na datos.
4. Ipaliwanag ang panuto sa lahat ng Gawain A, B, C. **Bigyang diin na kahit pa ito ay datos ng isang rehiyon, maari din nila ikumpara ang pangyayari sa sariling nilang lalawigan.**
5. Itanong/talakayin/ipagawa ang sumusunod:

Gawain A:

- a. Ipabasa ang sitwasyon ng maayos.
- b. Ipaliwanag ang paraan ng pag-aasahang tinatanggap ng bayan sa lalawigan.
- c. Pag-usapan /talakayin ang bawat sagot ng pangkat.

Gawain B:

- b. Ipabasa ang dalawang sitwasyon.
- a. Isulat ang ipaliwanag ang paraan ng pag-aasahan ng dalawang bayan gamit ang Ven Diagram.
- b. Iulat sa Klase.

Gawain C:

- a. pangkatin sa apat ang klase.
 - b. Bigyan ang bawat pangkat ng talaan kakulangan ng bayan
 - c. Ibigay ang pormat ng gawain.
 - d. Bigyan ng sapat na oras upang mapag-hambing
 - e. ang pag-aasahan noon at ngayon.
6. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat Gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata.
 7. Bigyang diin ang mga kaisipan ng mga bata.

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko.**

V. Takdang Gawain:

1. Paghambingin ang pag-aasahan noon at ngayon sa bayang Puerto Galera at sa bayan ng San Teodoro.
2. Ipaliwanag kung paano nagkaka-tulungan ang dalawang bayan.

DRAFT
April 10, 2014

ARALIN 2: Mga Pagbabago at Nagpapatuloy sa Aking Lalawigan

Takdang Panahon: 2 na araw

I. Layunin:

1. Natatalakay ang mga pagbabago at nagpapatuloy sa sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon
AP3KLR-IIc-2

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Pagbabago at Nagpapatuloy sa Sariling Lalawigan

Kagamitan: Mga larawan ng Cotabato noon at ngayon


III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Ipakita sa mga mag-aaral ang dalawang larawan sa bata:



2. Iguhit ang Venn Diagram sa Pisara.



3. Itanong sa mga bata ang sumusunod at isulat ang mga sagot sa kaukulang espasyo sa Venn diagram.

Sanggol

- Ano-ano ang mga katangian na nakikita ninyo sa sanggol?
- Ano-ano ang mga nagagawa ng isang sanggol?

Grade 3

- Ano-ano ang mga katangian na nakikita ninyo sa larawan ng batang nasa ikatlong baitang?
- Ano-ano ang mga nagagawa ng isang batang nasa grade 3?

Pagkakapareha

- Ano-ano ang mga pagkakapareho ng mga katangian ng sanggol at ng batang nasa ikatlong baitang?
- Ano ang mga pagkakapareho sa mga nagagawa nila?
Burahin sa bawat bilog ang mga katangiang magkakapareho at isulaat ito sa ibaba ng "MAGKAKAPAREHA"

4. Sa aling bahagi ng Venn Diagram ang tumutukoy sa mga pagbabago? sa mga nagpapatuloy?
5. Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:
 - Anong mga pagbabago ang nangyari sa sanggol nang siya'y nasa ikatlong baitang na?
 - May mga katangian o gawain ba ang sanggol na napapatuloy hanggang nasa ikatlong baitang na siya? kung oo, ano-ano ang mga iyon?
 - Ano-ano pa ang mga bagay na pwede nating paghambingin base sa mga pagbabago at nagpapatuloy na nangyayari rito?
6. Iugnay ang konsepto ng "pagbabago at nagpapatuloy" sa aralin ngayon.

B. Paglinang:

1. Ipasuri ang mga iba't-ibang larawan ng Cotabato noon at sa kasalukuyan.

itanong:

- Anong nakikita ninyo sa mga larawan? sa unang hanay at sa pangalawang hanay?
- Ano-ano ang mga pagkakaiba at pagkakatapareho ng mga larawan sa dalawang hanay?

2. Ipasagot sa mga bata ang graphic organizer kagaya sa ibaba.

Bagay na nagbago sa Aming Lalawigan	Bagay na nagpapatuloy sa aming lalawigan

--	--

3. Ipaulat ang kanilang sagot. Bigyan diin ang mga pagbabago at nagpapatuloy sa kanilang lalawigan sa pamamagitan sa pagsagot sa mga tanong sa Saguting Mo sa LM p. _____
4. Talakayin ang kanilang mga sagot.
5. Pangkatin ang klase sa lima (5). Papiliin ang bawat pangkat ng kanilang lider at kalihim.
6. Ipaliwanag ang mga panuto ng mga gawain ng mga mag-aaral.
7. Ipagawa ang mga gawain sa Gawin Mo sa LM. p. _____.
8. Ipagawa ang talakayan. Ipasagot ang mga tanong sa Sagutin Mo sa LM.p._____.
9. Ipabasa ang Tandaan Mo sa LM.p._____.

IV. Pagtataya:

1. Pasagutan ang **Natutuhan Ko** sa LM.P._____

V. Takdang Aralin:

1. Magtanong sa magulang o kamag-anak ng mga kwento tungkol sa inyong lalawigan o bayan. Bigyang pansin ang mga makasaysayang pangyayaari o pagdiriwang na nagpakilala sa inyong lalawigan.

ARALIN 3: Mga Kuwento ng Kasaysayan at mga Makasaysayang Pook sa Aking Lalawigan at Rehiyon

Takdang Panahon: 4-5 na araw

I. Layunin:

1. Naisasalaysay o naisasadula ang kwento ng mga makasaysayang pook o pangyayaring nagpapakilala sa sariling lalawigan at mga karatig nito sa rehiyon. (AP3KLR-IId-3)

II. Paksang Aralin:

Paksa: Makasaysayang Pangyayari sa Aking Lalawigan
Kagamitan: Mapa ng Cotabato Empire, Teksto ng Kasaysayan ng Occidental Mindoro

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Hikayatin ang mga bata sa pagbabalik-tanaw sa mga mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay.
 - Ipapagawa ang "timeline" sa pagbuo ng kanilang mahahalagang pangyayari.
 - Ipaulat ang kanilang gawa sa maliit na grupo (anim na magkakatabing mag-aaral)

Itanong:

- Bakit mo nasasabing ito'y mahalagang pangyayari?
2. Iuugnay ang pangyayari sa buhay ng mga mag-aaral sa mga mahahalagang pangyayari na nasa kanilang lalawigan. Sumangguni sa Alamin mo sa LM p_____.

B. Paglinang:

1. Ipabasa ang "Tuklasin Mo" sa LM. P. _____
2. Ipapagawa sa mga mag-aaral ang "timeline" mula sa binasang

- talata. Sumangguni sa Gawain A sa LM p.____
3. Ipasalaysay ang mga nagawang "timeline".

Itanong:

- Ano-ano ang mga mahahalagang pangyayari sa "timeline" na iyong nabuo?
- Paano nauugnay ang pangyayaring ito sa pagkabuo ng isang lalawigan?

4. Pagsasadula ng mga makasaysayang pangyayaring naganap sa lalawigan ng Occidental Mindoro. Sundan ang gawain sa LM p._____.

5. Ipagawa sa mga mag-aaral ang "Gawain A at Gawain B". Sundan ang gawain sa LM p._____.

6. Iulat ang nagawang pananaliksik sa pamagitan ng pagsasalaysay o pagsasadula.

Itanong:

- Paano ninyo ipinakita ang inyong pagtutulungan sa gawain?
- Nagustuhan niyo ba ang ginawang pananaliksik?
- Anong nararamdaman ninyo sa natuklasan ninyo sa kasaysayan ng Cotabato?

7. Bigyan diin ang kaisipan sa "Tandaan Mo" sa LM p.____

IV. Pagtataya:

1. Pasagutan ang **Natutuhan Ko** Sumangguni sa LM.P.____
2. Gumamit ng rubrics sa pagtataya ng kanilang ginawang pagsasadula.

V. Takdang Aralin:

1. Ipapalista sa mga mag-aaral ang mga bantayog o mga monumentong nakikita sa mga karatig nitong lalawigan ng sariling rehiyon.

Mga Kuwento ng Makakasaysayang Pook o Pangyayari sa Occidental Mindoro

Ang Occidental Mindoro ay makikita sa kanlurang bahagi ng isla ng Mindoro. Simula ng panahon ng mga ninuno hanggang sa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Isla ng Mindoro ay iisang lalawigan pa lamang. Kung kaya't maituturing na pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ang paghahati ng isla sa dalawang lalawigan: ang Oriental at Occidental Mindoro. Pinagtibay ito sa pamamagitan ng Republic Act No. 505 na pinagtibay noong Hunyo 13, 1950. Inihain **ito** sa kongreso ni Assemblyman Raul Leuterio. Ang araw ng pagdiriwang ng paghahati ng dalawang lalawigan ay masayang ipinagdiriwang tuwing ika-15 ng Nobyembre.

Narito ang iba pang kuwento ayon sa mananalaysay.

Ang **pagdalaw ni Pangulong Manuel Quezon** sa bayan ng Abra de Ilog lalo na sa Barangay ng Wawa noong 1941 ang isa sa mga pangyayaring hindi makakalimutan ng mga tao rito. Sa baybayin ng Wawa dumaong ang yateng sinakyan ng pangulo at dito rin ginanap ang pakikipag-usap ng nasabing pangulo sa mga lokal na pinuno ng bayan ng Abra de Ilog.

Ang **Parola Park** na matatagpuan sa Lumangbayan, Sablayan, Occidental Mindoro ay isa **din** sa mga makasaysayang pook ng lalawigan. Dito makikita ang lumang parola na ipinagawa ng mga Espanyol noong 1861 upang gawing **bantayan** kung may paparating na mga piratang Moro na sakay sa kanilang vinta **na** lumusob sa lugar. Makikita rin sa parke ang lumang kanyon na ginamit din ng mga Espanyol na panlaban sa mga lumulusob na piratang Moro sa nasabing lugar. Dinagdagan din ng pamahalaang bayan ng Sablayan ng isang grotto ng Our Lady of Fatima sa dulong bahagi ng parke.

Ang **paliparan** sa Barangay San Roque, San Jose, Occidental Mindoro ay isang **makasaysayang lugar** ding maituturing. Ginawa ang paliparan ng mga sundalong Amerikano noong panahon ng digmaan laban sa mga Hapones. Taong 1951, ginawa itong '*commercial airport*' ng pamahalaan. Nagkaroon na ng regular na biyahe ng eroplano mula sa San Jose patungong Maynila.

Ang **Sablayan Penal Colony** ay itinatag noong Setyembre 26, 1954 sa bisa ng Proklamasyon bilang 72 ni Pangulong Ramon Magsaysay. Ipinatayo ito upang pagdalhan sa mga taong nagkasala sa batas bilang sentro ng paghahanda para sa pagbabagong buhay.

Ilan lamang **ang mga** ito sa mga makasaysayang pook at pangyayari na naganap sa lalawigan ito. Ikaw, kaya mo rin alamin ang kuwento ng makasaysayang pook o pangyayari sa iyong lalawigan?

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pinakamakasaysayang pangyayari sa lalawigan ng Occidental Mindoro? Bakit nila itinuturing na makasaysayan ito?

2. Kung isasalaysay mo ang kuwento ng pagsuko ni Lt. Hiroo Onoda, paano mo ito gagawin?

3. Sa paanong paraan mo ikukuwento ang kwento ng parola na makikita sa Parola Park sa Sablayan?

4. Anong makasaysayang pook o pangyayari ang naganap sa iyong lalawigan? Paano mo ito ipakikita o ikukuwento?

Pangkat 1

Pagdalaw ni Pangulong Quezon sa Abra de Ilog

Pangkat 2

Pag-akyat sa parola ng mga Mangyan upang tingnan kung may paparating na mga piratang Moro na nakasakav sa vinta

Pangkat 3

Pakikipag-usap ni Lt. Onoda sa kanyang kababayang si G. Suzuki sa tabing-ilog ng Barangay Burol bago ang paguko nito kay Heneral Benguet

Pangkat 4

Paggawa ng paliparan ng mga sundalong Amerikano at regular na biyahe ng eroplano

ARALIN 4: Mga Simbolo at Sagisag ng aking Lalawigan

Takdang Panahon: 1-2 na araw

I. Layunin:

1. natutukoy ng ilang simbolo at sagisag ng ating lalawigan at ma karatig nito sa ating rehiyon
2. natatalakay ng ilang kahulugan ng mga simbolo o sagisag na nakikita sa opisyal na sagisag ng lalawigan at mga karatig lalawigan sa rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Simbolo at Sagisag ng Sariling Lalawigan

Kagamitan: Mga larawan ng mga simbolo, picture puzzle, Logo ng Cotabato City

Saggunian: K to 12, **AP3KLR-Ile-4**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Gawin ang "Show and Tell" sa klase. Sa loob ng kahon ay may sari-saring larawan tungkol sa mga produkto o larawan ng sariling lalawigan
2. Tumawag ng bata upang bumunot sa kahon ng isang larawan at sabihin ang mga katangian nito.

Hal:

Kalabaw – Malakas, gamit sa pag-aararo

Niyog - Produkto ng aming lalawigan

3. Iugnay ito sa tatalakaying paksa.

B. Paglinang:

1. Paangkat ang klase sa apat (4). Bigyan ang mga mag-aaral ng picture puzzle na nasa "envelop" (Ginupit-gupit na larawan). Ipabuo ang puzzle sa loob ng dalawang minuto. Ang mga larawan na ito ay tungkol sa mga nakikita sa sariling lalawigan.
2. Talakayin ang nabuo nilang puzzle. Itanong:
 - May mga nakikita bang ganito sa ating lalawigan?

- Ano ano ang mga katangian ng mga ito?
- Mailalarawan ba ninyo ang inyong lalawigan sa mga bagay na nakikita sa larawan?

Sabihin:

“May ilang bagay o lugar na sadyang napapakilala sa ating lalawigan. karaniwan dito ay ang mga produktong makikita dito sa ating lalawigan. minsan naman ay ang mga lugar na nagpapatanyag sa ating lalawigan. Nakikita ba natin ang mga ito sa ating lalawigan?

3. Bigyang muli ng puzzle ng official seal ang mga bata. Sa tuwing makakasagot sila, ididkit nila ang kanilang piraso sa pisara upang mabuo ang “official seal” ng kanilang lalawigan. kapag nabuo na, itanong ang mga sumusunod:
 - i. Ano ang nabuo ninyong puzzle?
 - ii. Ano ang mga larawan na bumubuo sa ouzzle?

Sabihin na ang pag-aaralan nila ay ang opisyal na simbolo ng kanilang lalawigan. Inaasahan na maghahanda ang mga guro ng opisyal na sagisag ng sariling lalawigan at ang kahulugan nito.

4. Bago nila pag-aaralan ito, basahin nila ang talata sa Alamin Mo sa LM p._____. Ipaliwanag na ang babasihin nila ay halimbawa lamang ng isang official seal. Pag-aaralan nila kung paano nailalarawan ang bawat lalawigan ng kanilang opisyal na simbolo.

Itanong:

- Ano-ano ang mga sagisag o simbolo ang nakikita sa Cotabato City?
- Ano-ano ang mga sinisimbolo ng mga larawang ito?
- Paano nito ipinakilala ang iyong lungsod?
- Ano-anong mga bagay ang sumasagisag o sumisimbolo sa Cotabato?
- Napapansin mo ba ang mga simbolo ito sa inyong lalawigan?

5. Paghambingin ang kahalagahan ng mga simbolo o sagisag ng Cotabato City sa opisyal na simbolo ng sariling lalwigan.
6. Ipagawa ang Gawin Mo LM p. _____.
7. Batay sa tinalakay na katangian ng opisyal na sagisag ng sariling lalawigan. Ipaguhit sa sariling sagutang papel ang mga bahagi ng opisyal na simbolo ng sariling lalawigan at ang sariling kahulugan sa mga larawan na ito. Gabayan ang mga bata ng halimbawa sa bawat gawain.
8. Gabayan ang mga bata sa Garain B at C.

IV. **Pagtataya:**

Ipalarawan sa mga bata ang mga sagisag o simbolo ng kanilang lalawigan. Ituon ang kanilang pansin sa Tandaan Mo sa LM p.

V. **Takdang Aralin:**

Magsaliksik sa mga simbolo o sagisag ng inyong pook o bayan o karatig lalawigan. Ihambing ito sa aralin ngayon.

April 10, 2014

**ARALIN 5 : ILANG SIMBOLO AT SAGISAG NG
NAGPAPAKILALA SA IBA'T IBANG LALAWIGAN
SA REHIYON**

Takdang Panahon – 2 araw

I. Layunin:

1. Nasusuri ang mga simbolo at sagisag ng bawat lalawigan sa rehiyon;
2. Naihahambing ng ilang simbolo at sagisag na nagpapakilala ng iba't ibang lalawigan sa sariling rehiyon;
3. Naipagmamalaki ang katangian ng iba't ibang lalawigan sa kinabibilangang rehiyon.

II. Paksang-Aralin:

Paksa: Pagpapahalaga sa mga Sagisag ng Kinabibilangang Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: Larawan ng Sagisag at simbolo ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan

Saggunian: K to 12, **AP3KLR-IIIf-5**

Integrasyon: Sining, Filipino

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Magbalik-aral sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pagkakakilanlan sa iba't ibang lalawigan sa rehiyong kinabibilangan
2. Punan ang talahanayan.

Lalawigan	Produkto	Bayani	Likas na Yaman

3. Gamitin ang talahanayan sa pagpapaliwanag ng mga bagay na kilala at binibigyang halaga ng bawat lalawigan. Iugnay ito sa aralin.

B. Paglinang

Magkakaroon ng fact sheet tungkol sa mga sagisag at simbolo ng mga lalawigan sa rehiyon.

1. Ipakita ang mga larawan ng sagisag ng bawat lalawigan sa rehiyon. Bigyan ng pansin ang sagisag ng sariling lalawigan. Pag-usapan kung ano-ano ang mga sagisag o simbolo na matatagpuan dito. Ipatala ang mga ito sa sagutang papel.
2. Ipabasa ang Alamin Mo LM p. _____. Ipaliwanag na ang babasahin ay isang halimbawa ng paglalarawan ng lalawigan sa pamamagitan ng sagisag nito. Magkaroon ng talakayan tungkol sa aralin gamit ang mga sumusunod na mga tanong sa Tuklasin Mo LM p. _____.
3. Sabihin sa mga bata na ang bawat lalawigan ay may mga sagisag na nagpapahayag ng kanilang mga pinahahalagahan at itinuturing na yaman.
4. Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga gawain sa bahaging **Gawin Mo** LM p. _____.
5. Gabayan ang mga mag-aaral at bigyan sila ng pagkakataong matapos ang mga gawain.
6. Magkaroon ng pag-uulat at talakayan tungkol sa ginawang paghahambing ng mga mag-aaral.
7. Magkaroon ng kabuuang kaisipan upang maging maliwanag ang ginawang paghahambing.
8. Bigyang diin ang kaisipan na nakasulat sa **Tandaan Mo** LM p. _____.

IV. Pagtataya:

Ipasagot ang gawain sa **Natutuhan Ko** sa LM p. ____

V. Takdang Aralin:

Pumili ng isang sagisag ng isa sa mga lalawigan ng iyong rehiyon. Magsalisik ng karagdagang impormasyon ukol dito. Iulat ito sa klase.

**Aralin 6.1: KAHULUGAN NG OPISYAL NA HIMNO
NG KINABIBILANGANG LALAWIGAN**

Takdang Panahon –1 araw

I. Layunin:

1. Natatalakay ang kahulugan ng “official hymn” na nagpapakilala ng sariling lalawigan.
2. Nailalarawan ang lalawigan ayon sa mensahe ng awit ; at
3. Maipagmamalaki ang katangian ng lalawigan.

II. Paksang-Aralin:

Paksa: Official Hymn na nagpapakilala sa sariling lalawigan

Kagamitan: sipi ng awit, DVD Player, Modyul

Saggunian: K to 12, **AP3KLR-IIg-6**

Integrasyon: Musika, Sining, P.E.

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Iparinig sa mga bata ang Pambansang Awit ng Pilipinas gamit ang DVD Player.
2. Itanong:
 - a. Ano ang pamagat ng ating pambansang awit?
 - b. Paano mo dapat inaawit ang Pambansang Awit ng Pilipinas?
 - c. Bakit mahalaga ang magkaroon ng Pambansang Awit?
3. Isulat ang sagot ng mga mag-aaral sa pisara at pag-usapan ito.
4. Iugnay ito sa aralin.

B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. ____.
2. Magdaos ng “brainstorming” kaugnay ng tanong. Tanggapin lahat ang sagot ng bata.
3. Ipabasa ang Tuklasin Mo LM p. ____ . Pag-usapan ang kahalagahan ng awitin upang makilala ang lalwigan. Magbigay ng halimbawa ng official hymn.

4. Ipaskil ang sipi ng official hymn ng inyong lalawigan at ipabasa ito nang malakas sa mga bata. Iparinig ang himig ng awit gamit ang DVD Player.
5. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na masagutan ang mga sumusunod na tanong.
6. Talakayin kasama ang mga bata at pag-usapan ang kahulugan ng Official Hymn.
7. Bigyang-diin na ang isang awit ay maaaring pagkakilanlan ng isang lalawigan. Itanong: *Mahalaga ba para sa isang lalawigan ang magkaroon ng isang official hymn o opisyal na himno? Bakit?*
8. Ipagawa ang **Gawain Mo** LM p. _____.

Gawain A

- Iguhit sa papel ang larawan ng iyong lalawigan ayon sa binabanggit ng awit. Kulayan ito.
- Ipaskil ang ginawa ng mga bata.
- Ipatalakay sa mga bata ang kanilang ginawa. Itanong:
 - Ano-ano ang matatagpuan sa inyong mga larawan?
 - Bakit pinili mo na ito ang ipakita sa iyong larawan?

Gawain B

- Maghanda ng sagutang papel na may lyrics ng awitin ng sariling lalawigan.
- Lagyan ng patlang ang ilang mahahalagang salita ng awitin.
- Ipasagot sa mga bata sa pamamagitan ng pagpuno ng mga patlang ng nawawalang salita upang mabuo ang awit. Itanong:
 - Ano ang unang nawawalang salita? ikalawa? ikatlo? Ikaapat? Ikalima?
 - Ano ang inyong mga sagot? Magkakapareho ba?
 - Basahin ang buong awit.

Gawain C

- Pangkatin ang mga mag-aral. Bigyan ang bawat pangkat na maghanda ng isang "interpretative singing & dancing" ng opisyal na himno ng sariling lalawigan.
 - Markahan ang kabuuang gawqa ng bawat pangkat.
9. Talakayin ang mga sagot ng mag-aaral sa mga gawain.
 10. Ipaawit sa mga bata ang opisyal na himno gamit ang DVD player. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM p. _____.

IV. Pagtataya:

Ipasagot ang gawain sa **Natutuhan Ko** LM p. _____.

V. Takdang Aralin:

Palapatan ng angkop na kilos ang awitin. Ipakita ito sa harap ng klase.

DRAFT
April 10, 2014

Aralin 6.2: IBA PANG SINING NA NAGPAPAKILALANG SARILING LALAWIGAN AT REHIYON

Takdang Panahon – 2 araw

I. Layunin:

1. natutukoy ng iba pang mga sining na pagkakakilanlan ng inyong lalawigan; at
2. Naipakikita ng pagpapahalaga ng mga sining sa inyong lalawigan.

II. Paksang-Aralin:

Paksa: Iba Pang Sining na Nagpapakilala sa Sariling Lalawigan

Kagamitan: larawan na nagpapakita ng mga sining sa sariling lalawigan, Sining

Sanggunian: K to 12, **AP3KLR-IIg-6**

Integrasyon: Musika, Sining

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Iparinig sa mga bata ang opisyal na awit ng sariling lalawigan at kung maari ang rehiyon gamit ang DVD Player.
2. Ipaawit ang awit nang may kasabay o kung kaya na ipaawit ng sarili.
3. Itanong:
 - a. Ano ang pamagat ng ating Opisyal na Himno ng lalawigan?
 - b. Ano ang naramdaman mo habang pinakikinggan ang awit?
 - c. Mahalaga ba para sa inyo ang ating Opisyal na Himno? Bakit?

B. Paglinang

1. Ilahad ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p._____. Subukang ipasagot sa mga bata.
2. Magkaroon ng balitaan tungkol sa iba't ibang sining na makikita sa sariling lalawigan.

3. Ipakilala ang mga iba pang sining ng lalawigan sa pamamagitan ng mga larawan. Magkaroon ng pahulaan tungkol sa mga sining ng sariling lalawigan. Upang mas masaya, maaring ding pag-usapan ang mga sining ng ibang lalawigan.
4. Ipabasa at pasagutan ang mga tanong sa Tuklasin Mo LM p. _____. Ipaliwanag na ang talata ay halimbawa lamang ng sining ng ilang lalawigan. Bigyang diin ang pagkakapareho o pagkakaiba ng talata sa sariling lalawigan at rehiyon.
5. Ipagawa ang Gawin Mo. LM p._____.

Gawain A

- Maghanda ng video na nagpapakita ng sayaw at iba pang awit o pagdiriwang na kilala ng sariling lalawigan.
- Pangkatin ang mga mag-aaral sa limang pangkat.
- Ipasagot sa mga pangkat ang mga sumusunod at ipaulat sa klase ang mga sagot.
 1. Ano ang sining na nagpapatanyag sa lalawigan?
 2. Ilarawan ang sining. Paano ipinapakita ng sining na ito ang katagian ng mga tao sa lalawigan?
 3. Paano mo mahikayat ang mga tao na pahalagahan ang sining na ito?

Gawain B

- Sa parehong pangkat, ipakumpara ang sariling sining sa sining ng ibang lalawigan batay sa mga talakayan.
- Bigyan ng sagutang papel na kagaya nang nasa LM. Papunuin ang Venn diagram sa mga pangkat.
- Ipaliwanag na kasama sa sining ang pagdiriwang at iba pa kagaya ng awit, sayaw, mga gusali at iba pa. Maaring maghanda ng sining at pagdiriwang ng ibang lalawigan na tanyag. Talakayin ang pagkakaiba o pagkakapareho sa sariling lalawigan.

Gawain C

- Sa parehong pangkat, ipapili ng sining na pinakagusto nilang gampanan. Ipaisip ang pinakatanyag na sining ng rehiyon at ipakita ito sa buong klase. Maaring gawing dula dulaan ang mga pagdiriwang ng lalawigan o awitiing ang mga awit na nagpapatanyag sa sariling lalawigan.
 - Bigyang pagkakataon ang mga pangkat na maghanda sa kanilang ipapakita.
 - Markahan ang kanilang palabas.
6. Talakayin kasama ang mga bata at pag-usapan ang mga sining na pagkakilanlan ng sariling lalawigan.
 7. Pabigyang pansin sa mga mag-aaral sa **Tandaan Mo** LM p._____.

IV. Pagtataya:

Ipasagot ang gawain sa **Natutuhan Ko** LM p. ____.

Maaring gamitin ng Rehiyon IV- Calabarzon ang sumusunod na pagtataya.

Maliban sa Pahiyas sa Lucban, may iba't ibang festival pa rin na isinasagawa sa mga bayan sa lalawigan ng Quezon. Pagtapat-tapat in ang mga Bayan sa Festival na kanilang ipinagdiriwang.

Bayan sa Lalawigan

1. Gumaca
2. Agdangan
3. Sariaya
4. Padre Burgos
5. Catanauan

Ipinagdiriwang

- Laguimanok
- Sabugan
- Agawan
- Boling-Boling
- Arangyahan

DRAFT

V. Takdang Aralin:

Magpasaliksik sa mga bata ng iba't ibang sining na nagpapakilala sa sariling lalawigan.

ARALIN 7.1: Mga Bayani ng Sariling Lalawigan

Takdang Panahon: 3-4 na araw

I. Layunin:

1. Nahihinuha ang mga katangian ng isang bayani batay sa kanilang mga nagawa at kontribusyon sa bayan.
2. Nakikilala ang mga bayani ng sariling lalawigan at rehiyon.
3. Nakakagagawa ng simpleng pananaliksik tungkol sa isang bayani ng lalawigan at rehiyon.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Bayani ng Sariling Lalawigan/Rehiyon
Kagamitan: larawan ng mga bayani, tsart, graphic organizer
Sanggunian: K to 12, **AP3KLR-IIh-7.1**

Pagmamahal sa bayan

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng larawan ng mga kilalang bayani ng bansa (hal: Lapu-lapu, Andres Bonifacio, Ninoy Aquino, Manny Pacquiao, Josefa Llanes Escoda) at ipaskil ang mga ito.
2. Itanong:
 - Sino-sino ang mga nasa larawan? (Gamit ang mga word strips, ipatukoy ang pangalan ng bawat bayani at ipaskil sa katabi ng larawan.)
 - Ano ang pagkakilala nyo sa kanila?
 - Ano ang mga nagawa nilang katangi-tangi na nakaambag nang malaki sa bayan?
 - Sila ba ay maituturing nating mga bayani?
 - Batay sa kanilang mga katangian, may kilala ba kayo sa inyong lugar na nagtataglay din ng ganito?
 - Ano sa palagay mo ang mga katangian ng isang bayani?
3. Pag-usapan ang tungkol sa mga pambansangbayani. Bigyang pagpapakahulugan ang salitang bayani gamit ang concept map.

4. Tanggapin ang mga sagot at isulat sa pisara. Lugnay sa araling tatalakayin.

B. Paglinang:

Maghanda ng Fact Sheet ng mga bayani ng sariling lalawigan. Talakayin ang kabayanihan ng mga lokal na bayani. Bigyang diin kung paano sila mabigyang pagpapahalaga.

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. ____.
2. Ipabasa sa mga bata ang Tuklasin Mo LM p. ____ at pasagutan ang mga sumusunod na katanungan sa kanilang sagutang papel.
3. Talakayin ang kanilang mga sagot.
 - Sino-sino ang mga binanggit na bayani sa talata? Paano sila nakatulong sa bayan? Isa-isahin.
 - Batay sa Kanilang katangi-tanging ambag at pagganap sa bayan, ano-ano ang mga pinapakitang katangian ng isang bayani? (matapat, matapang, masipag, may pagmamalasakit sa bayan at kapaligiran, may paninindigan, tanggapin ang iba pang katulad na sagot)
 - Sa sariling lalawigan, sino-sino ang maituturing sa bayani na may katulad na katangian na inyong binanggit? Isa-isahin.
 - Paano sila nakatulong ng malaki sa bayan?
 - Ano ang mga dapat mong gawin upang mabigyang halaga at mas lalong mapalalim ang pagkakakilala sa mga bayani ng lalawigan? Paano mo mapahahalagahan ang mga ginawa ng mga bayani sa lalawigan?
 - Kung ikaw ay nakagawa ng isang munting bagay subalit nakatulong ng malaki sa bayan, ito ba'y maituturing nang kabayanihan? Pangatwiran ang sagot.

4. Ipagawa ang nasa **Gawin Mo** LM p._____.

Gawain A,

- pasagutan ang graphic organizer. Ipaliwanag nang mabuti ang panuto. (paala-ala sa guro: iangkop ang bilang ng mga bayaning kikilalanin ng mga bata sa graphic organizer batay sa ginawang talakayan)

Gawain B,

- Maghanda ng palabunutan ng mgapangalan ng bayani ng sariling lalawigan at rehiyon.
- Isagawa ang laro na tulad ng “Pinoy Henyo”. Ipaliwanag ang panuto sa Gawain B.

Gawain C

- Pangkatin ang klase sa 5. Ipaliwanag ang panuto sa Gawain C.
 - Magkaroon ng talakayan kinabukasan hinggil sa kanilang ginawang pag-uulat.
5. Mga gabay ng tanong para sa talakayan.
- Sino ang napiling mong bayani?
 - Ano ano ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanya?
 - Ano ano ang mga naiambag niya sa lalawigan at rehiyon?
 - Ano-ano ang kanyang mga katangian?
 - Bilang isang mag-aaral ano kaya ang magagawa mo upang higit siyang makilala sa inyong lalawigan/rehiyon?

6. Bigyang diin ang mga kaisipan na nasa **Tandaan Mo** LM p._____.

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** LM p. _____.

V. Takdang Gawain:

1. Magpahanap sa mga bata ng mga news clips tungkol sa mga taong naitanghal na kabayanihan kanilang lugar.
2. Ipadikit ang newsclips sa bondpaper.

<http://www.ncda.gov.ph/wp-content/uploads/2010/08/mabini4.jpg>

<http://www.himig.com.ph/features/28-julian-felipe>

<http://apps.westpointaog.org/Memorials/Article/14039/>

<http://rizalprovince.ph/thegovernorswall.html>

ARALIN 7.2: Pagpapahalaga sa mga Bayani ng Lalawigan at Rehiyon

Takdang Panahon: 3-4 na araw

I. Layunin:

1. Nabibigyan ng pagpapahalaga ang mga pagpupunyagi ng mga bayani ng lalawigan at rehiyon.
2. Naipagmamalaki ang mga bayani ng lalawigan at rehiyon.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagpapahalaga sa mga Bayani ng Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: larawan ng kilala at tanyag na bayani sa sariling lalawigan at rehiyon, mga kagamitan sa paggawa ng scrapbook, manila paper, pentel pen

Sanggunian: K to 12,

Integrasyon: Pagpapahalaga sa mga tanyag at kilalang bayani sa sariling lalawigan at rehiyon, Sining

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magpakita ng mga larawan ng bantayog ng mga kilalang tao sa sariling lugar. Maaari ding gamitin ang larawan ng mga landmarks o estruktura na may pagkakakilanlan ng taong itinuturing na bayani sa lalawigan o rehiyon.
2. Itanong sa mga bata:
 - Ano ang nakikita ninyong kaganapan sa mga larawan?
 - Saang partikular na lugar ka nakakakita ng katulad ng mga nasa larawan?
 - Bakit kaya sila ipinagpagawa ng bantayog o mga estruktura na katulad ng nasa larawan?

- Bakit sa palagay mo nagdaraos ng ganitong uri ng programa?
3. Tanggapin at talakayin ang mga sagot ng mga bata.

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo** sa LM, p. ____
 - Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga at pagmamalaki sa mga bayani ng sariling lalawigan at rehiyon?
2. Ipabasa sa mga bata ang talata sa **Tuklasin Mo** sa LM, p. ____ at pasagutan ang mga katanungan. Ipasulat ang sagot sa sagutang papel.
3. Talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat bilang. Bigyang diin ang mga pagpapahalagang dapat gawin sa pagbibigay ng mga halimbawa. Gumamit ng ilang stratehiya na makakakuha ng interes sa mga bata gaya ng palaro o palaisipan.
4. Ipagawa ang **Gawain A** sa mga mag-aaral. Maaaring gawing pangkatan o kaya ay isahang gawain ayon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipaliwanag ng guro ang wastong pagsasagawa ng gawain. Tingnan ang LM, p. ____.
5. Hatiin sa apat (4) na pangkat ang klase at ipagawa ang **Gawain B** sa LM, p. _____. Ipahanda ang mga gagamiting kagamitan sa gagawing poster ng bawat pangkat. Ipaliwanag sa mga bata ang dapat gawin sa poster.
6. Ipaulat sa bawat pangkat ang ginawang gawain habang pinapatnubayan ng guro. Sabihin sa mga bata na gumamit ng iba't ibang stratehiya sa pag-uulat.
7. Ipaliwanag ang panuto sa **Gawain C** sa LM p. _____. Ipahanda ang mga kinakailangang kagamitan at mga bagay na gagamitin sa paggawa ng scrapbook. Gabayan

ang mga mag-aaral upang mabigyang pansin ang mga nangangailangan ng tulong.

8. Matapos makapagsagawa ng mga gawain, ipalagom ang aralin sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:
 - Sino ang tanyag at kilalang tao sa inyong lalawigan o rehiyon?
 - Bakit siya naging tanyag? Ano ang kanyang nagawa para sa inyong bayan o lalawigan?
 - Bakit ito maituturing na kabayanihan?
 - Paano pinapahalagahan ng inyong lalawigan/rehiyon ang kanilang mga nagawa sa bayan?
9. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata.
10. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo**, LM p. ____.

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** sa LM, p. ____.

V. Takdang Gawain:

Magdala ng pahayagan, magasin o aklat, larawan ng mga estrukturang may kaugnayan sa bayani o kinikilalang tao.

References:

wikipedia.com/claromrecto

inquirer.net/manuellquezon

fotothing.com/hermanopolislu

ARALIN 7.3: Paglikha ng Anumang Sining Tungkol sa Bayani ng Lalawigan o Rehiyon na nais Tularan

Takdang Panahon: 2-3 araw

I. Layunin:

1. Nakalilikha ng anumang likhang sining tungkol sa bayani ng lalawigan/rehiyon na nais tularan.
2. Naipapaliwanag at naipagmamalaki ang ginawang likhang sining tungkol sa bayani ng lalawigan/rehiyon na nais tularan.

II. Paksang Aralin:

Paksa: Paglikha ng anumang sining tungkol sa bayani ng lalawigan/rehiyon na nais tularan.

Kagamitan: Art Materials

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magsagawa ng isang laro – "Group yourselves"
 - Papuntahin sa unahan ang lahat ng mahilig sa pagguhit sa unahan.
 - Ang mahilig sa pag-arte sa kaliwa ng silid-aralan
 - Ang mahilig sa pag-awit sa kanan ng silid-aralan
 - Ang mahilig tumula sa likuran ng silid.
2. Bigyan ng 5 minuto ang bawat pangkat para gawin ang mga sumusunod:
 - Para sa pangkat ng mahilig sa pagguhit- Magpaguhit ng isang kabayanihan sa pisara.
 - Sa mahilig sa pag-arte- magpagawa ng pantomina ng isang kabayanihan
 - Sa mahilig umawit- magpakanta ng isang awit na may mensahe ng kabayanihan
 - Sa mahilig tumula- magpabigkas ng tula na may mensahe ng kabayaninhan
3. Bigyan ng 2 minuto ang bawat pangkat sa pagpapakita ng kanilang talent.

4. Itanong:

Ano-anong sining ang ginawa ipinakita ninyo tungkol sa kabayanihan? Makakabuo ka pa kaya ng ibang likhang sining?

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo**.
2. Ipabasa sa mga bata ang talata.
3. Pasagutan ang mga katanungan sa **Sagutin Mo**. Ipasulat ito sa sagutang papel.
4. Talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat bilang. Bigyang-diin ang mga likhang sining na maaring gawin tingkol sa mga bayani ng lalawigan/rehiyon na nais tulran.
5. Hatiin sa apat pangkat ang klase at ipagawa ang Gawain A. Ipaalala sa mga bata ang mga bayani ng lalawigan at rehiyon na tinalakay sa unang aralin.
 - Magpagawa ng isang simpleng tula o awit tungkol sa mga bayani ng lalawigan o rehiyon na natalakay sa unang aralin at tulain/awitin ito sa harap ng klase.
 - Gamitin ang rubric sa pagtatasa ng Gawain.
6. Pasagutan ang talahanayan sa Gawain B. Maaring pumili ang mga bata ng isang simplen taong itinuturing nilang bayani.
 - Ipahanda ang mga kinakailangang kagamitan sa paglikha ng likhang sining
 - Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral sa paggawa nito.
 - magpagawa isang likhang sining na naglalarawan sa bayani ng lalawigan/rehiyon na nais tularan.
 - Maaring pumuli at gumawa ng isa sa mga sumusunod o kaya naman ay lumikha ka ng sariling sining.
 - Poster
 - Collage
 - Mosaic
 - Paper folding
 - Card
 - Pagbigayin ng paliwanag o interpretasyon ng mensaheng ipinaaabot ng ginawang likhang sining.
 - Gamitin ang rubric sa paggawa ng likhang sining para sa pagtatasa nito.
8. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang ginawa sa harap ng klase.
9. Bigyang diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo**.

IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Ko**.

V. Takdang Gawain

Ang ilan sa ating mga mahal sa buhay tulad ni tatay, nanay, ate kuya, mga kaibigan at ibang pang may nagawang kabutihan sa atin ay maituturing din nating mga bayani kaya naman dapat din silang pasalamatan.

Bilang pasasalamat sa kanila, gumawa ng isang kard at lagyan ito ng mensahe para sa mahal sa buhay na itinuturing mong bayani at ibigay mo ito ka kanya.

Rubric sa Paggawa ng Tula/Awit

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 na puntos)	Hindi Mahusay (2-1 na puntos)
Nilalaman	Lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit	May kabuluhan ang nilalaman ng tula/awit	Hindi lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit
Organisasyon	napakaayos nang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	Hindi maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas
Kooperasyon	Nagpakita ng pakiki-isa ang bawat miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Nagpakita ng pakikisa ang ilang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Hindi gaanong nagpakita ng pakikiisa ang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit

Rubric para sa Pagbuo ng Likhang Sining

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 puntos)	Hindi Mahusay (2-1 puntos)
Pagkamalikhain	Nakagawa ng isang likhang sining sa pinakamalikhaing paraan	Nakagawa ng isang likhang sining sa malikhaing paraan	Hindi naipakita ang pagkamalikhain sa paggawa ng likhang sining
Kalinisan at kaayusan	Malinis at maayos ang ginawang likhang sining	Malinis ngunit hindi gaanong maayos ang pagkagawa ng likhang sining	Hindi malinis at walang kaayusan ang ginawang likhang sining
Interpretasyon	Naipaliwanag sa pinakmalinaw at pinakamaayos na paraan ang ginawang likhang sining	Naipaliwanag sa maayos na paraan ang ginawang likhang sining	Hindi naipaliwanag nang malinaw at maayos ang ginawang likhang sining

Rubric para sa Paggawa ng Likhang Sining

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 puntos)	Hindi Mahusay (2-1 puntos)
Pagkamalikhain	Nakagawa ng isang likhang sining sa pinakamalikhaing paraan	Nakagawa ng isang likhang sining sa malikhaing paraan	Hindi naipakita ang pagkamalikhain sa paggawa ng likhang sining
Kalinisan at kaayusan	Malinis at maayos ang ginawang likhang sining	Malinis ngunit hindi gaanong maayos ang pagkagawa ng likhang sining	Hindi malinis at walang kaayusan ang ginawang likhang sining
Interpretasyon	Naipaliwanag sa pinakmalinaw at pinakamaayos na paraan ang ginawang likhang sining	Naipaliwanag sa maayos na paraan ang ginawang likhang sining	Hindi naipaliwanag nang malinaw at maayos ang ginawang likhang sining

Aralin 8: AKO AT ANG KUWENTO NG MGA LALAWIGAN

Takdang Panahon – 2 araw

I. Layunin:

1. Nailalarawan ang lalawigan o mga lalawigan sa rehiyon na naging katangi tangi sa para sarili
2. Nabibigyang halaga ang natatanging katangiang ito ng sariling lalawigan o karatig lalawigan
3. Nakasulat ng payak na kuwento o isa hanggang dalawang talata tungkol sa lalawigan sa kinabibilangang rehiyon na naging katangi-tangi para sa sarili.

II. Paksang-Aralin:

Paksa: Pagpapahalaga sa Kinabibilangang Lalawigan at Rehiyon

Kagamitan: lahat ng impormasyon tungkol sa mga produkto, likas na yaman, hanapbuhay, pagdiriwang atbp, mapa, video ng mga pagdiriwang o sayaw

Sanggunian: K to 12, **AP3KLR-IIj-8**

Integrasyon: Sining, Filipino, EsP

III. Pamamaraan:

A. Panimula

1. Balik-aralan ang mga napag-aralan tungkol sa sariling lalawigan at karatig lalawigan sa kinabibilangang rehiyon sa pamamagitan ng charades.
2. Maghanda ng playing cards na may nakasulat na mga sumusunod:
 - Natatanging bayani o kasapi ng lalawigan
 - Natatanging bahagi ng kasaysayan ng lalawigan
 - Makasaysayang pook o lugar ng lalawigan
 - Natatanging pagdiriwang ng lalawigan
3. Pabunutin ang piling mag-aaral. Kapag nakapili na, ipakita na hindi nagsasalita at ipahulaan sa ibang mga bata.

B. Paglinang

1. Ilahad ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** sa LM, p. _____. Subukang ipasagot sa mga bata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.
 - Alin sa mga lalawiganang napag-aralan ang nakapukaw ng iyong pansin?


- - Ano ang nakatawag ng iyong pansin tungkol sa katangian ng lalawigan?
 - Paano mo maipararating ang mga magagandang katangian ng naturing na lalawigan sa ibang mga tao?
 - Kaya mo ba itong ilarawan sa pamamagitan ng pagsulat ng kwento o talata?
2. Magpakita ng mapa. Balangkasin ang mga lalawigan ng rehiyon. Itanong sa mga bata kung kaya nila ilarawan ang tiyak na kinalalagyan nito.
 3. Talakayin ang mga sagot ng bata sa mga susing tanong at iugnay sa pagbalangkas ng mapa.
 4. Gabayan ang klase sa pagtalakay ng Tuklasin Mo LM p.____.
 5. Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa napili nilang lalawigan ng rehiyon. Ipagawa ang Gawain A LM p.____. Ipaunawa ang panuto.
 6. Subaybayan ang bawat pangkat sa pagsasagawa ng gawain. Bigyan ng oras ang bawat pangkat upang makapag-ulat.
 7. Talakayin kasama ang mga bata at pag-usapan ang mga katangian na nagpakilala sa isang lalawigan.
 8. Ipabuod ang aralin sa pamamagitan ng sumusunod na tanong:
 - Bakit ninyo napili ang lalawigan na ito?
 - Paano maipararating ang mga magagandang katangian ng lalawigan sa ibang mga tao?
 - Paano mo mailalarawan ang mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon na naging katangi-tangi para sa iyo?
 9. Ipagawa sa parehong pangkat ang Gawain B LM p.____. Talakayin ang mga kasagutan at iwasto kung kinakailangan.
 10. Ipagawa ang Gawain C LM p.____ bilang indibiduwal na gawain. Gabayan ang mga mag-aaral kung kinakailangan.
 11. Pabigyang pansin sa mga mag-aaral ang nakasulat sa **Tandaan mo** sa LM, p. ____.

IV. Pagtataya:

Ipasagot ang gawain sa **Natutuhan Ko** sa LM, p. ____

V. Takdang Aralin:

Magpasulat ng maikling talata upang ilarawan ang sariling lalawigan.



April 10, 2014

ARALIN 1. Ano ang Kultura?

Takdang Panahon: 3 araw

I. Layunin:

1. naipaliliwanag kung ano ang ibig sabihin ng kultura at mga kaugnay na konsepto
2. nailalarawan ang kultura ng sariling lalawigan batay sa ilang aspeto ng pagkakakilanlang kultural

II. Paksang Aralin:

Paksa: Ang Konsepto ng Kultura

Kagamitan: mga sinaunang kagamitan o mga kaugnay na larawan, 3 fig. 1/4 size na manila paper, lapis, krayola
regional cultural profile

website: NCCA

<http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?igm=4&i=252>

Sanggunian: Modyul 3, Aralin 1

K to 12 - **AP3PKK-IIIa-1**

Integrasyon: Pagpapahalaga sa kulturang Pilipino

Ang guro ang magdadala ng iba't ibang kagamitan na nagpapakita ng kultura ng sariling lalwigan o rehiyon.

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Simulan ang aralin gamit ang mga susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. ____.
2. Magdaos ng “brainstorming” kaugnay sa mga tanong at sa naging sagot ng mga bata.
3. Kolektahin ang mga sinaunang kagamitan na dala ng mga bata. Idisplay sa unahan ng silid aralan o kung saan madali nilang makita.
4. Batay sa dala nila magtanong ng mga sumusunod:
 - Ano ang pagkakaiba ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino sa pamumuhay natin ngayon?
 - mga kagamitan
 - mga damit
 - mga paniniwala
 - mga tradisyon

- Alin sa mga ito ang nakikita pa rin sa ngayon?
- Anong paniniwala o kasabihan ang hangang ngayon ay pinapaniwalaan pa rin?
- Anong masasabi natin sa kultura ng sinaunang Pilipino?

B. Paglinang:

1. Talakayin ang aralin sa **Tuklasin Mo** LM p. _____. Ipasagot ang mga tanong na nakapaloob dito.
2. Talakaying mabuti ang pagkakaiba ng materyal at di materyal na kultura. Bigyang diin ang mga uri nito.
3. Sa talakayan, tumawag ng isa o dalawang bata upang kumuha ng isang sinaunang kagamitan o larawan may kaugnayan sa uri ng kultura na tinatalakay.
Halimbawa: Ang tinatalakay ay materyal/kasuotan...
4. Sabihin sa klase: Sino ang gustong kumuha ng isang kagamitan mula sa mga nakadisplay na ito ang tumutukoy sa kasuotan? (Ang mga tatawaging bata ay inaasahang kukuha ng kimona, saya, putong, o kung ano pa man ang nasa display). Gawin ang proseso hanggang matapos ang talakayan.
5. Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga gawain sa **Gawin Mo** LM p. _____. Maaring gawing pangkatan o isahan.

Gawain A:

- Ibigay ang panuto para sa gawain.
- Ipakopya at ipagawa ito sa kanilang notebook o sagutang papel.
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng semantic web.

Gawain B:

- Pangkatin ang mag-aaral. Ibigay ang panuto ng gawain sa bawat pangkat.
- Bigyan ng manila paper at panulat sa bawat pangkat.
- Ipaulat ang kanilang gawa. Itanong kung may mga idadagdag pa ang ibang pangkat sa mga iniulat ng kanilang kakalase.

Gawain C:

- Pangkatin ang mag-aaral. Ibigay ang panuto ng gawain sa bawat pangkat.
 - Bigyan ng manila paper at panulat sa bawat pangkat.
 - Ipaulat ang kanilang gawa. Itanong kung may mga idadagdag pa ang ibang pangkat sa mga iniulat ng kanilang kakalase.
6. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata.
 7. Ang kultura ay malawak na konsepto kung kaya't maaring maipaliwanag sa mga mag-aaral ang konsepto sa pamamagitan ng mga halimbawang nakikita nila.
 8. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo** LM. p. ____.

Batayan ng puntos ng mga pangkat.

BATAYAN	Mahusay na Mahusay (5)	Mahusay (4-3)	Hindi Mahusay (2-1)
Kaalaman sa paksa	Nakikita ang mga halimbawa sa pinakatama at pinakamaayos na kasagutan	Nakikita ang sapat at maayos na kasagutan sa mga tanong upang maunawaan aralin	Di-gaanong sapat ang kasagutang ibinigay para maunawaan ang aralin.
Kagamitan: Mga Larawan, tsart

Sanggunian: K to 12, **AP3EAP-IV-d-8**

III. Pamamaraan:

Para sa guro- ilang konsepto tungkol sa ekonomiya:

Depinisyon ng inprastruktura (sa ekonomiya)

<http://www.businessdictionary.com/definition/economic-infrastructure.html>

Panloob na mga kagamitan ng isang bansa upang magawa ang pagkakalakal o negosyo, tulad ng komunikasyon, transportasyon, at mga imbakan at distribution centers, mga tindahan (maliit o malaki), at pati na ang supply ng kuryente at tubig.

<http://en.wikipedia.org/wiki/Infrastructure>

Ang termino ay karaniwang tumutukoy sa mga teknikal na mga istraktura na sumusuporta sa isang lipunan, tulad ng mga kalsada, tulay, supply ng tubig, drainage, mga power grids, telekomunikasyon, at iba pa, Kasama ang mga pisikal na mga bahagi ng mga magkaugnay na sistema ng mga serbisyo upang maiangat ang kalidad ng pamumuhay ng mga taga lalawigan. sa madaling sabi, ang inprastruktura ang nagpapadali upang ang kalakal ay madala sa iba't ibang lalawigan at upang madali para

sa mga tao na mabili ang mga kalakal na ito. Halimbawa ang mga tulay at daanan upang madala ang mga produto mula taniman sa bukid hanggang sa mga palengke kung saan ang mga tao ay bumibili. Kasama sa inprastrutura ang mga serbisyong panlipunan upang matugunan ang pangangailangan ng lalawigan.

A. Panimula:

1. Sa gawaing ito, magpaskil ng iba't ibang larawan ng mga imprastruktura sa iba't-ibang bahagi ng silid aralan.
2. Isagawa ang "Lakbay-aral sa silid aralan"
3. Sa pangunguna ng guro maglakbay sa bawat bahagi o istasyon ng silid kung saan nakapaskil ang mga larawan. (gawing malikhain ang paglalakbay gamit ang imahinasyon)
4. Tumigil sa bawat istasyon at ipasuri ang nakadikit na larawan.
5. Pagkatapos makapunta sa bawat istasyon, itanong:
 - Ano ang mabuting nalidulot ng mga imprastruktura sa kabuhatan ng mga mamamayan?
 - Paano ito nakakatulong sa mabilis ng proseso ng pabibigay ng mga produkto at serbisyo sa bawat tao?
6. Tanggapin ang kanilang mga sagot at iugnay sa aralin

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. _____. Ipabasa sa mga bata. Iugnay sa ulat ng mga bata tungkol sa negosyanteng kanilang nakapanayam.
2. Ipabasa ang teksto at pasagutan ang mga katanungan sa sagutang papel.
3. Talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat bilang.
4. Ituon ang talakayan sa kahalagahan ng imprastruktura sa kabuhatan gamit ang concept map.

Gawain A,

- Pasagutan ang **Gawain A** sa kanilang sagutang papel. Ipalawanag ng mabuti ang panuto sa mga bata.

Gawain B,

- Ipasulat sa mga bata ang magiging epekto ng mga ipinakikita sa larawan sa kabuhayan ng mga mamamayan . Ilagay ang kanilang sagot sa kahon na kalapit ng larawan.

Gawain C

- Pangkatin ang klase sa limang grupo. Ibigay ang sumusunod na mga taskcards para sa kanilang gagawing duladulaan
Pangkat I- Mabuting naidudulot ng pamilihansa kabuhayan ng mga mamamayan
Pangkat II- Epekto sa kabuhayan ng pamayanang walang sentralisadong pamilihan
Pangkat III- Naitutulong ng sementadong daan sa kabuhayan ng mamamayan
Pangkat IV- sitwasyon sa kabuhayan ng mga mamamayan na walang maayos na kalsada
Pangkat V- epekto sa kabuhayan ng mga mamamayan na walang maayos na patubig o irigasyon.

5. Bigyang diin ang mga kaisipan na nasa **Tandaan mo LM p.____**.

IV. **Pagtataya:**
Pasagutan ang **Natutuhan Ko.**

V. **Takdang Gawain:**

Buain ang mga salita na nasa loob ng malaking bilog. Gamitin ang alphabet bank upang malaman ang katumbas na titik ng bawat bilang na nasa ilalim ng mga guhit. Isulat ang mga nabuong salita sa pisara.

ARALIN 6: Pakikipagkalakalan Tungo sa Pagtugon ng Pangangailangan ng mga Lalawigan sa Rehiyon

Takdang Panahon: 3-4 na araw

I. Layunin:

1. Naipapakita ang ugnayan ng kabuhayan ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon at sa ibang rehiyon
2. Naiuugnay ang pakikipagkalakalan sa pagtugon ng pangangailangan ng sariling lalawigan at mga karatig na lalawigan sa rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Kahalagahan ng Imprastruktura sa Kabuhayan

Kagamitan: Mga Larawan, tsart

Sanggunian: K to 12, **AP3EAP-IVc-6**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Magbalitaan tungkol sa ginawang panayam sa isang negosyante ng lalawigan. Bigyang diin ang mga konsepto na nakuha mula sa mga tanong.
 - Ano ang mga produktong kinakalakal?
 - Bakit kailangan na mag-angkat mula sa ibang lalawigan?
 - Ano ang kailangan upang madala ang mga kaalakal mula isang lalawigan hangang sa kanilang lalawigan?
2. Tanggapin ang kanilang mga sagot at iugnay sa aralin

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. _____. Bigyan ng mga halimbawa ang pagkikipagugnayan bilang konsepto ng ekonomiya.
 - Ano ano ang mga produktong galing sa ibang lalawigan o kaya ibang bansa?
 - Bakit inaangkat ang mga produktong ito?

2. Ipabasa ang teksto tungkol sa pakikipagkalakalan at pasagutan ang mga katanungan sa sagutang papel.
3. Talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat bilang.
4. Ipagawa ang Gawin Mo LM p.____. Maaring maging pangkatang gawain ang tatlong gawain.

Gawain A

- Pasagutan ang **Gawain A** sa kanilang sagutang papel. Ipaliwanag ng mabuti ang panuto sa mga bata.

Gawain B

- Bigyan ng pagkakataon ng mga saliksik ang mga mag-aaral tungkol sa mga produkto iniaangkat pa mula sa ibang lalawigan batay sa datus. (kung walang kagamitan, maaring mula sa mga dyaryo ang datus na gamitin o di kaya gumawa ng sariling datus)
- Ipasulat ang kalakal at ang pinanggalingan na lalawigan.

Gawain C

- Gayahin ang panuto ng Gawain B.

5. Bigyang diin ang mga kaisipan na nasa **Tandaan mo**.

IV. **Pagtataya:**
Pasagutan ang **Natutuhan Ko**.

V. **Takdang Gawain:**
Sa isang typewriting, iguhit ang magiging larawan ng isang pamayanan na may mga imprastrakturang nakatutulong sa kabuhayan ng mga mamamayan

Panimula

Buuin ang mga salita na nasa loob ng malaking bilog. Gamitin ang alphabet bank upang malaman ang katumbas na titik ng bawat bilang na nasa ilalim ng mga guhit. Isulat ang mga nabuong salita sa pisara.

“Alphabet Bank”

A	B	C	D	E	F	G	H	I
1	2	3	4	5	6	7	8	9
J	K	L	M	N	O	P	Q	R
10	11	12	13	14	15	16	17	18
S	T	U	V	W	X	Y	Z	
19	20	21	22	23	24	25	26	27

Ekonomiya

I N 4 U S 20 R I 25A

25 A 13 A 14

N E 70 19 Y 15

16 R O 4 U K 20 O

K A 12 A 11 A L A 14

I M P 18 A S T R 1 K T 21 R A

DRAFT

April 10, 2014

ARALIN 9: Ang Pamunuan sa mga Lalawigan sa Aking Rehiyon

Takdang Panahon: 2-3 na araw

I. Layunin:

1. natutukoy ang mga namumuno sa sariling lalawigan at mga karatig nito sa kinabibilangang rehiyon, at
2. nasasabi na ang rehiyon ay binubuo ng mga lalawigan na may sariling pamunuan

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pamunuan ng mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Kagamitan: concept map, tsart

Sanggunian: K to 12, **AP3EAP-IVe-9**

Local Government Code 1991

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Gamit ang alphabet bank, ipabuo sa bawat pangkat ang mga salita na nasa kani-kanilang task cards. Ipasulat sa pisara ang mga nabuong salita.
2. Ipabasa sa kanila ang mga nabuong salita at iugnay sa aralin.

A 1	B 2	C 3	D 4	E 5	F 6	G 7	H 8	I 9
J 10	K 11	L 12	M 13	N 14	O 15	P 16	Q 17	R 18
S 19	T 20	U 21	V 22	W 23	X 24	Y 25	Z 26	

Pangkat 1- "Pangangailangang Kalusugan"

16 1 14 7 1 14 7 9 12 1 14 7 1 14 7

11 1 12 21 19 21 7 1 14

Pangkat 2- "Pangangailangang Pangkapayapaan"

16	1	14	7	1	14	7	9	12	1	14	7	1	14	7
----	---	----	---	---	----	---	---	----	---	----	---	---	----	---

16	1	14	7	11	1	16	1	25	1	16	1	1	14
----	---	----	---	----	---	----	---	----	---	----	---	---	----

Pangkat 3- "Pangangailangang Panlipunan"

16	1	14	7	1	14	7	9	12	1	14	7	1	14	7
----	---	----	---	---	----	---	---	----	---	----	---	---	----	---

16	1	14	12	9	16	21	14	1	14
----	---	----	----	---	----	----	----	---	----


Pangkat 4- "Pangangailangang Pangkapaligiran"

16	1	14	7	1	14	7	9	12	1	14	7	1	14	7
----	---	----	---	---	----	---	---	----	---	----	---	---	----	---

16	1	14	7	11	1	16	1	12	9	7	9	18	1	14
----	---	----	---	----	---	----	---	----	---	---	---	----	---	----

B. Paglinang:

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo** LM p. ____.
2. Ipasuri at ang concept map na nakalahad. Mga pangangailangan ng mga kasapi ng lalawigan.



3. Ipagawa ng pangkatan at talakayon ang mga sagot ng mga pangkat. Ituon ang pansin sa Alamin Mo LM p. ____.
4. Ipabasa at talakayin ang Tuklasin Mo LM p. _____. Bigyang diin kung sino sino ang namumuno sa kanilang lalawigan at kung ano ang dapat nilang gawin. Magbigay ng aktual na issue sa kanilang lalawigan. Talakayin ang mga sagot ng mga bata sa mga sumusunod na tanong sa Tuklasin Mo.
5. Ipagawa ang Gawin Mo LM p. _____. Ipaliwanag ang panuto ng bawat gawain.

Gawain A,

- Bigyang diin ang mga papel ng mga namumuno sa bawat lalawigan at ang ugnayan ng mga ito sa bawat lalawigan.
- Magbigay ng halimbawa ng ugnayan ng Gobernador sa mga Alkalde ng nasasakupang lungsod at munisipalidad.

Halimbawa: Magkaroon ng tanungan:

Nagkaroon bagong proyekto ang Gobernador ng Lalawigan ng _____ sa Munisipalidad ng _____. Ano ang dapat niyang gawin upang maipatupad ng maayos ang kanyang proyekto sa munisipalidad na ito? Bakit?

- Ipagawa ng magkapareha o pantatluhan kung hindi kaya ng batang gawin mag-isa.

Gawain B

- Pangkatin ang mga mag-aaral at bigyan ng takdang gawain ng dula dulaan.
- Ipaliwanag ang panuto.
- Bigyan diin ang mga dapat tandaan sa pagsagawa ng dula dulaan. Bigyan ng puntos sa pamamagitan ng rubrics sa ibaba.

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 na puntos)	Hindi Mahusay (2-1 na puntos)
Nilalaman	Lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit	May kabuluhan ang nilalaman ng tula/awit	Hndi lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit
Organisasyon	napakaayos nang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	Hindi maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas
Kooperasyon	Nagpakita ng pakiki-isa ang bawat miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Nagpakita ng pakikisa ang ilang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Hindi gaanong nagpakita ng pakikiisa ang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit

Batayan	Mahusay na Mahusay (5 puntos)	Mahusay (4-3 na puntos)	Hindi Mahusay (2-1 na puntos)
Nilalaman	Lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit	May kabuluhan ang nilalaman ng tula/awit	Hndi lubos na makahulugan ang nilalaman ng tula/awit
Organisasyon	napakaayos nang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas	Hindi maayos ang gamit ng mga salita, tugma at pagbigkas
Kooperasyon	Nagpakita ng pakiki-isa ang bawat miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Nagpakita ng pakikisa ang ilang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit	Hindi gaanong nagpakita ng pakikiisa ang miyembro ng grupo sa pagbuo at pagbigkas ng tula/awit

Gawain C

- Ipaunawa ang kahalagahan ng pamahalaan sa pagtugon ng pangangailangan ng mga tao sa lalawigan o lungsod.
 - Pangkatin ang mga mag-aaral at ipa "brainstorm" ang kahalagahan sa pamahalaan.
 - Ibigay ang panuto ng Gawain C LM p.____.
6. Bigyang diin ang mga kaisipan na nasa **Tandaan Mo** LM p. ____.

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang **Natutuhan Ko** sa kanilang sagutang papel


V. **Takdang Gawain:**

Gumawa ng Organizational Chart ng mga pinuno ng inyong lalawigan o lungsod. Lagyan ng angkop na pangalan ng inyong mga pinuno sa bawat posisyon.

DRAFT
April 10, 2014

Takdang Aralin

Magsaliksik tungkol sa mga pangkasalukuyang pinunong-bayan sa inyong lalawigan. Gumawa ng tsart na nagpapakita ng mga pangalan ng pinunong-bayan, taon ng panunungkulan at mga nisagawa at isinasagang proyekto.



April 10, 2014

ARALIN 10: Mga Namumuno at Kasapi ng mga Lalawigan Sa Kinabibilangang Rehiyon

Takdang Panahon: 2-3 na araw

I. Layunin:

1. Natutukoy ang mga namumuno at kasapi ng mga lalawigan sa rehiyon
2. Napapahalagahan ang mga ambag ng a kasapi at namumuno sa ikabubuti ng lalawigan

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Namumuno sa Aking Lalawigan

Kagamitan: Tsart

Sanggunian: K to 12, **AP3EAP -IVf-10**

Pamahalaang lokal ng mga Lalawigan sa Aking Rehiyon

Mga tungkulin ng lokal na pamunuan

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Mag dula dulaan tungkol sa mga pangyayari na nagaganap sa munisipyo o kaya sa kapitolyo ng lalawigan.
2. Ipasuri ang larawan tungkol sa mga nagaganap sa naturang tanggapan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa ibaba.
 - Bakit karaniwang pumupunta ang mga tao sa tanggapan ng alkalde o gobernador?
 - Ano ang karaniwang ginagawa sa munisipyo o sa kapitolyo?
3. Bigyan ng pagkakataon na ipakita ng mga bata ang kanilang kasagutan.

B. Paglinang:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral at ipasulat ang mga naiisip nilang gawain sa kanilang lalawigan:
Barangay Kaptain
Mayor & Vice Mayor
Governor & Vice

2. Itanong sa mga mag-aaral:
 - Sa palagay ninyo, sino-sino ang mga nagpapatupad ng mga proyekto sa lalawigan?
 - Paano nagkakaroon ng mga proyekto ang lalawigan?
 - Paano pinapatupad ang proyekto?
3. Gawin ang "Think-Pair-Share" na gawain. Pumili ng magkapareha sa mga mag-aaral. Hikayatin sila na pag-iisipan ang mga katanungan at ibahagi ang kanilang sagot sa kapareha.
4. Magtawag ng tatlong pares ng mga mag-aaral upang magbigay ng kanilang kasagutan.
5. Ipasuri ang larawan sa Tuklasin Mo LM p.____ at talakayin ang mga sumusunod na talata. Bigyan diin ang mga namumuno sa iba't ibang pamayanan at ang mga kaagapay nila. Ipasagot ang mga tanong.
6. Ipasulat sa mga bata ang mga naiisip nila gawain ng mga nabangit na pinuno ng kanilang lalawigan.
7. Ibigay sa bawat pangkat ang ilang impormasyon ukol sa mga namumuno sa lalawigan.
8. Ipagawa ang Gawain A LM p.____ ng pangkatan. Iwasto ang mga sagot ng mga bata.
9. Ipagawa ang Gawain B at Gawain C LM p._____.
10. Ipasulat ang mga mag-aaral ng isang talata tungkol sa mga papel na ginagampanan ng mga pinuno ng lalawigan.

Paglalahat

Bigyan diin ang mga konsepto sa Tandaan Mo. LM.
p._____.

IV. Pagtataya:

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong sa Natutunan Mo. LM. p._____.

V. Takdang Aralin

Magsaliksik tungkol sa mga pangkasalukuyang pinunong-bayan sa inyong lalawigan. Gumawa ng tsart na nagpapakita ng mga pangalan ng pinunong-bayan, taon ng panunungkulan at mga nisagawa at isinasagang proyekto.

ARALIN 11: Mga Tungkulin at Pananagutan ng mga Namumuno sa Aking Lalawigan

Takdang Panahon: 2-3 na araw

I. Layunin:

1. Natukoy ang mga tungkulin at pananagutan ng mga namumuno sa mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon
2. Naipapahayag ang saloobin tungkol sa pagganap ng mga namumuno sa kanilang tungkulin upang matugunan ang pangangailangan ng mga ksapi ng kanilang lalawigan sa kinabibilangan rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Mga Namumuno sa Aking Lalawigan
Kagamitan: Tsart
Sanggunian: K to 12, AP3EAP-IVf-11

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral. Bigyan ng situwasyon ang bawat pangkat at ipasadula ang mga pangyayari.

Nagpatawag ang barangay kapitan ng Pangkalahatang Pulong ng Barangay (General Assembly). Layon ng Barangay Kapitan na magkaroon ng kaayusan sa buong barangay. Ang bawat pangkat ay magbibigay ng sariling mungkahi tungkol sa mga sumusunod na situwasyon.

Situwasyon 1- May napansin na pagdumi ng mga lansangan dahil sa walang pakondangang pagtatapon ng mga basura sa lansangan. May ilang sektor na nagkampanya sa kalinisan.

Situwasyon 2- May nagtotroso sa kagubatan ng lalawigan. kapansin pansin na tila numinipis ang kagubatan kung kaya naalarma ang ilang mga mamamayan ng barangay. Iminungkahi na magsagawa ng reforestation o pagtatanim ng mga binhi upang mapalitan ang mga naputol na punong kahoy.

Situwasyon 3- Sa sentrong bayan ay nabigyan ng lisensya ang maraming tricycle na magbyahe sa mga sentro.

Napapansin na tila nagkakaroon ng polusyon sa hangin sa mga lugar kung saan nagbibiyahe ang mga tricycle.

Iminungkahi na magkaroon ng kampanya upang mabawasan ang pagdumi ng hangin.

Situwasyon 4- Dumulog ang ilang mamamayang may pagpapahalaga sa kapayapaan ng barangay. Napansin kasi nila na tila dumadami ang mga dumarayo sa barangay na hindi na nila kilala. Nagmungkahi sila na upang maiwasan ang anumang kaguluhan, magkaroon ng mas maraming tanod sa barangay na mag-ikot sa mga lansangan.

2. Talakayin ang mga situwasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanong:
 - Bakit nagpatawag ang barangay kapitan ng Gen Assembly?
 - Ano ang mga nagawa dahil nagpatawag siya ng assembly?
 - Sa palagay mo, magkakaroon ng mga mungkahing solusyon kung walang barangay kapitan na magtatawag ng mga tao sa barangay?
 - Bakit mo naman nasabi ito?
 - Anong kahalagahan ng pamahalaan na ipinakikita ng dula?

B. Paglinang:

1. Pagpapangkatin ang mga mag-aaral sa apat (4). Ang bawat pangkat ay magtatalakay sa mga iba't ibang namumuno sa kanilang lalawigan. Ibigay sa bawat pangkat ang mga datos o impormasyon ukol sa mga namumuno sa lalawigan.
2. Ipasulat ang mga mag-aaral ng isang talata tungkol sa mga papel na ginagampanan ng mga pinuno ng lalawigan.
3. Ituon ang kanilang pansin sa mga Gawain A, B & C LM p. _____. Ipaliwanag ang mga panuto.

Gawain A

- Pangkatin ang mag-aaral at ibigay ang panuto.
- Ipagawa ang itinakda sa bawat pangkat.
- Bigyang diin ang mga tungkulin ng mga namumuno.

Gawain B

- Bigyan ng sagutang papel ang bawat pangkat.
- Ipaliwanag ang panuto sa bawat pangkat.
- Bigyang diin ang mga palagay nila at nakikita nila ginagawa ng namumuno sa lokal na pamahalaan.

Gawain C

- Bigyan ng sagutang papel ang bawat pangkat.
- Ipaliwanag ang panuto sa bawat pangkat.

Paglalahat

Bigyan diin ang mga konsepto sa Tandaan Mo. LM. p._____.

IV. **Pagtataya:**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong sa Natutunan Mo LM.
p._____.

V. **Takdang Aralin**

Magsaliksik tungkol sa mga pangkasalukuyang pinunong-bayan sa inyong lalawigan. Gumawa ng tsart na nagpapakita ng mga pangalan ng pinunong-bayan, taon ng panunungkulan at mga nisagawa at isinasagang proyekto.

DRAFT
April 10, 2014

ARALIN 12: Paraan ng Pagpili ng Pinuno ng Lalawigan

Takdang Panahon: 1-2 na araw

I. Layunin:

1. Nautukoy ang paraan ng pagpili ng mga namumuno sa lalawigan/lungsod
2. Nakapagbibigay ang sariling saloobin sa ninanais na pamumuno sa kinabibilangang lalawigan/lungsod

II. Paksang Aralin:

Paksa: Paraan ng Pagpili ng Pinuno ng Lalawigan

Kagamitan: Teksto ng RA 7166, Gamit sa halalan

Sanggunian: K to 12, AP3EAP-IVg-12

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Hikayatin ang mga mag-aaral sa pagbalik-tananw sa mga halalang nagaganap sa kanilang paaralan. Halimbawa: SPG election: Ipasalaysay ang ilang kaganapan sa halalan sa kanilang paaralan.

Itanong:

- Bakit may halalan sa ating paaralan?
- Ano-ano ang mga kaganapan sa paaralan kapag may halalan?

B. Paglinang:

1. Ipasadula ang halalan sa loob ng silid-aralan. Pangkatin ang mga mag-aaral sa dalawa. Pumili ng mga bata para magsilbing COMELEC.
2. Ibigay ang mga panuntunan sa pagsagawa ng gawain.
 - Gawan ng pangalan ng iyong partido
 - Pumili ng mga kandidato (sundin ang komposisyong ng mga namumuno sa mga alalawigan)
 - Magsagawa ng pangangampanya.
 - Pagpili ng mga kandidato sa pamamagitan ng pagboto
 - Pagbibilang ng mga boto
 - Proklamasyon sa mga nanalong kandidato

Itanong:

- Ano ang nararamdaman ninyo sa dula-dulaan?
 - Bakit mahalaga ang halalan sa pagpili ng mga namumuno?
 - Sino-sino ang namamahala sa halalan?
3. Ipabasa ang ilang probisyon ng batas batay sa Republic Act no. 7166 o batas para sa sabay-sabay na halalang nasyonal at lokal. Sumangguni sa Gawain 2 sa LM p. _____
4. Ipatalakay sa pamamagitan ng pagpapangkat ang mga batas na ito. Gumawa ng apat (4) na pangkat. Ipaulat ang ginawang pagtatalakay.

Itanong:

- Ano ang mga batas na nagtatakda ng mga patakaran sa pagpili ng mga namumuno sa lalawigan?
 - Anong paghahanda ang dapat ginagawa bago ang pagpili ng mga pinuno?
 - May parusa ba para sa mga hindi nagsunod sa mga batas na ito?
5. Ipagawa sa mga bata ang kanilang "reflection" tungkol sa halalan ng kanilang lalawigan.

Itanong:

- Anong uri ng halalan meron ang inyong lalawigan?
- Lahat ba ay may karapatan na bumoto at pumili ng mga pinuno?
- May alam ba kayong bansa na hindi lahat pwedeng bumoto?

Paglalahat

Ipaliwanag na sa demokrasya, lahat ng Pilipino ay may karapatang pumili ng sariling pinuno. Ang lokal na mamumuno ay inihahalal ng mga nakarehistrong Pilipino tuwing tatlong taon.

Pabigyang diin ang mga pangunahing konsepto sa **Tandaan Mo.** LM. p._____.

IV. **Pagtataya:**

Ipasagot ang **Natutuhan Ko** LM p.____.

1. Pagtatambal:

Pagtambalin ang Hanay A at B. Isulat ang titik sa sagutang papel

Hanay A	Hanay B
____ Pinakamataas na pinuno ng lalawigan	A. P3.00
____ Taong gulang para makaboto Balota	B. Pagsulat sa
____ Bilang ng araw sa kampanya	C. Gobernador
____ Paraan ng pagpili ng pinuno pataas	D. 18 y.o.
____ Gasto para sa bawat botante	E. 45 araw

2. Pagsulat ng Talata

Sumulat ng isang talata tungkol sa maayos na paraan sa pagpili ng mga pinuno ng lalawigan

V. **Takdang Gawain:**

Isulat ang mga pangalan ng mga bagong halal na pinuno sa inyong lalawigan. Magsulat ng isa o dalawang proyektong ipinatupad sa inyong lalawigan.

April 10, 2014

ARALIN 13: Kahalagahan ng Pamahalaan sa bawat lalawigan sa kibabibilangang Rehiyon

Takdang Panahon: 3-4 na araw

I. Layunin:

1. naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan sa bawat lalawigan sa kinabibilangang rehiyon.
2. nakasusulat ng maikling sanaysay tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan sa bawat lalawigan sa kinabibilangang rehiyon

II. Paksang Aralin:

Paksa: Kahalagahan ng pamahalaan sa Bawat lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon
 Kagamitan: Mga Larawan, tsart, Puzzle
 Sanggunian: K to 12, **AP3EAP - IVg-13**

III. Pamamaraan:

A. Panimula:

1. Pasagutan ang puzzle. Ipahanap sa mga bata ang mga salita na kaugnay ng mga naiibigay ng pamahalaan sa mga mamamayan. Ipasulat ang mga nahanap na salita sa pisara.

T	K	A	P	R	O	T	E	K	S	Y	O	N	E	N
G	A	S	G	U	W	F	E	U	O	P	S	E	A	S
K	L	Q	R	G	U	I	P	D	K	V	N	E	J	Y
L	A	P	A	G	L	I	L	I	N	G	K	O	D	F
D	Y	E	H	X	O	Z	H	N	U	L	O	P	D	V
P	A	N	G	A	N	G	A	I	L	A	N	G	A	N
G	A	D	H	R	G	W	I	D	A	L	C	R	N	D
N	N	D	H	E	U	O	O	E	X	H	T	A	H	H
A	U	H	E	S	E	G	U	R	I	D	A	D	H	L

Mga clue:

1. Anong **K** ang tinatamasa ng mga tao upang sila ay maging malaya.
2. Anong **P** ang ibinibigay ng pamahalaan sa mga tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan.
3. Anong **P** ang ibinibigay ng pamahalaan sa mga tao upang maipagtaggol sila sa mga kriminal.
4. Anong **S** ang ibinibigay ng pamahalaan sa mga tao upang maging panatag ang kanilang kalooban.
5. Anong **P** ang araw-araw na kailangan ng mga tao sa kanilang pamumuhay.

2. Magkaroon ng "brainstorming" tungkol sa mga nahanap na salita.

Itanong:

- Ano ang kaugnayan ng mga salitang inyong nakita sa pagkakaroon ng pamahalaan sa lalawigan?
3. Tanggapin ang mga kasagutan at iugnay sa aralin.

B. **Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa **Alamin Mo. p. ____**
2. Ipabasa sa mga bata ang tulang "Pamahalaan ay Mahalaga" ni Godfrey D. Rutaquio.
Talasalitaan:
 - *Timon*- naggagabay sa direksyon tatahakin ng isang bangka.

PAMAHALAAN AY MAHALAGA
Ang pamahalaan, timon ang katulad
Kung wala ito'y saan mapapadpad
Anong direksyon ng mamamayan
Sino ang gagabay, tao'y hiwa-hiwalay

Ang pamahalaan na siyang namumuno
Sa lahat ng sulok, sa lahat ng dako
Siyang mangunguna sa mga programa
Sa pag-unlad at pagkalinga

Ang taumbayan ang tatamasa
Ng paglilingkod at ginhawa
Tulad ng edukasyon, kalusugan at proteksyon
Seguridad, kalayaan at iba pa

Pamahalaan din ang nangangalaga
Sa kapakanan ng bata man o matanda
Kabuhayan ay pinagaganda
Mula sa tulong teknikal at imprastruktura

Kung mawawala ang pamahalaan
Paano na kaya taumbayan
Upang pangalagaan ang karapatan
At pag-unlad ng bayan ay makamtan.

Sinulat ni Godfrey D. Rutaquio
Macnit Elementary School, Polillo District

Talakayin ang tula sa pamamagitan ng sumusunod na tanong:

1. Bakit Mayroon tayong pamahalaan?
2. Ano ang tungkulin ng pamahalaan para sa mamamayan?
3. Mahalaga ba ang mga paglilingkod na ibinibigay ng pamahalaan sa mamamayan? Ano ang maaaring implikasyon nito sa kaunlaran?
4. Kung wala ang pamahalaan, ano kaya ang pwedeng mangyari sa mamamayan at sa bayan o lalawigan?
5. Ano-ano kaya ang naiibigay ng pamahalaan sa mga mamamayan? Hanapin sa puzzle ang mga salita na maaaring sumagot sa mga tanong sa ibaba. Isulat ang mga salita sa sagutang papel na inyong nakita sa puzzle.

3. Ituon ang pansin ng mga mag-aaral sa Tuklasin Mo LM p._____. Pasagutan ang mga sumusunod na tanong sa sagutang papel.
4. Talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat bilang.
5. Ituon ang talakayan sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan sa lalawigan o rehiyon.
6. Ipagawa ang mga Gawin Mo LM p._____. Ipaliwanag ang mga panuto sa bawat gawain.

Gawain A

- Pangkatin ang mga mag-aaral at bigyan ng manila paper.
- Magkaroon ng "brainstorming" tungkol sa mga dahilan ng pagbibigay serbisyo ng pamahalaan.
- Bigyang diin ang lamang ng poster ay sumasagot sa tanong na:
 - Ano ano ang mga ginagawa ng pamahalaan para sa mga kasapi ng lalawigan?
 - Ano ang nagiging epekto nito sa pamumuhay ng mga tao?

Gawain B

- Bigyan ng manila paper at panulat ang bawat pangkat.
- Ipaliwanag ang dapat gawin ng mga mag-aaral.
- Gabayan ang mga mag-aaral kapag nahirapang unawain ang mga situwasyon.
- Maaring gawing indibiduwal na gawain.

Gawain C

- magpasulat ng isang sanaysay na may 5 pangungusap tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan sa lalawigan.

7. Bigyang diin ang mga kaisipan na nasa **Tandaan Mo** LM p._____.

IV. **Pagtataya:**

Pasagutan ang nasa **Natutuhan Ko** LM p._____.

V. **Takdang Gawain:**

Sagutin ang gabay na tanong:

"Bilang isang bata, paano mo maipapakikita ang pagpapahalaga sa pamahalaan ng iyong lalawigan o rehiyon?"
Maaring ihayag ang sagot ng mga bata sa iba't-ibang malikhaing paraan tulad ng: Tula, sanaysay, Poster, Awit o rap, Picture collage

Aralin 14- Paglilingkod ng Pamahalaan sa mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon

Takdang Panahon: 6 na Araw

I. Layunin

1. Naiisa-isa ang mga paglilingkod ng pamahalaan ng mga lalawigan sa mga kasapi nito;
2. Naipapakita ang paglilingkod ng pamahalaan ng mga lalawigan sa mga kasapi nito sa malikhaing paraan; at
3. Naipakikita ng pagpapahalaga sa mga paglilingkod ng pamahalaan sa mga lalawigan sa mga kasapi nito.

II. Paksang Aralin

Paksa: Mga Paglilingkod ng Pamahalaan ng mga Lalawigan

Kagamitan: short bond papers, krayola, task cards, mga larawan, tsart ng iba't ibang "graphic organizers"

Sanggunian: K to 12 , AP3EAP-IVg-14

III. Pamamaraan

A. Panimula

Magpapakita ng mga larawan ng iba't ibang paglilingkod ng pamahalaan.

Itanong:

- Ano ang ipinakikita ng bawat larawan?
- Ano ang tawag natin sa mga ito?
- Sino ang nagbibigay ng mga paglilingkod na ito sa ating mamamayan?

B. Paglinang

Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng pag-awit sa himig na makikita sa "**Alamin Mo.**"

Itanong:

- Ano ang nilalaman ng awit?
- Bakit mahalaga ang paglilingkod na ibinibigay ng pamahalaan ng mga lalawigan sa mga kasapi nito?

Pangkatin sa anim ang mga mag-aaral. Ibigay ang "task card" sa bawat pangkat. Sundin ang mga panutong nakasulat sa mga gawaing nasa "task card."

TASK CARD PARA SA PANGKAT A

PAKSA: LIBRENG EDUKASYON

Mga Gawain:

1. Magbrainstorming ukol sa babasahin sa libreng edukasyon.
2. Gumawa ng "ladder chart." Isulat ang mga halimbawa ng paglilingkod na nauukol sa libreng edukasyon
3. Maghanda para sa pag-uulat.

Babasahin: Libreng Edukasyon

Ang ating pamahalaan ay may mga ibinibigay na paglilingkod sa larangan ng edukasyon sa ating mamamayan. Ang mga halimbawa nito ay

- * pagpapatayo ng mga pampublikong paaralan
- * pagbibigay ng libreng pag-aaral
- * pagkakaroon ng "SPED Centers" para sa mga batang may matatalino at may kapansanan
- * pagkakaroon ng "Alternative Learning System" para sa mga mag-aaral na hindi makapasok nang regular sa paaralan
- * pagpapahiram ng mga aklat sa mag-aaral
- * pagbibigay ng "scholarship" para sa mahihirap na bata ngunit matatalino
- * pagbibigay ng mga pagsasanay at seminars sa mga guro.

Mahalaga ang mga nasabing paglilingkod dahil nagsisikap ang bawat mag-aaral ng maging matagumpay sa hinaharap.



MASASAYANG MAMAMAYAN



1.

2.

3.

4.

MGA PAGLILINKOD NG PAMAHALAAN SA LIBRENG EDUKASYON

TASK CARD PARA SA PANGKAT B

PAKSA: PAGLILINGKOD PANGKALUSUGAN

Mga Gawain:

1. Magbrainstorming ukol sa babasahin .
2. Gumawa ng "caravan map." Isulat ang mga halimbawa ng paglilingkod pangkalusugan.
3. Maghanda para sa pag-uulat.

Babasahin: PAGLILINGKOD PANGKALUSUGAN

Ang ating pamahalaan ay may mga ibinibigay na paglilingkod pangkalusugan sa ating mamamayan tulad ng

- pagpapatayo ng pampublikong ospital at "health centers,"
- pagbibigay ng ng libreng gamot at bakuna
- pagbibigay ng "family planning seminar."
- pagbibigay ng impormasyon sa mga pagkaing dapat kainin at hindi dapat kainin
- pagpapatupad ng "Clean and Green Project"

Mahalaga ang mga nasabing paglilingkod dahil mapapanatiling malusog ang bawat mamamayan at mapananatili ang kalinisan ng kapaligiran upang maiwasan ang mga sakit at karamdaman.

1.

2.

3.

4.

PAGLILINGKOD PANGKALUSUGAN

○ ○ ○ ○ ○ ○ ○ ○

TASK CARD PARA SA PANGKAT C

PAKSA: PROTEKSYON SA BUHAY AT ARI-ARIAN

Mga Gawain:

1. Magbrainstorming ukol sa babasahin.
2. Gumawa ng "cloud map." Isulat ang mga halimbawa ng paglilingkod ng pamahalaan sa proteksyon ng buhay at ari-arian.
3. Maghanda para sa pag-uulat.





Babasahin: Proteksyon sa Buhay at Ari-Arian

Ang ating pamahalaan ay may mga ibinibigay na paglilingkod upang mabantayan ang kaligtasan ng bawat mamamayan tulad ng sumusunod:

- paghuli sa mga kriminal
- pagtulong sa mga taong nasunugan
- pagbibigay ng impormasyon tuwing may bagyong darating
- pagpapanatili ng kaayusan sa daloy ng trapiko.

Mahalaga ang mga nasabing paglilingkod dahil nagkakaroon ng seguridad, kaayusan at kapayapaan sa isang lalawigan.

PROTEKSYON SA BUHAY AT ARI-ARIAN



TASK CARD PARA SA PANGKAT D

PAKSA: PAGLILINGKOD PANLIPUNAN

Mga Gawain:


1. Magbrainstorming ukol sa babasahin.
2. Gumawa ng "shape web." Isulat ang mga halimbawa ng paglilingkod panlipunan.
3. Maghanda para sa pag-uulat.

Babasahin: Paglilingkod Panlipunan

Ang ating pamahalaan ay may mga ibinibigay na paglilingkod sa lipunan tulad ng:

- pagkalinga sa mga ulila at matatandang inabandona o iniwanan
- pagtulong sa mga biktima ng kalamidad tulad ng bagyo
- libreng pabahay para sa mga pamilyang walang matirhan
- pagbibigay ng abogado para sa mga taong naparusahan ngunit walang kasalanan
- pagsasaayos ng mga sirang kalsada at tulay

Mahalaga ang mga nasabing paglilingkod dahil natutulungan ang mga taong nangangailangan ng kalinga ng pamahalaan.



TASK CARD PARA SA PANGKAT E

PAKSA: PAGLILINGKOD PANGKABUHAYAN

Mga Gawain:


1. Magbrainstorming ukol sa babasahin.
2. Gumawa ng "bubble web." Isulat ang mga halimbawa ng paglilingkod pangkabuhayan.
3. Maghanda para sa pag-uulat.

Babasahin: Paglilingkod Pangkabuhayan

Ang ating pamahalaan ay may mga ibinibigay na paglilingkod sa kabuhayan ng mamamayan tulad ng:

- pagpapahiram ng puhunan sa mga negosyante
- pagpapatayo ng bangkong maaaring pag-impukan ng salapi
- pagkakaroon ng "insurance company" para sa seguridad ng mga kawani at manggagawa sa hinaharap.

kabuhayan ng mga taong nais umunlad ang pamumuhay.



3. Ipaulat sa bawat pangkat ang kanilang ginawa. Maaaring dalawa o tatlong grupo lamang ang mag-uulat sa isang araw depende sa kakayahan ng mga mag-aaral.
4. Pagkatapos ng pag-uulat, tatalakayin ang bawat paksa.

Itanong:

- Ano-ano ang gawaing nakapaloob sa uri ng paglilingkod na inyong nabasa?
 - Sino-sino ang mga taong tumutulong upang maisaga ang mga gawaing ito?
 - Bakit mahalaga ang paglilingkod na ito?
5. Ipagawa ang mga Gawain A, B & C LM p. _____. Ipaliwanag ang mga panuto ng bawat isang gawain.

Gawain A

- Pangkatin ang mga mag-aaral at bigyan ng manila paper.
- Magkaroon ng "brainstorming" tungkol sa mga dahilan ng pagbibigay serbisyo ng pamahalaan.
- Itanong: Bakit nagbibigay ng serbisyong pangkapayapaan ang pamahalaan? Ano ang pangangailangan ng mga nasasakupan nito?

Gawain B


- Bigyan ng manila paper at panulat ang bawat pangkat.
- Ipaliwanag ang dapat gawin ng mga mag-aaral.
- Gabayan ang mga mag-aaral kapag nahirapang unawain ang mga situwasyon.
- Maaring gawing indibiduwal na gawain.

Gawain C

- Magkaroon ng debate tungkol sa pagganap ng tungkulin ng lokal na pamahalaan.
- Ipaliwanag muna sa mga mag-aaral ang proseso ng debate. "Ang debate ay isang pagtatalo na may dalawang panig. Ang bawat panig ay may panahon na sabihin ang kanilang pinupunto sa takdang oras. Pag natapos na magsabi ang isa panig, ang kabilang panig naman ang magsasalita. May takdang oras din ito magsabi.

- Magtalaga ng isang bata bilang isang tagapamagitan. Gawing salitan ang pagbibigay sa bawat panig ng pagkakataon na mangatwiran. Pagkatapos ng debate, magkaroon ng ebalwasyon at bigyang dii sa takdang n ang mga kaisipan tungkol sa kahalagahan ng pamahalaan

6. Bigyang diin ang mga kaisipang matatagpuan sa "Tandaan Mo LM p.____"




IV. Pagtataya

Pasagutan ang "Natutunan Ko."

V. Takdang - Aralin

Isulat sa sagutang papel ang mga tungkulin ng mga naglilingkod sa lokal na pamahalaan batay sa mga serbisyo nito sa mga nasasakupan ng lalawigan o lungsod.



**Aralin 15- Pakikilahok sa Mga Proyekto ng Pamahalaan
ng mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon**

Takdang Araw: 2 Araw

I. Layunin

1. Natutukoy ang ilang proyekto ng pamahalaan ng mga lalawigan sa kinabibilangang rehiyon
2. Naipakikita ang pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan ng sariling lalawigan sa malikhaing pamamaraan.

II. Paksang Aralin

Paksa: Iba't Ibang Paraan ng Pakikiisa sa mga Proyekto ng Pamahalaan ng mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Kagamitan:

Sanggunian: K to 12 - AP3EAP-IVh-15

III. Pamamaraan

A. Panimula

1. Warm Up: TUMAYO kung dapat gawin at UMUPO kung hindi dapat gawin ang sasabihin ng guro.

- Sumali sa mga paligsahan sa paaralan
- Magputol ng mga maliit na puno
- Pumunta sa "health center" para sa libreng pagpapagamot
- Lumiban sa klase kung may palatuntunan sa paaralan
- Makiisa sa Brigada eskwela
- Magbigay ng tulong para sa mga nasalanta ng bagyo

Itanong:

- Kailangan bang makiisa sa mga proyektong ipinatutupad ng pamahalaan? Bakit?

B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng pagbasa ng isang dayalogo sa " Alamin Mo LM p.____"

Itanong:

- Ano –ano ang paraan ng pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan?
 - Ano ang mangyayari kung hindi makikiisa ang bawat mamamayan sa mga proyekto ng pamahalaan?
2. Ipasagutan ang Gawain A LM p. ____ tungkol sa mga proyekto ng pamahalaan. Sagutan ng indibiduwal ang gawain.
 3. Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Ipakita ng mga bata sa mga kasamahan nila sa pangkat ang kanilang nagawa sa Gawain A. Itala ang mga proyekto isinulat ng kaklase. Magkaroon ng pag-uulat tungkol sa lahat ng proyekto ibinigy ng mga kasapi ng pangkat.
 4. Talakayin ang bawat proyekto sa inyong lalawigan at kung paano ninyo maipakikita ang inyong pagsuporta o paglahok sa mga proyektong ito.
 5. Ipagawa at talakayin ang mga paraan ng pakikiisa sa Gawain B LM p.____.
 6. Ipagawa ang Gawain C LM p.____. Sumulat 1-2 talata tungkol sa sariling saloobin at mga paraan ng pakikiisa sa mga proyekto ng lalawigan. Maaring isulat na pamagat ang nasa ibaba: *"Ang Aking Pakikiisa sa mga Proyekto ng Pamahalaan."*
 7. Bigyan ng puntos batay sa rubrics sa ibaba.

Rubric sa Pagbibigay ng Puntos

Batayan	5 puntos	4 puntos	3 puntos	2 puntos	1 puntos
Nilalaman	Tama at napakaganda ng nilalaman ng talata	Tama at maganda ang nilalaman ng talata.	Medyo tama at medyo maganda ang nilalaman ng talata.	Hindi gaanong tama at maganda ang nilalaman ng talata.	Hindi tama at hindi maganda ang nilalaman ng talata.
Organisasyon	Napakaayos ng pagkakasunod sunod	Maayos ang pagkakasunod sunod	Medyo maayos ang pagkakasunod	Hindi gaanong maayos ang	Hindi maayos ang pagkakasunod

	ng mga pangungusap.	ng mga pangungusap.	od sunod ng mga pangungusap.	pagkakasunod sunod ng mga pangungusap.	od sunod ng mga pangungusap.
Kalinisan	Napakalinis ng pagkakasulat ng talata.	Malinis ang pagkakasulat ng talata.	Medyo malinis ang pagkakasulat ng talata.	Hindi gaanong malinis ang pagkakasulat ng talata.	Hindi malinis ang pagkakasulat ng talata.

8. Bigyang diin ang mga kaisipan sa "Tandaan Mo LM p. _____."

IV. Pagtataya

Pasagutan ang "Natutunan KoLM p._____."

V. Takdang - Aralin

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ipinakikita ang pakikiisa sa proyekto ng pamahalaan at ekis (x) kung hindi.

- ___ 1. Sasabihin ko sa magulang ko na tumulong sa "Brigada Eskwela"
- ___ 2. Susunod ako sa mga batas trapiko.
- ___ 3. Liliban ako sa klase tuwing Buwan ng Nutrisyon.
- ___ 4. Aasa ako sa mga taong maglilinis ng tapat n gaming bahay.
- ___ 5. Makikiisa ako sa pagtanim ng puno sa aming barangay.

Aralin 16 - Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Takdang Araw: 2 Araw

I. Layunin

1. makapagtalakay ng mga proyekto ng namumuno sa kinabibilangang lalawigan na nakakabuti sa lalawigan
2. makapagpakita ang gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon sa pamamagitan ng iba't ibang sining.

II. Paksang Aralin

Paksa: Pakikibahagi sa Pag-unlad ng Sariling Lalawigan at Kinabibilangang Rehiyon


Kagamitan: mga proyekto ng lalawigan

Sanggunian: K to 12 - **AP3EAP-IVj-176**

III. Pamamaraan

A. Panimula

1. Palaro: Ipapasa ng mga bata ang kahon o bola . Sa pagtigil ng musika sa radio, Sagutin ang tanong ng guro.
Anong proyekto sa barangay o lalawigan ang inyong nasalihan?
2. Pagmasdan ang mga larawan.



A- <http://ts2.mm.bing.net/th?id=H.4584393439774545&pid=15.1>

B- <http://ts1.mm.bing.net/th?id=H.4686197038973304&pid=15.1>

C - http://3.bp.blogspot.com/w9XO9zBePXE/TGPOKX-A61l/AAAAAAACWk/vyXEcl5iMus/s1600/cuts_cartoon.jpg

Itanong:

- Ano ang ipinahihiwatig sa larawan A, B at C?
- Makatutulong ba ang mga gawaing ito sa kaunlaran ng bayan?
- Paano maipapakita na kabahagi ka ng isang lalawigan?

B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng pag "brainstorm" ng sagot sa tanong sa Alamin Mo LM p.____. Upang maging masaya, pangkatin ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsama sama ng mga batang may kaparehong sinalihan na mga proyekto ng barangay o lalawigan. halimbawa: mga nag "tree planting", "CLEAN UP DRIVE", sumali sa street dancing ng piyesta, at iba pa.
2. Itala ang pinakamaraming proyektong sinalihan ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Tanungin ang kanilang pakiramdam sa pagsali sa proyekto. Naramdaman ba nila na sila ay kabahagi ng lalawigan? Bakit ninyo nasabi ito?
3. Maghanda ng isang newspaper clip tungkol sa proyekto ng lalawigan. Talakayin ito kasama ng mga mag-aaral. Isulat ang naging layunin ng mga proyektong ito. Sa paanong paraan nakatutulong ang mga proyektong ito sa pag-unlad ng lalawigan.
4. Ipabasa ang Tuklasin Mo LM p.____. Talakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga sumunod na tanong.
5. Ipagawa ang Gawin Mo LM p.____. Ipaliwanag ang mga panuto sa bawat Gawain.
6. Ang mga bata ay susulat ng iba pang gawaing nakatutulong tungo sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan sa kinabibilangang rehiyon. Pupunan nila ng sagot ang "concept map."
7. Talakayin ang mga gawain kung paano nakatutulong ang mga ito sa sariling lalawigan.
8. Bigyang diin ang mga kaisipang matatagpuan sa "Tandaan Mo."

IV. Pagtataya

Pasagutan ang "Natutunan Ko."

V. Takdang – Aralin

Makipag-usap sa iyong kapitbahay. Itanong kung anong mga gawain ang sa palagay niyang nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan. Magtala ng limang gawain.